Madalas magtaka ang mga kaibigan ko noong noon. Bakit daw ba parang hindi ako mapalagay nang husto sa tuwing lalabas kami at magliliwaliw? Kahit legal naman sa magulang ang lakad, tila kalkulado pa rin ang kada hakbang at kilos ko na para bang inabutuan ng tawag ng kalikasan sa maling lugar at panahon. Simple lang naman ang dahilan: Dating nagtrabaho bilang private investigator o PI ang nanay ko.

Matalas ang paningin ni Mama. Gabi man o umaga, alam kong di basta-basta ang kayang abutin at tagusin ng kaniyang mga mata. Hindi siya matatakasan. Sa katunayan, malayo pa lang, kita niya na ako lalo kung kami'y magkakasalubong sa mga kalsada ng Antipolo noon. Wala akong ligtas, kahit makapal ang tao sa bayan; tiyak na mamamataan niya ako at agad mamumukhaan, saka siya sisigaw ng, “Anak!” Ayun, wala nang urungan.

Ang totoo, kahit ibang mga kakilala niya'y walang kawala. Hindi uso ang mga klasikong paraan ng pag-iwas sa kaniya, kaya iyong mga may atraso sa kaniya'y ni hindi makapagtago. Isa pa, kung subukan man nila, tiyak na matutunton at matutunton pa rin naman sila ng nanay ko.

Maging ang kaniyang pandinig at pang-amoy ay matindi rin. Kahit may sarili na akong cellphone noong high school, at kahit pa nauso ang tawagan lalo noong may unlimited calls na, hinding-hindi ako tumatanggap ng tawag maliban na lang kung importante ito. Pakiramdam ko kasi, kahit nasa ibang kuwarto ako sa bahay namin, maririnig at maririnig niya ang usapan. Kahit mga kuwentuhan naming magkakapatid, kalkulado rin dala ng takot na baka may masabi kaming kung ano't ikainis niya pa. Ramdam pa naman naming madali siyang makarinig ng kung ano-ano sa bahay.

"Ano iyo'ng pinag-uusapan niyo?" Ganito parati ang tanong nya sa amin. Parang walang laman kung ito'y iiispin, pero minsan, ang dating nito sa akin ay para bang sinusubok nya lang kami kung iba ang isasagot namin kumpara sa mismong paksang narinig nya.

Noong sa bahay pa niya ako nakatira, parati ring tumitigil ang tibok ng puso ko sa tuwing iniinspeksyon nya ang mga hinubad kong damit bago pa man sila labhan. Hindi ako mapakali habang marahan niyang inaaalis sa pagkakabutones ang mga uniporme at dinudukot ang mga bulsa ng mga blusa't palda para siguraduhing walang anumang bagay ang naiwan sa mga ito. Mas lalong tumitindi ang kaba sa tuwing inaanmoy-amoy nya ang mga singit-singit ng mga damit. Alam kong inaalaman nya lang ang tindi ng dumi sa mga damit, pero dahil sa dati niyang trabaho, hindi talaga ako makalma. Pakiramdam ko, kahit wala akong kasalanan, may kung ano siyang mapupuna at sasaalalim na lang ako bigla sa isang interogasyon. Baka nga isalang pa ako sa lie detector test!

\*

Marami na akong narinig na kuwento ni Mama tungkol sa dati niyang trabaho, lalo pa't ilan sa mga kasamahan nya noon ay mga ninong at ninang ko. Nakilala ko na rin sa personal ang iba pa nilang mga kasamahan. Dahil sa mga binahagi nilang istorya sa akin, nalaman ko kung gaano katindi ang kanilang preparasyon para sa mga misyon. Kahit si Mama na kilala bilang matangkad na siga noon pa man, hindi nagpapahuli pagdating sa damitan sa tuwing may undercover missions sila noon. Siyempre, kailangan din nila ang acting skills.

Madalas ko ring mapakinggan ang mga kuwento tungkol sa pakikipagtaguan at habulan nila sa kanilang mga sinusundan o subject. Karamihan sa mga ito ay mga lalaking pinasusundan ng kanilang mga misis para makumpirma kung nambababae nga ba talaga. Kung totoo man, pakukunan sila ng litrato o anumang ebidensiya para may pruweba silang maaaring dalhin sa korte, sakaling maisipang magsampa ng kaso.

Sa motel ang karaniwang assignment ni Mama. Madalas pa, may kasama siyang katrabahong lalaki para kunwari ay magse-sexy time lang din at hindi paghinalaan ng sinusundan. Sa loob ng kuwartong karaniwa'y katabi lang ng kinaroroongan ng subject, tumatambay sila at sinusubukang pakinggan

ang usapan ng subject at ng kasama nito. Kung gaano man sila katagal sa loob, dapat antayin sila ni Mama at kung sinumang kasama niya. Maging ang pag-alis nila, kailangang abangan. Hindi puwedeng makatakas ang subject kaya kung kinakailangan, handa sila Mama na makipaghabulan.

Kung minsan naman, doon sila tumatambay sa loob lang ng kotseng nakaparada malapit sa kinaroroongan ng tinitikitikan nila. Stake out ang tawag dito, at karaniwang inaabot sila ng madaling araw o umaga sa paghihintay. Kaya na lang, kung minsan ay tumatagal nang husto ang ganitong mga lakad. Hindi naman sila puwedeng masyadong mawili sa kuwentuhan at iba pang gawain dahil bawal malingat. Baka matakasan sila ng sinusundan. Kailangan, matindi pa rin ang pokus sa trabaho. Kailangang labanan ang pagkabagot at antok. Dapat din, alisto para kung biglang may takbuhan, makahabol pa rin sila.

Ang paborito kong kuwento ng nanay ko ay iyong isang beses na muntikan na siyang mabuking sa misyon. Kailangan niyang makumpirma kung totoong ibinahay na ng subject ang kabit niya at ang tanging paraan lang para magawa ito ay ang pasukin ang bahay na kaniyang kinaroroongan. Bago pa lang daw si Mama sa trabaho noon, kaya kabado pa. Pero ano pa nga ba ang magagawa niya? Wala nang atrasan!

“Tao po!” Sigaw ni Mama habang kumakatok sa pinto, medyo manginig-nginig ang boses. Grabe ang kabog ng puso niya, pero hindi niya puwedeng ipahalata. Di katagalan, binuksan ng hinihinalang kabit ng subject ang pinto.

“Ano ‘yun? Sino ka?” Busisi ng babae sa kaniya.

“Ah, survey lang po. Puwede po bang pumasok? Mainit po kasi.”

“Teka, teka.”

Dali-daling pumunta sa may pintuan ang kanilang subject, mukhang nakatunog na may nag-uusisa sa kanila.

“Sino ka?” Tinanong nito, parang nananakot.

“Survey lang po sa—”

“Survey? Ano’ng survey? Sinusundan mo ba kami?”

“Ay, hindi po. Survey lang po talaga ito.”

Takot na takot na siya sa mga oras na iyon, pero dapat chill lang siya. Kung hindi, mas mahahalata ng lalaking may kakaiba sa kaniya. ‘Yun nga lang,

mukhang ayaw patinag ng subject nila. Halatang hindi siya kumbinsidong walang ibang balak ang nanay ko. Nagalit pa nga siya sa kasama niyang babae roon sa bahay. Bakit daw siya basta-bastang nagbubukas ng pinto at nakikipag-usap sa hindi niya kilala. Baka raw kung mapaanong siya dahil sa kapabayaan.

Habang pinagalitan ng lalaki ang kasamang babae sa bahay, hindi maiwasan ni Mama na mas matakot pa. Mas lumakas ang kabog ng kaniyang dibdib at pakirandom niya, parang hihimatayin na siya sa anumang sandali. Buti na lang, nakaisip siya ng palusot.

“Ser, teka lang po, Ser. Nahihihilo po ako!” Biglang sabi ni Mama habang kina-career ang pag-aktong mahihimatay.

“Bakit? Anóng nangyayari?” Pagalit na tanong ng subject.

“Ser, may sakit po ako sa puso. Parang inaatake po ako.”

“Ha?” Hindi pa rin kumbinsido ang subject.

“Naku, ayan na nga ba ang sinasabi ko!” Bulyaw ng hinihinalang kabit ng subject. “Tama na muna ang daldal diyan. Tulungan natin siya. Baka kung mapaanong pa ‘yan, maging kargo de kunsensiya pa natin! Mahirap na!”

Nagmadali ang subject at tinulungan si Mama. Mula sa pinto, inalaylan niya ito papasok sa sala ng bahay, kung saan siya pinaupo sa isang sofa.

“Ayan, ayan, parang okey na po ako.”

“Talaga? Teka, tubig? Gusto mo?”

“A, opo! Sige po! Mainit din po kasi—”

“Sige, sandali lang,” sabi niya kay Mama, sabay baling sa kasamang lalaki. “Uy, please. Pakikuha naman siya ng tubig. Kawawa naman.”

Masama ang tingin ng lalaki sa kaniya, halatang may pagdududa pa rin. Iyon nga lang, wala na siyang magawa. Takot nga lang din yata siyang masisi kung mapahamak si Mama lalo na at nasa territoryo nila ito. Kaya iyon, ang ending, kumuha rin siya ng isang basong tubig at iniabot ito kay Mama.

“Ito na. Inom ka.”

“Salamat po,” sabay abot ng baso at tungga ng laman nitong tubig. “Ayan, mas okey na po ako. Salamat!”

Ang suwerte nga naman ng nanay ko. Di na nga nabuking, nakumpirma niya pang totoo ang hinala ng kanilang kliyenteng may ibang babae nang ibinabahay ang kaniyang asawa. Nakalibre pa siya ng tubig.

Bilib na bilib ako kay Mama dahil sa kuwentong ito. Parang pampelikula lang ang tagpo. Iyon nga lang, imbes na puro aksiyon gaya ng karaniwang mapapanood sa espionage at heist films, mas comedy ang dating nito. Mas nakatatawa pa dahil walang habas sa paghalakhak si Mama sa tuwing ikukuwento niya ito.

Dahil sa dami ng mga ganitong istoryang narinig ko noong maliit pa ako ay minsan ko ring naisip na maging tulad ng nanay ko. Parang ang astig lang! Isa pa, pakiramdam ko ay mas magiging proud siya sa akin kung susundan ko ang kaniyang mga yapak. Siguradong matutuwa rin ang aking mga ninong at ninang, pati na rin mga barkada ng tatay kong dati ring private investigator. Pero siyempre, naisip ko, bago ko pa man isiping gayahin ang propesyon ng aking mga magulang, kailangan ko muna ng matinding training. Para maging karapat-dapat sa kanilang mundo, dapat matuto muna ako ng mga kung tawagin ay ninja moves para malusutan ang mga dapat lusutan—gaya mismo ng nanay ko.

\*

Sa tuwing paaalalahanan ako ni Mama na huwag magsinungaling, kumakabog nang husto ang puso ko. Kada sasabihan niya ako'ng kayang-kaya niyang malaman ang eksakto kong lokasyon, kung sino ang tunay kong kasama, at kung ano ang aking ginagawa, ramdam na ramdam ko ang kaba. Di tulad ng ibang mga magulang, kayang-kaya niyang totohanin ang kaniyang mga banta. Para siyang isang camera na nakasakay sa isang drone at mayroong matinding zoom-in powers. Hindi rin puwedeng maliitin ang kakayanan niyang kumuha ng detalye, para bang may matinik siyang recording capability at malaking storage capacity. At siyempre, di rin biro ang kaya niyang marating! Kaya nga, iba na lang ang takot ko noong nagsimula akong gumawa ng kalokohan noong ako ay nasa kolehiyo—tulad na lang noong minsang hindi ako umuwi sa bahay para makipag-inuman at magpalipas ng gabi sa tirahan ng dati kong dine-date.

“Enjoy kayo ni Jed!” Sabi ng text message niya sa akin, ilang minuto lang ang nakalilipas matapos kong sabihing hindi ako makauuwi dahil may

tinatapos na papel para sa isang klase. Gaya nang dati, ginamit ko na namang dahilan ang kaibigan kong si Trisha dahil alam niyang nakatira ito sa loob ng unibersidad.

“Hala! Si Trisha po talaga ang kasama ko! Kung gusto niyo pumunta pa kayo rito, e.” Reply ko sa kaniya. Kunwari matapang, kahit na ang totoo'y hindi na ako mapakali. Malay ko ba, baka sinusundan na talaga ako.

Kinabukasan, tuloy pa rin ang pagpapanggap. Bukod sa pagsigurong walang kahina-hinalang amoy na kumapit sa akin damit at balat, naghanda rin ako ng mga imbellong kuwentong maaaring ibato kung sakali mang mangusisa siya sa kung ano ang ginawa ko sa bahay ni Trisha. At para siguradong walang butas ang naratibo, nagpadala rin ako ng text message sa kaibigan ko at sinabihan siya kung ano ang sasabihin kay Mama kung i-text man siya nito tungkol sa nagdaang gabi. Buti na lang, game lang ang kaibigan ko.

Pagdating sa bahay, kinailangan kong ikalma ang sarili nang hindi pagdudahan. Kaswal na kaswal ang bati ko kay Mama. Maingat ko ring tinantsa ang kuwento; hindi bitin para di pag-isipang may itinatago, at hindi rin naman sobra-sobra para hindi paghinalaang may pinagtatakpan. Mukhang epektibo naman.

O, talaga nga ba? Kahina-hinala kasi ang katahimikan niya noong mga oras na iyon; walang tanong-tanong kung ano ang nangyari sa akin, ni walang pag-uusisa kung kumusta na si Trisha. Samantalang noong mga nakaraan, walang pasubali kung siya ay magtanong. Kulang na nga lang, ipa-reenact niya ang lahat ng mga nangyari sa aming lakad. Hindi ko tuloy maiwasang magtaka kung talaga bang kumbinsido siya kaya't di mausisa o baka naman nananahimik dahil alam na niloloko ko siya at naghihintay na lang na aminin ko ang katotohanan.

Hindi ko alam, pero sa mga oras na iyon, malakas ang kutob kong nasundan na ako ng nanay ko. Malamang, nakita at narinig niya rin ang lahat ng mga kailangang makita at marinig.

Però dahil sadyang matigas ang ulo ko, hindi ko tinigilan ang paggawa ng kalokohan, lalo na noong nagsimula akong mag-part-time job. Dahil may sarili nang pera, mas may kalayaan na akong umalis sa bahay. Pinapayagan na rin akong umuwi nang gabi, lalo na at madalas naman talagang natatagalanan ako sa racket. Dahil mas malakas na ang loob, mas makapal na rin ang mukha ko pagdating sa paggawa ng kalokohan.

Sa mga panahong ito ko unang nasubukang pumasok sa motel. Bukod sa may taglay akong kalandian, curious din ako kung ano ba ang meron sa loob ng mga silid ng animong makasalanang mga gusaling ito na kung tawagin nila Mama noon ay “biglang liko” at “bahay na walang kusina.”

Di matawaran ang excitement ko noong unang makaapak sa isang motel. Sa SOGO pa iyon sa may Recto, kaya mas kakaiba ang thrill. Kaya lang, ang pagkasabik kong ito ay natalo ng kaba. Noon kasing pagpasok ko sa motel na iyon, una kong napansin ang dami ng mga taong naghihintay sa lobby. Hindi ko maiwasang mapaisip kung ilan sa mga iyon ang tunay na mga customer na naroon para sa sexy time. ‘Yung iba siguro, mga private investigator ding may sinusundang subject. Naku, baka mayroon pa sa kanilang mula sa ahensiyan pinagtrabahuan ni Mama. Lagot! Doon pa naman din nagsisilbi ang isa kong ninong. Paano kung nakatimbre pala ako sa mga tauhan nila?

Alam ko, OA ang pagkapranging ko sa mga oras na iyon, lalo nga at hindi naman ako ganoon ka-espesyal para laging sundan ng mga tao. Isa pa, walang oras ang mga gaya nilang magmasid ng hindi naman nila subject dahil ang pansi nila'y dapat nakatuon lang sa kung sino ang dapat sundan. Pero dahil guilty talaga ako dahil sa mga kasungalingan ko kay Mama, pati na rin sa mga kalokohang pinangako ko sa kaniyang hindi ko gagawin, kung ano-ano na lang talaga ang pumasok sa isip ko. Palakas nang palakas din ang dagundong sa puso ko.

Sa huli, tumuloy ako sa paggawa ng kalokohan at gumamit ng ibang rason kay Mama kung bakit hindi nakauwi. Hindi ko na maalala kung trabaho o kaibigan ang idinahilan ko. Basta ang mahalaga, nakalusot na naman ako. Hindi ginisa sa sangkatutak na mga tanong. Ni hindi niya ako tiningnan mula ulo hanggang paa na parang kung anong gamit na kinikilatis bago bilhin. Sobrang kalmado lang niya pag-uwi ko kinabukasan. Walang problema. O, talaga nga ba?

Siyempre, pagpasok ko sa kuwarto, hindi ko ulit maiwasang mangamba. Di ko maiwasang tanunin ang sarili. Talaga bang magaling akong magsinungaling o alam niyang niloloko ko siya? Baka naman alam niya, at hindi lang siya umiimik para pagtrip-an ako? Patay!

\*

Nasa tamang edad na ako, kaya hindi na kinakabahan sa tuwing gagawa ng kalokohan. Dahil nakabukod na at may sariling trabaho, hinahayaan

na lang ako ni Mama na gawin ang anumang nais ko. Hindi rin siya pala-text o palatawag gaya ng ibang magulang. Kadalasan, sa Facebook na lang kami nagkakabalitaan at nagkakakumustahan.

Marami sa mga kaibigan ko ngayon, lalo na iyong mga hindi nakaaalam ng dating propesyon ng nanay ko, laging pinupuri ang pagiging “chill” umano ni Mama. Buti pa raw siya, hindi praning gaya ng ibang nanay. Sila kasi, kahit matatanda na’t may sari-sarili nang mga buhay, kailangan pa ring magpaalam kung may gagawing mahalaga o may malayong lugar na pupuntahan.

Lagi kong sinasabi sa kanilang kaniya-kaniyang trip lang naman iyan pagdating sa buhay. At sa totoo lang, kung minsan, kinakabahan pa rin naman ako sa pagiging sobrang chill ng nanay ko. Oo nga’t hindi siya matanong at mausisa sa akin, pero ewan, minsan nagugulat na lang ako’t ang dami na niyang alam tungkol sa akin.

Madalas, magpaparamdam siya kung kailan may nangyayari sa akin tulad ng mga oras na may sakit ako o may pinagdaraanan sa buhay. Hindi man ako maunang magsabi, parang ang bilis niyang makatunog na kailangan ko ng payo o kahit man lang pasimpleng words of encouragement.

Pero sa mga ganitong pagkakataon din, hindi ko mapigilan ang pagbabalik ng mga duda ko—paano kung talagang pinasusundan ako ng nanay ko? O baka naman, may tracking device kayang naka-embed sa kung saan mang sulok ng katawan ko kaya naririnig niya agad at nalalaman kung ano ang nangyayari sa akin, nasaan man ako? Ang awkward naman yata kung ganoon. O, siguro, ganoon lang talaga ang mga nanay sa kanilang mga anak.

# BUHOK

Chuckberry J. Pascual

## I

Ang sabi ng nanay ko, pangit daw akong baby. Sinabi niya ito batay raw sa reaksiyon ng mga taong bumibisita noon para kumustahin ang nanay kong bagong panganak, at siyempre, para makita ang sanggol na ipinanganak niya. Sa compound kami nakatira sa Malabon, at medyo big deal ang paglabas ko. Ako ang unang apo ng mga Pascual, at bunga ng kapusukan ng aking mga magulang; kapwa wala pang beinte anyos ang mga magulang ko nang lumitaw ako bilang fetus sa sinapupunan ng nanay ko. Nag-aaral pa silang dalawa sa kolehiyo. Kilalang pasaway ang tatay ko, parang walang direksyon ang buhay. “Pogi” na ang bansag sa kanya sa barangay, bago pa lumitaw si Bong Revilla sa *Alyas Pogi*. (Hindi ko alam kung malabo lang ba ang mata ng mga tao sa amin o sadyang mabait lang ang tatay ko sa kanilang lahat o kung ipinanganak silang lahat na sinungaling.) Ang nanay ko naman, panganay sa pitong magkakapatid, seryosong dalaga, mukhang may ambisyon. Pero hayun nga, biglang naging butete. Kulay Nazareno rin ang tatay ko, at ang nanay ko? Sabihin na lang nating hanggang ngayon, nagngingitngit siya sa lahat ng taong tumatawag sa kanyang “anak-araw.” Ipinanganak kasi siyang may albinism.

Sa isip ko, hinog para sa dramatikong engkuwentro ang sitwasyon. Tipong puwedeng magkaroon ng eksena ng sumbatan na parang sa pelikula. Iyong may mga dialogue na “panagutan mo ang anak ko!” (sasabihin ng mga magulang ng nanay ko) o “mahal ko po siya, iyon ang mahalaga!” (sasabihin ng nanay ko o tatay ko, bilang katwiran sa mga pinaggagawa nila) o simpleng racist na hirit lang, “hoy, negro!” (kahit na sino ang puwedeng magsabi nito patungkol sa tatay ko, pero mas madalas ko itong marinig sa nanay ko pag

naiinis siya sa tatay.) Iyon nga lang, sadyang hindi yata kumbensiyonal ang mga kadugo ko kahit dati pa, at ikinasal nang walang aberya ang aking mga magulang. (Maraming beses ko ring tiningnan ang wedding album nila. Nagagandahan kasi ako sa empire cut na wedding gown ng nanay, kahit na alam kong hindi lang fashion ang nagdikta nito, kundi pag-iwas sa eskandalo: nakabukol na ako noon sa tiyan niya. Namamangha rin ako dahil naglalakihan ang ngiti sa mukha ng mga tao. Parang ang saya-saya nilang lahat na may ikinasal na 16 at 19 taong gulang.)

Hindi nagkaroon ng gusot, dahil may baby nang kasama sa usapan. Ako nga. Na kung iiispin, e nangangahulugang mabuti ang bunga ng unyon ng mga magulang ko, hindi ba? Pero hanggang ngayon, hindi ko alam kung nagbibiro ang nanay ko sa tuwing sinasabi niya sa aking “hindi ko naman talaga gusto y’ang hayup na ama mo!” sabay kuwento tungkol sa mga manliligaw niyang di hamak na mas mayaman, mas guwapo at mas matangkad noong panahon bago siya nabuntis. Pero dahil nga may baby, may bagong buhay, at basta may bagong buhay, may pag-asa. Sabi nga nila, kayang palambutin ng baby kahit ang pinakamatigas na puso. Ang dahilan daw nito, at isa pang sabi nga nila, ipinapanganak na maganda at nakakatuwa ang lahat ng baby.

Kaya pagkatapos kong lumitaw sa mundo nang walang anumang pagtutol, ganoon na lang ang pagtataka ng nanay ko nang walang magsabi ni isa sa mga sumilip sa akin na “ang cute naman ng baby mo!” Puro daw “aaah, iyan pala ang panganay mo” o mas malala, “kawawa naman si Toying”—patungkol sa Lola ko na ipinanganak na Virgo at mahilig magbida-bida sa compound—sabay iibahin ang usapan, nariyang mapunta sa kung sino ang pinakahuling nabuntis sa barangay, o kung sino ang huling nagbangayang magkapitbahay.

Puro daw kasi ako buhok, kaya itim na itim tingnan. Hindi rin nakatulong na nagtagataganan sa laki ang mga mata ko at mga butas ng ilong, kaya may apat na bilog na nakalutang sa bungkos ng buhok. “Mukha kang unggoy, anak,” sabi sa akin ng nanay ko. Nasa Japan kaming dalawa noon, naninigarilyo sa kusina niya. Dumalaw ako sa nanay ko habang winter break. Wala siyang ginastos sa paglipad ko sa Japan, pero siya ang bumili ng sigarilyo ko, siya ang bumili ng train ticket ko papunta at pabalik ng Osaka, siya ang nagpapakain sa akin sa buong winter break, at siya rin ang mahusay sa Nihongo. Siempre, ngumiti na lang ako.

Nag-aarial ako noon bilang exchange student sa isang unibersidad sa Shizuoka, at unang beses kong magpa-semikalbo. Mahal kasi ang gupit

doon. Discounted na ang sinisingil sa akin ng isang kaklase kong barbero, pero hinayang na hinayang pa rin ako kapag nagbabayad. Kaya dalawang beses lang akong nagpagupit sa loob ng anim na buwan. Semikalbo nga, para mas matagal humaba. Nagmumukha akong rambutan pagkatapos ng ilang linggo. Mabuti na lang, malamig ang panahon, kaya madalas akong nakasuot ng bonnet. Kapag titingnan ko nga ngayon ang mga larawan ko noon sa Shizuoka, naaawa ako sa anit ko. Kahit kasi malamig, nagpapawis pa rin ako sa ulo.

Bago pumunta sa Japan, ugali kong magpagupit tuwing dalawang linggo. Kaya noon ko lang unang nakita kung gaano pala talaga kasama ang hitsura ko kapag mahaba ang buhok. Hindi, hindi naman ako nagbalik sa pagging unggoy—nag-aahit na ako ng bigote at balbas noon—pero dahil saksakan ng tigas ang tubo, mukha akong laging may atip na yari sa buhok sa magkabilang gilid ng ulo. Saka iyon nga, rambutan.

## II

Kung paniniwalaan ang nanay ko, malambot ang buhok ko dati. Itim na itim, unat na unat, at higit sa lahat, sumusunod. Parang totoo naman, kung ibabatay sa mga picture ko noon na kuntodo naka-apple cut pa: hindi na ako mukhang unggoy na bata, mukha na lang akong Pekingese. Na may magandang buhok. Pero isang araw, napagtripan daw akong gupitan ng tito kong bading. Itinulad raw ang gupit ko sa gupit ng mga punk. Mula sa apple cut, pinaigsi ang buhok ko hanggang sa magsitayuan. May mga picture din ako na pinapatunayan ito. Hindi na ako mukhang Pekingese. Mukha na akong punk na Pekingese. Ayos naman, cute na aso naman ang Pekingese. Ang kaso, mula noon, “nagtampo” na raw ang buhok ko. Hindi na ito bumalik sa dating ganda, at sa halip, naging kapareho na ng buhok ko sa kasalukuyan: unat pa rin naman, itim pa rin naman, pero naging singtigas na ng steel wool. Sa madaling salita, nasira ang buhok ko dahil pinaglaruan ito ng bakla. Pero hindi pa rin nadala ang matatanda sa amin, dahil pagkatapos mapariwara ang buhok ko dahil sa bakla, sa mga bakla pa rin nila ipinagkatiwala ang paggupit sa akin.

Elementary na ako noon. Nagtatrabaho sa ibang bansa ang nanay ko, at lola ang nag-aalaga sa akin. Nagpasya ang lolang pagupitan ako kay Joshua. Tulad ng tito ko, bakla rin si Joshua. Pero hindi katulad ng tito ko na mataas

lagi ang boses at bargas ang bokabularyo—nagmumura siya kapag galit, masaya, malungkot, kapag nagugulat, naihi, nagugutom, kapag bagong gising, habang nagkakape, nagbabasa ng diyaryo, nanonood ng TV, nakikipaglaro sa bata, atbp—mahinahon magsalita si Joshua, at hindi palamura. Tumitili rin siya kapag nakikipagkuwentuhan, pero laging may pagpipigil. Ang dating nga sa akin, napipilitan lang siyang tumili para makisama sa mga kapwa baklang laging nagtititili. At higit sa lahat, mahilig siyang mag-English. “Yes, mother?” “Ay naku, yes, of course, mother!” ang bukambilig ni Joshua kapag kausap ang lola ko. May mangilan-ngilan pang mga parirala na pinapakawalan si Joshua tulad ng “ika-cut po natin here,” “lessen po natin ang sides,” “brush up everyday.”

Sa kung anong hindi ko mawaring dahilan, tuwang-tuwa kay Joshua ang lola ko. Sa sobrang tuwa, napapa-Ingles na rin, “Ay, yes naman, Joshua! You talaga!” Hinding-hindi ko naririnig ang mga salitang ito sa lola kapag nasa bahay kami, o kahit pa sa palengke, kapag nakikipagtawaran siya. (Galante ang lola ko. Bihirang tumawad. Kaya kapag tinanggihan ang tawad niya, halos hindi niya mapatawad ang tindera.) Nag-iibang tao siya kapag nasa parlor ni Joshua: humihinahon ang boses, natututong mag-Ingles, parang hindi napapasigaw ng “Ay, titi ng hari!” kapag nagugulat.

Sa mga araw na sarado ang parlor ni Joshua—dumadalo kasi siya sa rehearsal ng choir sa simbahan—at kailangan ko nang magpagupit dahil may haircut inspection sa paaralan, dinadala ako ng lola kay Ypee. Hanggang ngayon, hindi ko alam kung ano ang tamang bigkas sa ngalan ni Ypee dahil pabago-bago ang bigkas ng lola ko. Minsan tinatawag niya itong Epi, parang pangalan ng anak ni Dolphy. Minsan naman, Ipe, tulad ng palayaw ni Philip Salvador. At kung minsan, nagiging parang acronym, Aypi. Dahil dito, hindi ko matawag si Ypee sa pangalan. (Pumasok sa isip kong tawagin siyang Felipe, dahil ito ang alam kong tunay niyang pangalan. Pero kinutuban ako na mapapahamak ako kapag ginawa iyon, kaya hindi na ako nangahas pa.) Tumitikhim lang ako kapag may gustong sabihin sa kanya, tulad halimbawa kapag kulang ang tubig na nilagay niya sa balat ko, kaya nasasaktan ako sa ahit ng blade. “Hrrrm, masakit po,” “Hrrmm, aray, aray.”

Hindi naman ako laging nasasaktan sa blade ni Ypee, pero mas gusto ko pa rin si Joshua sa kanya. May kasungitan kasi si Ypee, at nakakatakot ang boses. Isang beses, dahil naigalaw ko ang ulo habang ginugupitan, bumalalas siya, “Sinabi nang huwag kang malikot, magugupit ko ang tainga mo, e.” Hindi ko naman sinadyang maglikot, gumalaw lang ang ulo ko dahil pilit binabasa

ang headline sa isang entertainment magazine na nakapatong sa katabing silya.

Isang araw, nagpasya akong huwag na talagang magpagupit kay Ypee. Naghihintay ako noon na maggupitan, at nagbabasa lang ng isang entertainment magazine. Hapon iyon, mga bandang alas tres. Mag-isa lang akong nagpunta dahil abala sa bahay ang lola. Apat lang kami noon sa loob ng parlor: si Ypee, ang babaeng ginugupitan niya, at ang kapatid ni Ypee. Bakla rin ang kapatid ni Ypee, at nagbibihis-babae. Tingin ako nang tingin sa kapatid ni Ypee, dahil mukha talaga itong babae. Maputi, singkit, matambok ang mga pisngi, makipot ang labi, at matangos ang maliit na ilong. Mukhang Haponesa. (Nang maglaon, nalaman kong nagtatrabaho pala ito bilang entertainer sa Japan, at nagbabakasyon lang noon.)

Napansin ng kapatid ni Ypee na panay ang sulyap ko sa kanya. Kinausap nito si Ypee sa wikang itis, iyong sinisingitan ng “itis” ang bawat pantig ng salita. Halimbawa, siitisnoitis baitis angitis baitistaitis naitis? *Sino ba ang batang ito?* Na sinagot naman ni Ypee ng “aitispoitis niitis Aitislingitis Toitisyingitis.” *Apo ni Aling Toyng.*

Nagsasalita rin nang ganito ang ilang mga pinsan ko, para hindi raw sila maintindihan ng iba. Nagpaturo ako. Naiintindihan ko naman nang kaunti, pero hindi ako makasabay. Nakakairita lang na para silang mga bubuyog kapag nagsasalita. Hindi ko masala ang mga tamang pantig sa mga nakabudbod na itis. Pero noong hapong iyon, natunungan kong ako ang pinag-uusapan ni Ypee at ng kapatid niya. Hindi ko man lubos na nagagap ang mga sinabi nila, nakuha ko pa rin na pinagkukuwentuhan nila ang buhok ko. Nahuli rin ng tainga ko ang salitang “Pekingese.” Puwedeng katunog lang ito ng lahat ng itis na pinagsasabi nila, pero nasaling na ang bata kong ego. “Hrrmm, may nakalimutan lang po ako sa bahay. Babalik na lang ako,” sabi ko, sabay labas ng parlor. Siyempre, hindi na ako bumalik. Haircut inspection kinabukasan, at napingot ako sa patilya ng adviser namin dahil hindi ako nakapagpagupit, pero okay lang. Bumalik na lang ako noong sumunod na Sabado sa parlor ni Joshua. “Why, hello there,” batì ni Joshua sa akin.

Nagkaroon ng kasarinlan ang buhok ko noong high school. Ako na lang mag-isa ang nagpapagupit, kaya ako na ang pumipili kung saan gustong pumunta. Sumubok ako sa barbero, pero pagkatapos ng dalawa o tatlong beses, hindi na ako bumalik. Nahirati ako masyado sa mga bakla sa parlor. Mabait kasi sa akin si Joshua. Kahit noong naglagay ako ng baby oil

sa buhok bago magpagupit, hindi siya nagalit sa akin. Bumuntong-hininga lang siya pagkatapos sabihing “I know what you did, ikaw talaga.” Saka niya ako shinampoo, para hindi na dumulas-dulas sa gunting ang buhok ko. Kahit masungit sa akin si Ypee at tinawag niya akong Pekingese, hindi ko naramdaman na kinukuwestiyon niya ang pagkatao ko. Komportable ako kina Joshua at Ypee, dahil alam kong pare-pareho kami.

Hindi ko iyon naramdaman sa barbero. Wala namang ginawang kahit ano ang mga barbero sa akin, mabuti naman ang naging pakikitungo nila sa akin. Pero mabuway pa ang kumpiyansa ko sa sarili, at takot pa ako sa pagiging iba. Sa tuwing papasok ako sa barberyia, takot na takot akong mabuking na bakla. Hindi rin nakakatulong na pawang barako ang naroon, mula sa mga kostumer hanggang sa mga gumugupit. Ang pangamba ko, alam nilang hindi nila ako katulad, at babastusin nila ako dahil doon. Ngayong binabalikan ko, siyempre, imposibleng hindi malaman ng kahit na sino. Sa hin hin kong kumilos noong bata pa at sa takot kong mabuko, kahit aso sa kanto, ang dinig ko sa kahol, “Bakla! Bakla!”

Sa paglipas ng mga taon, nagpapalipat-lipat ako sa parlor at barberyia. Kahit ngayon na sa barbero na talaga ako nagpupunta, pangunahin dahil sila ang marunong mag-alaga ng balbas (hindi pa rin ako barako, pero mukha na akong barako), dumadalaw pa rin ako sa parlor kapag may pagkakataon. Sinasadya kong magpagupit sa parlor, lalo na kapag eleksyon, at tumatakbo ang Ladlad partylist. Kinakampanya ko sa mga parlorista ang naturang partylist. Penitensiya na rin siguro dahil sa nararamdaman kong pag-abandona sa parlor para sa barberyia.

### III

May napanood akong pelikula noon sa telebisyon, si Nora Aunor ang bida. Mahaba ang buhok ni Nora sa pelikula, lampas-balikat. Sa isang eksena, hinahabol siya ng taumbayan, at inabutan siya ng mga ito sa simbahan. Nang mapagtanto ni Nora na nasukol na siya, dahan-dahan, naglakad siya pauring, patungo sa altar. Pinalibutan siya ng taumbayan, at saka nawala sa mata ng kamera. Lumubog siya sa dagat ng mga tao. Pagkaraan ng ilang segundo, nahati ang dagat ng taumbayan, at saka muling lunitaw si Nora. Naka-siyete na siya. Medyo maganda pa nga ang pagkakagupit, pantay sa gilid, may pagka-

layered. Bagay naman kay Nora ang gupit, pero batay sa ekspresyon ng mukha niya at sa atmosphere ng eksena, para siyang pinarusahan.

Hindi ko nabuo ang pelikula, pero tumimo ang eksenang iyon sa akin. Pagkatkat ng buhok bilang parusa, bilang pagsisisi. Umalingawngaw sa isip ko ang mga pagbabanta sa aming magpipinsan ng lola, “kakalbuhan ko kayong mga lintek kayo!” Madalas niya itong sabihin, lalo na kapag mainit ang ulo. Hindi naman niya tinotoo, pero kapag naririnig mo ang banta ng pagkakalbo habang sinasabunutan ka, matatakot ka talaga. Alam ko na noon na may mga batang lalaking kalbo, at mas maraming matandang lalaking kalbo, pero parang natatakot akong kalbuhan ng lola ko. Parang nakakapahiya. Tulad ko, hindi rin naman talaga kinalbo si Nora sa pelikula, pero napahiya siya nang gupitan nang maigsi. (At ang totoo, naka-siyete rin ang lola, parang si Nora, kaya minsan ring pumasok sa isip ko na baka may kasalanan siyang nagawa sa mga taumbayan kaya ganoon kaigsi ang kaniyang buhok.)

Halos dalawang dekada na ang lumipas nang magbalik sa akin ang eksenang ito. Sabado ng gabi noon, nasa bahay ako ng isang kaibigan. Mag-iinuman kami ng barkada. Excited ako noong Sabadong iyon, dahil madalang akong makalabas. Pinagsasabay ko kasi ang pagtuturo sa high school at pag-aaral na gradwado, kaya halos wala akong pahinga. Nasa gitna kami ng inuman nang matanggap ko ang text: “Wala na si Mommy.”

Tiyahin ko si Mommy, at kasama ng lola ko, siya ang nagpalaki sa akin. Nag-iisa siyang anak na babae ng lola, at kapatid ng tatay ko. Ilang buwan na siyang nakaratay dahil sa cancer. Nagpa-chemotherapy siya, pero dahil terminal stage na nang matuklasan ang cancer, pinayuhan na lang kami ng doktor ng pain management. Iniuwi namin siya sa bahay.

Pagkatapos basahin ang text, dahan-dahan ang pagdapo ng reyalisasyon: wala na nga ang tiyahin ko. Namalayan ko na lang na basa na ng luha ang mga pisngi. Pagkuwa'y napahawak ako sa ulo, at wala sa sariling dinaklot at hinila-hila ang buhok doon. (Hindi ko naman sinabunutan ang sarili. Hinila ko lang ang sariling buhok, dahil biglang sumakit ang ulo.) At saka ko naalala si Nora, noong kinubkob at kinatkat ng taumbayan ang buhok niya. Kinabukasan, nagpakalbo ako.

Hindi ko kasi kaya iyong pagsusuot ng itim na damit o kahit iyong itim na pin araw-araw. Masyadong mainit ang itim, at abala naman ang pagkakabit ng pin sa damit. Kaya sa buhok ko na lang idinaan ang dalamhati. Parang si Nora sa *Tatlong Taong Walang Diyos*, hangga't hindi humahaba nang tama ang buhok niya, maaalala niya at maalala ng lahat ng makakakita

sa kanya na may nagawa siyang kasalanan. Gusto ko ring makita ng lahat, at makita ko mismo, ang pagluluksa ko para sa aking tiyahin.

Ngayon, naiisip ko, baka pinaparusahan ko rin ang sarili. Parang wala kasi akong masyadong nagawa para sa tiyahin ko. Dahil noong iniuwi namin siya sa bahay, naramdaman ko ang bigat ng hangin. Nariyang nagpipigil ako ng ihi sa madaling araw, dahil umiiwas akong marinig ang iyak ng tiyahin ko habang papunta ako sa banyo. Bago ako pumasok ng trabaho, madalas kong maabutan ang lolang nakaupo sa gilid ng kama, nakasubsob ang ulo sa kutson, at hinihimas-himas ang braso ng tiyahin ko. Umiiyak nang mahina ang tiyahin ko. Dire-diretso lang ako sa paghahanda para sa trabaho. Mga alas singko y medya ng umaga iyon, at may mga traysikel na. Nagpapasalamat ako dahil kinokompetensiya na ng mga angil ng tricycle ang mga iyak ng tiyahin ko. Dumadaan lang ako sa kuwarto niya para magpaalam na aalis na, nagmamadali pa.

Isang taon ko lang sana balak manatiling kalbo. Pero dahil komportable pala na walang inaaalalang buhok sa ulo—bawas ang oras ng pag-aayos sa umaga, matapang sa pagharap sa hangin sa kalsada, tipid sa hair conditioner, presko kapag mainit ang panahon—tatlong taon akong naging kalbo. Nagpahaba lang ako noong nagsawa na sa kawalan ng buhok, at nagsawa na rin sa mga hirit ng nanay ko: “Ano ba yan, mukha kang balot.” (Sabay kuwento na ipinaglihi niya ako sa balot, at iyon daw ang posibleng dahilan kung bakit ako ipinanganak na isang bungkos ng buhok na naging baby. Sa mga mata ng nanay ko, kung hindi ako unggoy, mukha akong sisiw mula sa pinisang itlog.)

#### IV

Conscious ako dati na alisin ang lahat ng buhok sa mukha. Ang katwiran ko, makapal na nga ang buhok ko sa ulo, huwag nang paabutin pa sa nguso at pisngi. Takot na takot din akong magmukhang matanda, o mapagkamalang kontrabida. (Hindi lang iisang tao ang nagsabi sa akin na kahawig ko si Dick Israel. “Kamukha mo siya, pero noong bata pa naman siya,” sabi ng nanay ko, na para bang dapat gumaan ang loob ko. At para patunayan na alam niya ang sinasabi, babanggitin pa: “Luko-luko ang papel niya don sa isang pelikula. Hawig na hawig talaga kayo.”) Pero dahil nauuso ang unlirice at lagi akong pagod sa trabaho at pag-aaral, naging mantra ko ang

"I deserve it!" sa tuwing kumakain sa labas. Isang araw, napansin ko na lang na magkakadugtong na ang aking baba, leeg, at mga pisngi. Para akong malaki at matabang mukhang ipinatong sa mga balikat na matataba rin.

Saka ko naisip ang kapangyarihan ng pagiging mabuhok. Sa halip na magpapayat at sa gayon ay tubuan ng leeg, nagpatubo ako ng goatee. Mukha akong may patse ng itim na damo sa ilalim ng mukha. Nagkaroon na ng boundary ang mukha at leeg. Pero hindi ko pa rin masawata ang tambok ng mga pisngi. Kaya nagpahaba ako ng mga patilya, at hinayaan itong dumugtong sa buhok ko sa baba. Naging balbas ang goatee.

Nakuntento naman ako sa ganito, iyong nakakuwadro ng buhok ang mukha ko. Sumasagi sa isip ko na magpatubo ng bigote, pero natatakot akong tuluyan nang maging kambal ni Dick Israel o ni Bomber Moran. Hindi naman sa nakakahindik ang mga mukha nila, ano? Ayoko lang magmukhang...nakakatakot. Kaya nag-aahit pa rin ako ng bigote. Sa isip ko, kesehodang mapuno ng buhok ang paligid ng mukha ko, hangga't wala akong bigote, mukha akong anghel (na mukhang unggoy, na mukhang Pekingese, na mukhang balot.)

Hanggang nakilala ko si D. Si D ang unang balbas-saradong tao na naging malapit sa akin. Sa kanya ko rin napatunayang totoo nga ang iniisip ko at ng iba pang tulad kong nang-iistiryotipo sa mga balbas-sarado: mukha siyang masamang loob. Parang manghahabol ng kuwintas, magnanakaw ng kotse, manunuba ng kapwa. (Nababawasan naman ang mga kahila-hilakbot na impresyong ito kapag ngumingiti si D, dahil nagmumukha siyang Santa Claus. Iyon nga lang Santa Claus na Asyano, at mukhang nangingidnap ng bata.) Kaya sa tuwing nagpupunta kami sa mall, siya lagi ang unang kinakapkapan ng mga guwardiya. Kapag pupunta kami sa kung anong opisina, siya ang unang hinihingan ng ID. Kapag magkasama kami at may umaali-aligid na ahente, kahit isang beses, hindi siya nilalapitan. Ako lagi ang napupuntiryta. Noong umpsisa, ang akala ko, mukha kasi akong mayaman at mabait. Nang maglaon, naisip kong natatakot lang yatang lumapit kay D ang mga ahente.

Mas matanda na rin ako noong nagkakilala kami, at nagkokompetensiya kami sa bigat ng timbang at laki ng katawan. Mas matangkad ako, pero patas lang kami halos ng bigat: mukha man siyang nasa kabuwanan, ga-troso naman ang mga hita ko. Madalas nga kaming mapagkamalang magkamag-anak: magpinsan, magkapatid, kung minsan nga, kambal pa. Natatawa lang kami pareho sa tuwing may bumabanggit. Isang

araw, napansin niya ang tumutubo kong bigote. "Bakit di mo pahabain?" tanong ni D. Napasulyap ako kay D at nadama ang biglang kabog ng dibdib. Mukha talaga siyang balakyot. Kaibigan ko na siya, pero may kaba pa rin sa biglang tingin. Pero dahil sa mungkahi niya, tumigil ako sa pag-aahit ng bigote. Hanggang isang araw, pareho na kaming balbas-sarado. Hindi na rin ako nilalapitan ng mga ahente sa mall, kung minsan, ako na ang unang kinakapkapan, may mga batang nandidilat ang mata kapag nakikita ako, sabay siksik sa mga nanay nila. Sa madaling salita, ayos naman ang buhay. Siyempre, kasabay ng lahat ng ito, lalo ring dumalas ang mga pagkakataon na napagkakamalan kaming magkapatid ni D. Naging pangkaraniwan na sa amin ang mga paglingon kapag magkasama kami sa labas.

Kaya noong nililingon na ako ng mga kamag-anak ni D sa burol, ngumingiti lang ako. Makailang beses kong narinig na may kamag-anak siyang napabulalas, "Oy! Akala ko si D!" o kaya naman, "Grabe, mukha kayong kambal!" Sabay tapik sa balikat ko, kahit unang beses lang naming magkita. Iyong iba, hindi lumalapit sa akin, pero ang lakas naman ng boses. Parang mga artistang bumubulong sa entablado. Kunwari mahina, pero ipinaparinig naman sa iba. Ngumingiti lang ako sa lahat ng mga pagbati nila, dahil si D ang nakaburol. Inaliw ko na lang ang sarili sa panonood ng transisyon nila mula gulat papuntang takot papuntang pagtataka papunta sa pagbibitaw ng kung anong baryasyon ng "kamukha mo 'yung patay!"

Nalaman ko ang pagkamatay ni D isang Sabado ng gabi sa simbahan ng Quiapo. Isang kaibigan namin ang nagbalita sa akin. Sa pagkabigla, namalayan ko na lang na basa na pala ang mga pisngi ko, at umaalingawngaw ang mga palahaw ko sa loob ng simbahan. Nakatingin sa akin ang maraming tao, pero wala akong naramdam na kahit anong kahihiyian. Sige lang ako sa pag-iyak. Kaya maning-mani lang sa akin iyong mga tingin sa akin ng mga kamag-anak ni D sa burol. Naiisip ko nga, hindi na yata ako matitinag ng kahit anong pagtingin o pagtitig pagkatapos noon.

Ngayon, kahit pareho kami ng timbang, bigote, balbas, at halos pati mukha ni D, magkaiba kami ng buhok sa ulo. Nagpapagupit nga kasi ako tuwing dalawang linggo, at siya naman, kada dalawang taon lang kung magpagupit. Hanggang balikat ang buhok ni D. Noong namatay siya, naisip kong sagarin na ang pagiging magkamukha namin. Magpapahaba na rin ako ng buhok. Bahala na kung sisitahin ako sa trabaho, bahala na kung bagay sa akin. Isip ko, kung mukhang taong kuweba si D, mukha naman akong unggoy / Pekingese / balot, hindi na rin siguro masyadong malayo ang magiging

resulta. Talo-talo na. Basta tulad noong namatay ang tiyahin ko, gusto kong maalala araw-araw na nagluluksa ako.

Però hanggang dalawang buwan lang ang kinaya ko. Hiyang-hiya man sa sarili at sa malalapit na kaibigan—ipinagkalat ko kasi na magpapahaba ako ng buhok, isang paraan para masiguro kong tutuparin talaga ang plano—bumalik ako sa barbero. Sumuko kasi ako sa hitsura ko sa salamin. Mula nang matamatay si D, sinisimulan ko ang bawat araw na malungkot, at lalo lang akong nalulugmok sa tuwing nakikita ko ang sariling patuloy na humahaba ang buhok. Sumuko rin ako sa bigat. Naisip ko ito habang nasa banyo. Dahil nga alaga sa gupit, hindi ako sanay na maraming sina-shampoo. Napapalatak rin ako nang makuwenta ang nadagdag sa buwanang gastos para sa hair conditioner. (Takot kasi akong magmukhang sabukot sa paghaba ng buhok.)

Alam ko, ito naman ang gusto kong mangyari: ang magkaroon ng pisikal na manitestasyon ang pagluluksa. Na hindi ako makalimot na nagdurugo ang puso ko. Na hindi mawawaglit sa isip ko—kahit isang saglit, kahit pa ilang buwan na ang lumipas, kahit pa kaya ko nang tumawa ulit nang mataginting—na dumurugo pa rin ang puso ko sa pagkawala ni D. Pero ang napagtanto ko, hindi ko pala kayang mabuhay nang ganoon. Masyadong masakit, masyadong mabigat. Kaya nga nagpagupit rin ako. Pero alam mo, wala naman akong nadamang ginhawa o gaan pagkatapos.

# KUWADRO KARA:

## Apat Na Mukhang Muntik Ko

## Nang Hindi Mamukhaan

Joselito D. De Los Reyes

### 1. MUSIKO

Dapat kahapon ko pa ito naisulat. Pagkauwing-pagkauwi sana. Pero dahil alipin ng hilo at sakit ang bumbunan ko dulot ng nakaririnaram at nakalalasing na likido, hangover, hindi ko naisulat. Naks.

Ito 'yun. Pagkabalik galing Amerika, nagpa-reunion ang ate ko sa mga kalahi ko sa ina, ang pamilya Danal ng Obando, Bulacan. Well, hindi naman kami malaking lahi. At any given Sunday, kasya lang kami sa tatlong PUJ na siyaman na biyaheng Malanday-Bulakan. Iyon kasi ang sinakyan namin para makarating sa isang swimming pool resort sa Valenzuela. Na-miss daw kasi ng ate ko ang saya ng pamilya. May palaro, pa-swimming, videokehan, kainan, at natural, meron ding inuman.

Mabilisang family reunion. Nasumpungan. Hindi kami ang pamilyang taunan kung magkita-kita at magsama-sama. Ang sa amin ay family reunion na hindi sinasadya. Kapag may kasalan minsan, o paglalamayan at ililibing na kalahi, dumadalas. Bigla lang nagtawag ang ate ko ng family reunion noong isang linggo. Sagot daw niya. Komo ate, inobliga ako. Wala na raw akong ambag, basta pumunta lang. Kahapon nga iyon.

Sa kabilang sopistikasyon ng komunikasyon ngayon, siguro kulang sampung taon ko nang hindi nakukumusta ni nakikita nang personal ang mga tiyuhi at pinsan at pamangkin na nagkaanak na kaya hindi ko na kilala o namumukhaan ang iba. May mangilan-ngilang nakaka-like at nakaka-happy birthday, pero ang mas may edad na walang Facebook, sa mga pasabi at pakikumusta ko na lang nababalitaan. Sa instant reunion kahapon, Linggo, kung hindi pa magpakilalang anak ni ganoon at ganito, hindi ko masisino.

Sa pagitan ng mga bote ng Red Horse at Fundador na kasama sa reunion-package ng ate ko, nagkumustahan kami ng kamag-anak kong mga lalaking may edad. Nalaman kong may apat akong pamangkin sa pinsang-buo na nagsipagsundalo. Pinipilit kong alalahinan ang hitsura ng mga nagsundalo. Ipinakita pa sa akin ang mga mukha sa Facebook. Hindi ko mamukhaan. Ang pawang naaalala ko ay mga mukha ng masasaya at maiingay na paslit, mga siyam o sampung taong gulang. Ni hindi pa binatilyo. Nang matiyak kong sila nga ang mga naging kawal, hindi ko na mapagttagpo ang imahen nila bilang musmos hanggang maging matitikas na sundalo.

Napadestino raw ang iba sa sakop ng SolCom sa Lucena at WesCom sa Palawan (West Philippine Sea?). Ang isa ay nasa Fort Bonifacio. At ang isa, si Paulo, na anak ng Ate Norma at Kuya Lito, na anak naman ng Nanang Pidyang na kapatid ng nanay ko, ay nadestino sa Marawi noong isang taon. Nagtagal sa Marawi si Private Paulo mula Hunyo hanggang noong Nobyembre, sa kainitan ng bakkalan hanggang maubos ang Maute Group at matigil ang putukan. At mula sa Marawi, lingguhan nang makauwi sa Obando dahil sa Camp Aguinaldo na nakadestino.

Si Paulo lang ang nakarating sa mabilisang family reunion dahil lagi siyang nasa Obando. Tinawag mula sa umpukan ng bata-bata pang kalahi patungo sa aming matatanda. Nagmano sa akin ang sundalo. Matangkad, matikas, sunog ang balat.

Ang alam ko dati kay Paulo, isa siyang musikero. Sila ng kaniyang kapatid na si Er-er ang tumutugtog at nag-eensayo sa pag-ihip ng instrumento—trombone at saxophone—sa tuwing madadalaw ako noon sa Obando, sa papadalang nang papadalang na pagdalaw ko sa bayan ng aking ina. Halos kasinghaba ng mag-utol ang kani-kanilang instrumento.

Tumutugtog yata noon sa Magsikap Band ng pamilya Dela Cruz sa Barangay Paliwas si Paulo na kumikita kahit elementarya pa lang. Nang magtatag ng banda ng musiko ang Pamahalaang Lungsod ng Valenzuela nito lamang mga nagdaang taon, kahit pumapasok bilang high school, umiihip din daw doon si Paulo tangan ang kaniyang matapat na saxophone.

“Naging scholar ako sa UP College of Music, Tito Jowie,” masayang kuwento ng nagbabalik at bagong kapo-promote na si Corporal Paulo. Nang magtapos ng high school sa Obando National High School, mula raw sa mahigit dalawandaang nag-apply para maging scholar ng prestihiyosong kolehiyo ng premiere university, labingwalo lang daw silang nakapasok. Pambahira.

Pero hindi na raw kinaya, financially, ang araw-araw na biyahe mula Obando hanggang Diliman. Kahit pa nang magdormitoryo sa kampus. Isang semestre lang daw, tumigil siya. Pumasok sa Army para doon tumugtug. At kumita nang maayos-ayos para makatulong sa pamilya. Natanggap. Doon nanorotot. Sa Philippine Army Band.

Pero, dahil daw sa inip kaihip, napagdesisyonan daw niyang pumasok bilang Ranger kaya nag-enroll at pumailalim sa malupit na Scout Ranger training sa Camp Tecson sa San Miguel, Bulacan. Ipinagmalaki niyang kasapi siya ng batch 2011.

Mula nga noon, napalayo na siya sa kaniyang pamilya at saxophone. Nadestino siya kung saan-saan hanggang sa ma-assign sa Marawi noong Hunyo 2017, kasisimula pa lang ng terorismo ng Maute.

Masaya ang disposisyon ni Paulo. Ipinagmalaki niya sa akin ang kaniyang relo, plastik na Casio G-Shock na may disenyong jungle camouflage, na bigay daw ni Duterte bago matapos ang tour of duty niya sa Marawi, at ang powerbank na bigay naman daw ng AFP Chief of Staff.

“Hindi ka na tumutugtug?”

Sa totoo lang, hindi ako masyadong interesado sa kung anumang panganib ang sinuong ng binatang pamangkin ko sa Mindanao. Alam kong marami na siyang napagkuwentuhan nito. Mas interesado ako sa kung paano nagawang iwan ni Paulo ang kaniyang pinakamamahal na saxophone kapalit ang armalite o machine gun, ipagpalit ang melodiya sa ratatat ng baril.

“Minsan na lang po, Tito. Kapag may inuman at videoke, sinasabayay ko ng saxophone ang kanta.”

Ako pa ba ang manghihinayang sa pamangkin ko sa pinsan? Proud na proud siya sa nakamit—ranggo, medalya, relo, powerbank—bilang mandirigma ng bayan. Matikas na matikas ang kaniyang tindig. Laging nakangiti.

Nang siya na ang kakanta sa videoke sa reunion kahapon, nabigla ako. “Bagsakan” ng Parokya ni Edgar at ni Gloc-9! Walang sablay ang pagsabay niya sa kanta. Kaya niyang habulin ang bilis ng salita. Buong-buo ang matuling sambit sa liriko. Gloc-9 na Gloc-9 na, bukod sa alyas ng tanyag na rapper, tatak din ng baril.

Ganito siguro naghahalo ang tunog ng mabilis na buga ng punglo kapag may musika at pangarap na kinikitil.

## 2. IBANG DAAN PAUWI

“Dumaan na po ‘yung AH?”

“Oo, pero ‘yung sa maggugulay hindi pa.”

AH Bus Liner ang tinutukoy ko nang tanungin ang inaanak na nagluluto ng buy-one take-one burger. Biyaheng Lucena hanggang Infanta na dadaan ng Lucban ang bus. Kada oras mula alas-kuwatro ng madaling araw ang biyahe. Lumagpas na raw ang pang-alas kuwatro sa Lucena Diversion kung saan ako naroroon kanina. Time check, 4:10AM.

Galing ako sa Maynila. Na-delay nang na-delay ang planong pag-uwis sa Lucban dahil sa isang kumperensiya na pinangunahan ng samahang kinabibilangan ko. Trabaho ko sa huling araw ng kumperensiya ang asikasuhin ang international delegates, mula Intramuros hanggang MOA. Iwas sila sa budol-budol at sa gobyerno este sa panganib pala ng Maynila at bansa. He he. At samahang mag-videoke at uminom sa Ermita pagkatapos.

Mula sa planong alas-singko ng hapon, naging alas-otso, alas-onse, hanggang mag-aala-una na ako nakawala at nakarating sa terminal ng JAC Liner sa Buendia. Kung mas maaga sa alas-otso ng gabi, may colorum na van pa-Lucban na masasakyen. Masikip man—labingwaluhan!—mas mabilis naman ang biyahe pauwi. Wala nang babaan. Dadaan sa Los Baños, sa Nagcarlan, Liliw at sa vomit-inducing zigzag ng Majayjay. Para kaming mga kontorsyonistang nakakamada sa kahon. Pero hindi ito ang kapalaran ko kagabi. May ibang daan pauwi. Mas matagal. Sa bahagi ng San Pablo, Tiaong, Candelaria hanggang diversion ng Lucena.

Nagising ako bandang Sariaya. Uhaw na uhaw. At ang pait ng bunganga ko. Ganito siguro ang lasa ng nuclear reactor, naghalo-halong mikrobyo ng likido, tsibog, manti-mantika, crispy pata, beer, at kung ano-ano pa. Uminom ako ng baong tubig. Bahagyang nawala ang pait.

Mahilo-hilo pa ako nang bumaba. Amoy beer at pulutan pa rin ang hininga ko. Kadiri. Naglakad ako nang mahaba dahil sa perpetual construction ng underpass sa Diversion ng Lucena. Ang dilim (o nagdidilim lang ang paningin ko?). Tapos umuulan pa. Tapos ang bibilis pa ng mga bus na pa-Bicol. Tumatalsik ang tubig. Nagpuputik. Ramdam ko naman ang wisik ng pino pero makapal na ambon sa bumbunan ko. Naawa ako sa sarili. Naghanap na lang ako ng will and reason to live. Heto: buti na lang hindi ako nag-immaculate sneakers. Buti na lang may love life ako. Ang iba sa inyo wala.

Pumasok ako sa santuwaryo ng mga pagod at nalulumbay na manlalakbay: sa Jollibee. Nakihi. Umorder ng one-piece burger steak with rice pagkatapos. Singkuwenta pesos. Walang softdrinks. Tubig na may yelo lang. Palagay ko, 'yung tubig na may yelo lang ang binayaran ko dahil sa uhaw. Libre na lang ang burger steak at kanin. Tinira ko nang sumpung minuto ang kakarampot na combo-meal. Lumabas ako sa Jollibee at nag-abang na nga ng masasakyan, 4:10AM.

Sa pagitan ng 4-4:30AM ang daan ng magggugulay. Mga namamakyaw ang maggugulay sa Candelaria, sa agricultural trading center. Namamakyaw sila ng, well, gulay na ititinda sa Tayabas at Lucban, reinforcement sa maraming uri ng gulay na inani sa dalawang bayang ito sa pigi ng Banahaw (lungsod na talaga ang Tayabas, hindi na munisipyo, by virtue of technicalities ng lintek na Local Government Code, pero mukha pa rin talagang bayan, ni wala ngang sariling pampublikong ospital o kolehiyo). Umaarkila sila ng dyipning biyaheng Lucena-Lucban. Hindi napupuno ang loob ng dyipni kaya nagpasakay ng mga pasahero sa kalahating bahagi ng dyipning walang karga. Bawas din sa gastos sa renta.

Takbo ako nang dumaan at huminto ang hindi maikakailang dyipni ng maggugulay. Puno ang bubong ng kalakal. Puno na rin ang aisle ng iba't ibang paninda. Halos walang mahakbangan. Sa dilim ng madaling araw, isa-isang naglabasan sa kung saang sulok ang marami pa palang nag-aabang. Akala ko ako lang.

Napuno ang dyipni. Parang magkakakilala na sila, nagma- "Magandang umaga!" sa bawat isa, sabay sabi ng pangalan. May magtataho, tatlong magpuputo, may nagtitinda ng tinapa, limang container ng kung anong likido. May nakasandal sa sako-sakong hindi ko alam kung ano ang laman. Amoy palengke ang dyipni. Mas gusto ko na iyon kesa amoy ng panis na beer sa bunganga ko.

Hindi ako nakatulog sa kulang tatlumpong kilometro at kulang isang oras ng biyahe pauwi. Bababa at sasakay ang mga nagahanapbhay na hindi ko mamukhaan dahil sa dilim at naninimdim at aandap-andap na liwanag sa loob ng dyipni. Gising na gising na sila sa maagang simula ng pagtitinda ng kung ano-ano. May dalawang ale na may dalang bilaong puno ng kakanin. Naisip ko, anong oras kaya sila uuwi? Magkano kaya ang kikitain?

Wala silang sick leave tiyak. Kapag maysakit, e di walang magtitinda. Walang kikitain. Pero malay ko naman, baka may anak na hindi papasok

sa eskuwela para magtinda o tuluyan nang magtitigil sa pag-aaral para maipagpatuloy ang kalakalan. Para may kainin.

Sila'yung walang itataas na suweldo, hindi nakaranas ng buwis mula sa sweldo na babawasan dahil sa TRAIN Law, pero tiyak na magbabayad ng mahal na bilihin. Pero malay ba natin, baka paliit nang paliit ang puto, pakaunti nang pakaunti ang arnibal sa taho, o lumiliit ang dakot sa per tumpok na kalamansi o sili. Nakakangiti pa rin naman sila. Masayang nagkukumustahan sa loob ng dyipni ng maggugulay bago magnakaw ng sampu, kinse, beinte, treinta minutos na idlip. Kailangan nila ang bawat payapang sandali para sa maulang araw na naghihintay para maibenta ang mumunting kalakal.

Lahat ng ito nangyari sa isang nagsamadaling madaling araw na masarap masakit mapait na magnilay-nilay hinggil sa buhay at kabuhayan para lang makauwi.

### 3. PEDICAB

Humuhupa ang baha sa Coloong tuwing papasok na ang amihan. Kumakati ang tubig sa ilog palabas ng Manila Bay. Hindi na nagtagtagpo ang dalawang paglaki ng tubig sa ilog. Alangaang ang tawag sa pagtagtagpo ng dalawang high tide sa loob ng isang maghapon. Huwag lang muling babagyo, magtutuloy-tuloy ang pagkati ng tubig. Aatras ang baha, magha-hibernate sa Manila Bay. Kung saan itinaboy ang tubig bago pa tambakan ang Dagat-dagatan ng Camanava.

Panahon iyon ng pagbabanyos. Hihilamusan muli ang mga bahay sa Coloong. Pipinturahan upang mabura ang bakas ng tagbaha, ang peklat ng tagbaha. Isasaayos ang mga palaisdaan. Tutubuan muli ng damo at halaman ang mamasa-masang looban. Magiging berde uli dahil sa damo-damo ang mga pilapil.

Masaya kami dahil pansamantalang hindi kami siyokoy at sirena. Pansamantalang tao kami hanggang sa susunod na tagbaha.

Bumabalik sa himpilang palaisdaan ang mga bangka. Nakarenda at may tiyak na gawain: ang manghuli o mamandaw ng isda, salot na janitor fish man o tilapia at bangus, at magkumpuni ng nasira o rumupok na pilapil. Nakakapasada na ang mga tricycle. Gayunman, sa itinagal-tagal ng paghahanapbuhay ng mga nagpe-pedicab sa panahon ng tagbaha, makapit

na taliptip silang hindi na matungkab sa balat ng Polo area, ang lumang poblacion ng Valenzuela.

Ang mag-pedicab ang kanilang kabuhayan. Nanganak ang mga pedicab dahil wala naman itong restriction at hindi mahal ipundar. Sa sobrang dami, naging formidable political force. Kahit anong oras, may baha man o wala, namumulaklak sa pedicab ang bahaging kapuluan ng Valenzuela.

Kahit sino ay puwedeng mag-pedicab basta't may paa, kahit hindi pantay. Kahit anong edad na puwedeng pumadyak at humawak ng manibela at umiwas sa lubak basta't huwag makabundol ng kasalubong na sasakyang at tao. Hindi na importante kung marunong magkuwenta ng sukli. O hindi marunong magsukli.

Minsan, nang pauwi ako buhat sa trabaho ko dati sa city hall, nakita kong namamasada na ng pedicab ang nagkakatekista dati sa Coloong Elementary School, si Brother Napoleon o Brother Nap na miyembro rin ng Adoracion Nocturna sa parokya. Agwador si Brother Nap sa mga pagkakataong walang baha. Well-toned ang katawan. Hitsura ng body builder, namumutok ang mga muscle habang tulak ang kariton, habang buhat ang mga container. Pero mahinahon si Brother Nap. Kung anong lakas, siyang hina ng boses.

Dahil uso ang tagaan sa pamahehe lalo't walang tricycle kahit pa manipis o kati na ang baha, pinili ko siyempre ang pedicab na minamaneho ni Brother Nap. Sa isip-isip ko, dito na ako sa tiyak na makatao ang presyo. Isang katekista.

Kung manggagaling sa MacArthur Highway sa Malanday, karaniwang beinte pesos lamang ang pamahehe sa amin. Bahala na raw ako kung magkano ang ibabayad ko, sabi ni Brother Nap nang tanungin ko siya bago ako sumakay kung magkano ang pamahehe. E, di sumakay. Nagpahatid. Nang maihatid ako sa amin, tinanong ko uli si Brother Nap habang kinakapa ko ang pitaka ko. Huhugutin ko na sana ang sapat nang beinte.

"Kuwarenta na lang," mahinahong pagpresyo ng nagkakatekista. Yumuko pa nang kaunti na parang nagpapaawa. Kuwarenta noong panahong ang NFA rice ay beinte singko pesos. Mahal.

Hindi na ako nakipagtalo. Pero hindi ko na sinakyan ang pedicab ni Brother Nap mula noon. At hindi na rin ako sumasakay ng pedicab nang hindi muna nililinaw kung magkano ang pamahehe. Mahal ang presyo kapag "Bahala na kayo kung magkano."

Malamang, kung may tataguriang pedicab capital sa bansa, Coloong ang mangunguna sa listahan. O Polo Area. At hindi nakapagtatakan ng dinami-dami ng nagsulutang festival sa bansa, baka isang araw, magkaroon ng Pedicab Festival sa Valenzuela. Kumpleto ng parada ng pedicab na may iba't ibang disenyo ng parang karuwahe o karosa ng prusisyon depende sa theme. May karera ng pedicab, may pedicab tricks na parang extreme games: lumilipad na pedicab, nagsa-somersault na pedicab. O Guinness Record sa pinakamahabang pila at parada ng pedicab. Nagawa na ito ng isang politiko nang iparada niya ang supporter niyang mga pedicab driver. Nabalda ang traffic sa MacArthur Highway at secondary roads ng Valenzuela. Kulang sanlibong pedicab ang pumarada. Hindi na pinasama sa parada ang natitira pang halos tatlong libo. Kulang kasi ang pondong pampameryenda. Kaya voting force ang sektor ng pedicab, ang pedicab na by-product ng tagbaha. Nanalo ang politiko. At lahat ng ito ay nangyari bago pa ang patala lastas ng isang laos na politiko noon na nasa loob ng pedicab sabay sabing: "Anak, itabi mo. Lalaban tayo." Talo sa pagka-bise presidente (at bandang huli, sa pagkapresidente!) ang politiko. Plastik, e.

Hanggang sa libingan, nakikisama ang Coloong sa baha. Hindi kayang pigilan ng baha ang paglilibing. Well, hindi na nga lang nakasakay sa pedicab ang bangkay. Inihahatid na ng bangkang arkilado ng funeraria ang labi hanggang sa kung saan naghihintay ang karosa ng patay, hanggang sa kung saan maaari nang paandarin ang makina ng karosa ng patay. Nakasunod ang mga nakikipaglibing na naglalakad o kaya ay nakasakay sa nakikiramatay na pedicab.

Pero may pagkakataong kahit ang simbahan ay may baha sa loob. At sa mga pagkakataong ito, walang magagarang sasakyang nakaparada sa patio. Puro pedicab ang naglisaw, ang naghahatid sa mananampalatayang namumulaklak sa alipunga ang paa.

Kung bebendisyunan marahil ang baha, hindi na kailangan pang sumawsaw sa anghel na may bitbit na plangganita o bandehado ng agua bendita dahil babad na kami sa bendantadong baha.

At ang patay, mabuti't nauuso ang nagtatayugang apartment na libingan na dapat nang tawaging high-rise condominium sa sobrang taas. O kung hindi man, may mamahaling memorial park na pagpipilian sa Valenzuela na may pangunahing pang-anunsiyong tagline: "Guaranteed, flood-free.

#### **4. SAPATERO NGAYONG PASKO NG PAGKABUHAY**

Pero gaya ng karaniwang sapatero, nagkukumpuni rin si Gil ng sirang bag. Nakapuwesto siya sa Dapitan malapit sa kanto ng M. De La Fuente. Wala e, sabi niya hintayin ko na raw ang ipinakumpuni kong leather bag (naks, sosyal!) dahil mabilis lang naman daw. One hundred fifty lang daw para sa kinse minutos na trabaho bago umuwi.

“Kahit Linggo? Easter ngayon, Pasko ng Pagkabuhay?”

“Half day lang. May nagpapagawa pa rin ng susi, saka gan’to.”

Ang bag na ipinagagawa ko ang “gan’to.” Maya-maya, may dumating. Gustong patikumin ang isang ngumingiting itim na tigwawalang libong Nike. Bukas na raw balikan dahil pasara na siya. Ayos lang naman sa isang customer na naka-Honda Civic.

“Tingnan mo, meron pa rin,” bulong niya sa akin. Marami raw siyang suki sa UST, mga nagpapakumpuni rin ng bag at sapatos, duplicate ng susi, tahi-tahi. “Sirain ang sapatos, lalo maulan, lalo dito, binabaha.”

Suki na raw niya ang nagpagawa ng Nike. Bago bumalik sa kotse, nilinaw niya sa suki: “Tatahiin o epoxy?” Epoxy.

Mahigit sampung taon na siya sa kapiranggot na pwesto. One by three meters, tantya ko. Magkano kako ang renta sa pwesto, magkano siya nagsimula.

“Seven thousand. Dati, four lang.” Iyan ang kuwenta niya sa abstruse economic indicators ng ekonomiya sa paligid ng Dapitan. Tatlong libo ang itinaas sa sampung taon.

Kapag karaniwang araw, alas-siete siya nagsasara. Uuwi sa San Jose del Monte via Fairview.

“Ayokong magdaan sa Marilao (sa Bulacan), mahal ang pamasahé, saka ilang ilang sakay rin ako.”

Pero hindi karaniwang araw ngayon kaya hanggang alas-tres lang ang sapatero.

“Sapatero ako dati sa Sto. Niño, Meycauayan. Nagsara. Nauso ang made-in-China. Kaya, heto, lakasan lang ng loob,” ang pagbubukas ng sariling shop ang ibig niyang sabihin.

Kinokortehan niya ang pantapal na katad (leather sa Ingles, para sa mga igno). Makapal ang katad. Pero, gaya ng mga eksperto, hangang-hanga akong parang ginupit na papel lang ang lahat. Ang galing ng gunting mo, sabi ko. Knowing all too well na magaling talaga ang pihit niya sa gunting. Inilapit niya sa akin ang gunting ng katad, manipis, pangkaraniwan.

“Made-in-China,” pagmamalaki niya sa akin, “Limang taon na sa akin ‘to.”

“Taga-Bulacan ka, pero parang hindi tunog taga-Bulacan ang salita mo?” Iyong tono ang ibig kong sabihin. Wala ang taas-baba-ipit sa salitang makakaringgan ko lang sa mga taga-Bulacan, sa mga Bulakenyo.

“Masbate talaga.” Pinapalo-palo ni Gil ang rematse (rivet sa igno, oo, ako ‘yung igno kanina, lintek na rivet ‘yan) para bumaon sa pinag-sandwich na katad na tatangnan ng bag.

“Aroroy?”

“Hindi, Masbate, sa kapitolyo. Malapit sa kapitolyo. Alam mo ‘yung amin?” Hindi, kako, naghula lang ako dahil taga-Aruroy ang isang barkada ko.

Pukpok para bumaon ang rematse. May asero sa tuktok, hindi sa mismong rematse ipinapalo ang malyete.

“Hindi kayo umuwi ng pamilya mo? Mahal na Araw a.”

“Mahal.” Ang pamasahé siyempre ang tinutukoy niya, hindi ang araw.

“Ilan ba kayong uuwi sana?”

“Anim anak ko.”

“Wow! Ang saya!”

“Dadalawa pa lang napapatapos ko ng college dun.”

“Ay hanep, astig!” Ang saya. Ang baba ng loob ni Gil. Parang, oo nga, kulang pa. Dadalawa pa lang ang napagtatapos niya sa panahong itong pangkaraniwan ang hindi nagtatapos. Tapos matatapos na ang bag ko.

Tumayo si Gil. Kininis sa makina ang pinagpatong na katad para maglapat, pumantay, kuminis, gumanda, hindi mahalatang bagong kumpuni ang leather bag; hindi dapat mahalatang kinukumpuni ang leather bag, nakababawas sa dangal ng pag-iral ng matibay na bag ang masira.

Sinipat-sipat, iniabot sa akin. Isinukat ko. Swak. May ipapagawa pa koko ako. Leather ballpen cases naman. Nabili ko sa Thailand. Bukas pa raw siya mamimili ng katad sa Binondo.

Bakit kako hindi siya sa Meycuayan, sa epicenter ng tannery production sa bansang ito, siya bumili? Malayo, mahirap daw ibiyahe. Hindi naman daw nagkakalayo ang presyo ng leather sa Binondo at Meycauayan. At, oo, dun siya dati nagtratrabajo. Buti hindi ako sinagot ng "I should know."

"Ang ganda ng bag mo. Simple lang pero ang ganda. Kakaiba."

Hindi ko alam kung pinupuri niya ang lahat ng ginawa niya. "Ang ganda ng sapatos mo... ang ganda ng bag mo... ang ganda ng susi mo... ang ganda ng tsinelas mo..." Pero, siyempre maganda, not to mention maanggas, ang bag kong gagamitin bukas.

"Ano trabaho mo?"

"Titser d'yan."

"Sa'n?"

"D'yan. Sa UST."

"Propesor ka, Ser?" Biglang nagka-Ser!

"Oo, hindi lang halata." Tawa kami pareho.

"Maraming nagpapagawa sa akin d'yan. Baka kakilala mo, Ser."

"Baka hindi, marami kami." Iniabot ko ang one-fifty.

Nagliligpit na siya ng gamit. Nakangiti, pasipol-sipol. Ako naman, ibinukas-isinara ang bag na parang walang marka ng kumpuni.

Isasara na ni Gil ang ang shoe-and-bag repair shop niya na, kahit anong kuwenta ko, parang hindi half-day dahil pasado alas-tres na nagsara ngayong Linggo ng Pagkabuhay, na para kay Gil, marahil, isang karaniwang Linggo rin ng kabuhayan.

# PUMAYAT, YUMAMAN, UMIBIG: Hindi Ako Relihiyoso Pero Espiritwal Akong Tao

U Z. Eliserio

## *Adik Ako*

Adik ako. Adik ako sa kanin. Adik ako sa tsitsirya. Adik ako sa softdrinks. Adik ako sa baboy at manok. Adik ako sa alat at tamis. Adik ako sa taba.

Noong lumalaki ako lahat ng lalake sa paligid ko, nagsisigarilyo at umiinom. Iyong mga nagsisigarilyo, nakita kong nagkasakit. Ang marami sa kanila, dinaluhan ko ang burol. Iyong mga umiinom, nakita ko ring nagkasakit. Hindi lang iyon, pag nalasing, nakita ko silang nanakit. Kung hindi naninigaw, humahagulgol. Kundi man nanakit nang pisikal, nagpapasakit pa rin ng ulo ng mga tao sa paligid nila. Hindi lang kapitbahay, pati mga mahal sa buhay.

Kaya sabi ko sa sarili ko, hindi ako tutulad sa kanila. Hindi ako magiging lulong sa bisyo. Akala ko, pag umiwas ako sa alak at yosi, ayos na. Mali pala.

Pihikan ako sa pagkain. Mas gusto ko ang pritong baboy kesa gulay. Nang una akong magtrabaho, sa Laguna, sa isang sikat na unibersidad, unang beses ko ring bumukod. Hindi ako marunong magluto, kaya lagi akong sa labas kumakain. Araw-araw, kundi inihaw na baboy, lechon kawali ang pagkain ko. Pero minsan, para maiba, roast chicken. Sinigang na baboy lang ‘ata ang kinakain ko noon na merong green.

Ang malala pa, napadalas ang midnight snack ko. Nasa may gate lang kasi ng unibersidad iyong sikat na fastfood, bukas beinte-kuwatro oras. Ilang kanto lang ang layo mula sa apartment ko. Kasama iyong kapwa gurong naging kabarkada, halos gabi-gabi ang pagkain ko ng french fries at ice cream,

at pag-inom ng softdrinks. Itong softdrinks talaga ang pinaka-kinaadikan ko. Apat na taong gulang pa lang kasi ako, lulong na ako sa itim na likido. Itong softdrinks, at hindi langis, ang tunay na gintong itim. Ang dami ko na sigurong pinayamang tindero't tindera. Nitong 2016, tatlong beses isang araw ako kung uminom ng softdrinks!

Hanggang ngayon, hinahanap-hanap ko pa rin ito. Habang itina-type ko ang mga salitang ito, naglalaway ako. Adik, e. Hinahanap ko ang sitsaron na kinakain ko habang nanonood noon ng piratang DVD. Dinidilaan ko ang aking mga labi, gusto kong masalat ang balat ng manok na deep fried. Wala na yatang mas magandang tunog sa mundo kundi lagatok ng balat ng crispy pata.

Walang hanggang ang pakikipagtunggali ko sa pagnanasa ko sa kanin.

Marami ang magsasabi, e bakit si Aling Tekla, baliktad pa manigarilyo, nobenta anyos na, malakas pa. Tsaka si Mang Gulay, gulay lang kinakain, ayun nasagasaan ng trak, gulay na lang ngayon. Hayaan mo lang silang manigarilyo. Pero pag narinigarilyo sila, at umiinom, iwasan mo sila. Bisitahin mo sa ospital pag nagkakanser. Dalawin mo sa burol.

Totoo naman na puwede tayong mamamatay sa aksidente. Kaya nga tayo nagsusuot ng seatbelt, para sakaling mabangga ng trak ang sinasakyang nating taxi, hindi tayo lumusot sa windshield. Totoo rin naman na maraming hindi nagsusuot ng seatbelt ang ligtas pa ring nakakapagbiyahe araw-araw. Totoong kahit gulay lang ang kainin mo, mamamatay ka pa rin. Totoo ring kahit araw-araw ka tumungga ng softdrinks, may tsansang hindi ka magkadiabetes.

Pero totoo rin ito: adik ka.

Wala kang pinagkaiba sa mga nagsisigarilyo. Wala kang pinagkaiba sa lasenggo. Wala akong pinagkaiba sa nagsa-shabu. Wala tayong pinagkaiba sa nagra-rugby.

Iyon ang nakakainis. Iyon ang nakakahiya. Hindi na nga natin kontrolado ang mundo, pati sarili natin wala rin tayong kontrol. At ito ang nakakagalit: pinagkakakitaan tayo. Hindi lang tayo walang kontrol, kinokontrol tayo.

Adik ka pag hindi mo kontrolado ang sarili mong pagnanasa. May isa pang tawag dito: alipin. Ayoko nang maging adik. Ayoko nang maging alipin.

## *Pagbibilang ng Calories*

Ilang beses na akong nagsusubok magdiyeta. Lagi akong nabibigo. Sabi kasi ng kaibigan ko, kailangan daw kalusugan ang target, hindi pagpayat. Kundi, laging kabiguan ang mahihita. E, hindi ko naman kasi gustong pumayat. Hindi ko rin gustong lumusog. Ang gusto ko lang, tumigil ang sakit.

Isang beses lang naging matagumpay ang diyeta ko. Nagkasakit kasi ako, at kinailangan kong umiwas sa baboy, manok, softdrinks, sitsirya, at bawasan ang aking kanin. Nagawa ko, isang taong puro isda lang ang kinain ko. Pritong tanigue o gutom o sakit. Dahil super ang sakit, at ayaw ko rin namang magutom, kinain ko 'yung isda. Masarap naman. Kaso, nang gumaling ako, balik ako sa dati. Una, manok. Pagkatapos, sitsirya. Tapos, baboy. Saka softdrinks. Saka labis-labis na kanin. Hindi na ako ulit kumain ng baka.

Manok ang pinakana-miss ko, kaya iyon ang una kong binalikan. Lahat kasi ng uri ng manok, gusto ko. Basta ba prito at inihaw. Ang baboy na gusto ko, inihaw, lechon kawali, tsaka crispy pata. Pero ang masarap pala sa lahat, kanin. Hindi ko maisip kung paano ako nabuhay sa one cup rice.

Pagurin kasi ako. Tsaka nerbiyoso. Gusto ko sanang maging malakas. 'Yun bang maraming adventure. Pangarap kong mag-sky diving. Kaso, bago sumabog ang puso ko kaya sinusubukan kong magpaka-healthy. Para puwede akong tumulon mula sa tuktok ng isang gusali sa Dubai nang hindi inaatake sa puso. Nakikita ko ang aking sariling may hawak na katana, o di kaya'y nagbوبoksing. Kaso baka tatlong minuto pa lang, lupaypay na ako sa pagod.

May kaibigan ako, mataba noong kolehiyo. Pumayat lang s'ya dahil nag-tubig/Skyflakes diet s'ya. Hindi ko naman gustong pumayat. Ang ayaw ko lang, magkasakit. Tsaka, syempre, mamatay. May diabetes ang lahi namin. Higit pa dun, borderline na ang hypertension ko.

Ang ginagawa ko ngayon, pagbibilang ng calories. Kailangan daw ng 2,000 calories ng isang tao araw-araw. Ang target ko ngayon, 1,900 araw-araw. Pag kinontrol mo kasi ang calories mo, pati intake mo ng sodium, sugar, fat, at kolesterol, mababawasan na rin. Ang agahan ko ay Skyflakes, 170 calories. Ang tanghalian ko ay kanin (200) at isang pirasong manok (350). Ang hapunan ko ay kanin at isang pirasong baboy (350). Ibig sabihin, may 630 pa ako para sa meryenda!

Ang mahirap ay ang pagtanggi sa ulam. At sa kanin. Samantalang nakasulat sa pakete ng mga nabibili sa grocery at sari-sari ang calories na meron sila, iyong mga galing sa palengke, walang tala. Estima lang ang mga bilang na isinulat ko sa itaas.

Hindi ako mahusay sa matematika, pero mahilig ako sa pagbibilang. Hindi lang sa sumbatero ako, gusto ko talaga na nasusukat ang mundo. Hindi kasi nasusukat ang sarap sa pagkain e, pero ang calories, oo.

Sumasabog ang utak ko pag binabasa ko ang nutritional breakdown ng mga sitsiryang dati-rati'y nilalamon ko nang walang pag-iisip. Ang hilig ko pa naman ay iyong mas malaking lalagyan. Pakiramdam ko, pag mas malaki ang bag o tube, mas malasa. Hindi ko alam kung totoo 'yon. Ang alam ko lang, pag nagbulag-bulagan ako, mas malaki ang babayaran ko sa ospital. Ang isang maliit na bote ng pinakamasarap na inumin sa mundo, sapat na ang lamang sugar para punuan ang maximum na maaaring ikonsumo ng isang tao sa loob ng isang araw! Paalam, softdrinks! Mahal kita, pero mas mahal ko ang buhay.

Ang masaya sa pagbibilang ng calories, para itong laro. Pag nakikita ko kung ilang calorie meron ang bibilhin kong produkto, para akong nabibigyan ng piyesa sa isang malaking puzzle. Magkakasya ba ito sa itinakda kong 1,900 araw-araw? Merong mga kompanya, tinatago ang tunay na bilang ng calorie ng produkto. Akala mo, 300 lang, mababa. Iyon pala, 300 per serving! E, ang laman ng isang pakete, tatlong serving! Hindi pala 300 lang, 900 pala ang laman. Para tuloy akong detective. Naghahanap ng clue, nag-iimbestiga ng pilit na itinatago. Ang iba lang dito, imbes na maghanap ng hustisya para sa krimen, kaya kong pigilan ang krimen bago ito mangyari--ang krimen: ang pagpatay sa akin ng mga pinakamamahal kong pagkain.

### *Ang Huli Kong Sapatos*

Huling linggo ng Agosto nang masira ang paborito kong sapatos. Iyong kanang pares. Pasiyam na ng biyenan ko, kaya nagpunta kami ng asawa ko sa Shrine of the Divine Mercy para magpamisa. Kakaiba ang estruktura ng Divine. Ang two-thirds ng lote, sa kanan, naree ang simbahan. Ang one-third sa kaliwa, pababa. Naroon sindihan ng kandila, ang estasyon ng krus, at ang bilihan ng mga rosaryo at iba pang relihiyosong produkto. Sa kaliwa kami tumungo, pababa, pero sa dulo, kakanan kami para umakyat ng hagdan, paloob sa likod ng simbahan, kasi naroon ang opisina. Doon nasira

ang sapatos ko. nagmukha na itong aso sa cartoons, iyong malaki ang bibig at nakalawit ang mahabang dila.

Syempre, sarado ang opisina. May gate na nakaharang kaya kinailangan kong pa tumanaw. Wala pala sila pag Lunes.

Para akong loko-loko sa pagbaba. Dahil buka na ang swelas ng sapatos, pag inangat ko ang paa ko, mas mabigat ang dating dahil hindi kumportable. Nakakawala ng balanse. Para hindi bumuka, kailangan ko itong kaladkarin. Maingay na, at lalo pa itong nasisira.

Pagkababa ng hagdan, kinailangan naming umakyat ulit papunta sa harap ng simbahan, nagbabakasakaling may makakausap doon na puwedeng pakiusapan. Mas nasira ang sapatos ko sa aspal tong daan. Sa may gitna, binigyan ako ng asawa ko ng goma para masara ang bibig ng sapatos. Gumana naman, pansamantala. Imbes na ang inihiwasan kong pagkapigтал ng sapatos, ang nangyari'y napunta ang goma sa may gitna nito. Buka pa rin ang bibig ng sapatos, hindi na nga lang sobrang laki tulad nang nauna. Para pa rin itong asong cartoons na nakalabas ang dila.

Sa simbahan, wala kaming nakitang makakausap. Ang meron lang doon ay envelope na paglalagyan ng dasal, pero walang tao na makapagsasabi sa amin kung mapagdadasal nga ang biyenan ko sa araw na iyon. Bumaba kami ulit para magsindi na lang ng kandila. Nagsindi ako para sa biyenan ko, at para na rin sa tatay ko. Limang piso kada kandila ang suhestiyong donasyon.

May naaninag akong guard. Kinaladkad ko ang sapatos ko papunta sa kanya. Suwerte. Itinuro n'ya ang isa pang opisina sa tabi ng bentahan ng mga rosaryo. At doon nga, nakatagpo kami ng taong hindi man naipangakong maipagdadasal ang biyenan ko sa araw na iyon, nangako namang maipagdadasal s'ya sa unang misa kinabukasan. Umuwi kami ng bahay, kung saan nag-"Magandang hapon ako" sa bisitang babaeng nasa salas na hindi ko napansin ay nagrorosaryo pala para sa byenan ko. Iba ang padasal sa bahay, at iba ang sa simbahan.

Umakyat ako para magbihis. Bilib na bilib ako sa goma, kasi hindi ito napigtal. Hinayang na hinayang ako sa sapatos ko, kasi tatlong taong gulang lang ito. Pero paborito ko kasi, kaya madalas ito ang nasusuot ko. Ang una kong naisip, kailangan kong bumili ng bago. Pero mali, kasi gastos iyon. Meron pa naman akong ibang sapatos na maisusuot.

Sunod kong naisip, ipamigay na lang ang sapatos. Ayos pa naman ang kaliwa, at konting rugby lang ay sasara na ang bibig ng kanan. May mabuting pakiramdam na nakukuha mula sa pagtulong sa kapwa.

Kaso, naisip ko, ba't ko naman ipamimigay? Kung maipapaayos pa 'yung sapatos, e di pwede ko pang isuot! Maglalabas lang ako ng kaunting pera, at masusulit ko nang lubos-lubos ang sapatos ko.

Awa ng Diyos, nasa lalagyan ko pa rin ang sapatos magpasahanggang ngayon. Sira pa rin ito. Plano ko pa ring ipaayos. Plano ko pa ring ipamigay. Hindi ko alam kung aling landas ang pipiliin ko. Pero alam ko kung alin ang hindi ko pipiliin: ang pagbili ng bago. Hanggang meron pang luma na ayos pa naman, mapasapatos man ito, o bag, o cellphone, hindi ako bibili ng bago. At kung pwede pang ipaayos ang nasira, hindi ako bibili ng bago. Tapos na ang araw ng pagsasayang ng pera. Ang mga gamit ko ngayon ang huli kong gamit. Ang sapatos ko ngayon ang huli kong sapatos.

### *Papuri sa Pera*

Ang punto ng pera ay pera. O, mas mainam sabihin, mas marami pang pera. Tulad din ng mga hayop, tao, halaman, at mismong sansinukob, layunin ng pera ang mabuhay. Pangkalahatan ang utos sa Henesis: "Humayo kayo at magpakarami."

Maraming tao ang magsasabing hindi pera ang mahalaga. Hingan mo sila ng isang milyon. Hindi nila ibibigay sa 'yo. Hingan mo ng isang daang libo. Hindi nila ibibigay sa 'yo. Hingan mo ng piso. Hindi nila ibibigay sa 'yo. Dalawang uri lang ng tao ang nagsasabing hindi mahalaga ang pera. Iyong ayaw mabawasan ang pera nila (mga ipokrito), at iyong walang pera (kaso ito ng sour graping).

Hindi ko sinasabing pera ang pinakamahalaga sa lahat. Ang pinakamahalaga sa lahat ay buhay. Ang punto ng buhay ay buhay. At ang pera ang isa sa tatlong paraan para mapanatili ang iyong buhay (ang dalawa pa ay sarili at kapwa).

Binibigyan ka ng pera ng seguridad. Pag meron kang sweldo, meron kang magagastos sa pang-araw-araw na buhay. May pambili ka ng pagkain, pambayad sa renta, pambayad sa tubig, kuryente, at Internet. May pambili ka ng damit. Pag meron kang insurance at ipon sa bangko, sakaling may sakuna o aksidenteng naganap, meron kang tatakbuhan.

Ito rin ang silbi ng credit. Hindi dapat ginagamit ang credit card sa mga walang kakuwenta-kuwentang bagay, tulad ng malaking telebisyon, mamahaling sapatos, at iba pang luho. Ginagamit ang credit card para sa regular na gastusin, na kagyat namang dapat bayaran gamit ng pera mula sa sweldo. Kailangang gamitin nang regular ang credit card para lumaki ang potensyal na maaari mong utangin, nang sa gayon, pag magkaroon ng sakuna o aksidente, meron kang matatakbuhan.

Mahalaga ang pera dahil pag may sakit ang nanay mo, pera ang ipambibili mo ng gamot. Pag gutom ang anak mo, pera ang paraan para kayo magkapagkain. Hindi pa naman maipambibili ng grocery ang kagandahan.

Ang problema sa pera, dahil palagiang nag-iimprenta ang gobyerno nito, taon-taon lumiliit ang halaga nito. Magtanong ka lang sa kahit sinong matanda, at sasabihin n'ya sa 'yo kung gaano na kaliit ang halaga ng isang daang piso ngayon, samantalang noong panahon n'ya, napakarami nang mabibili ng beinte pesos. Ang tawag dito ay inflation.

Dahil laging lumiliit ang halaga ng pera, kailangan mong laging pinaparami ang pera mo. Hindi mo ito magagawa sa simpleng pag-asa sa sweldo at pag-iipon. Kailangan mo ng investments at negosyo. Ito ang paradox ng pera. Kailangang marami at parami nang parami ang iyong pera, hindi pwedeng nasa anyong pera ito. Kailangan nasa anyo itong investment at negosyo--na lagi mo dapat handang itransforma pabalik sa anyong pera.

Maaari na, isang araw, magkaroon ng lipunan kung saan hindi sentral ang pera sa buhay ng isang tao, na hindi na rito kailangang nakasalalay para magpatuloy na buhay ang buhay. Lipunan kung saan libre ang pagkain, pambahay, at medisina. Pero hanggang hindi dumarating ang araw na iyon, kailangan mo ng pera.

Pero hindi mo lang kailangan ng pera. Gusto mo ng pera. Gusto mo ng pera, kasi hindi lang seguridad ang alam mong naibibigay nito, kundi sarap. Masarap kumain. Masarap maligo. Masarap matulog. Ibibigay lahat sa 'yo ng pera ang sarap nito. Pero hindi lang 'yon. Ang mismo kita, ang mismong pagyaman, masarap.

Ito ang maganda sa pera, kumpara sa luho. Kunwari bumili ka ng bagong sapatos. Ipinagmamalaki mo ito sa lahat ng kilala mo. Tuwang-tuwa ka pag napapansin ito ng mga tao sa opisina, o kahit pag naglalakad ka sa mall. Pero pagkatapos ng ilang linggo, nawawala na ang kinang ng sapatos. Bago pa rin ito, pero hindi na kapansin-pansin. Ang pagbili lang ng sapatos

ang masarap, pero ang pag-aari sa sapatos, mabilis lang ang dulot na saya. Ang gusto mo sana, bumili ulit ng sapatos para malasap ulit ang sarap ng pagbili. Kaso--wala ka nang pera.

Ikumpara ito sa pera. Kumita ka kunwari, sumuweldo ka. Pagkatapos mabayaran ang renta, pagkatapos bumisita sa bangko para magdeposito, may natira. Iisipin mo, bibili ako ng bagong sapatos. Pero naalala mo iyong huling beses na bumili ka ng sapatos. Nakita mo ito sa sulok ng kuwarto, hindi mo na isinusuot. Imbes na gumastos sa luho, nag-invest ka. Kunwari, bumili ka ng ingredients, at nag-bake ka ng cupcake. Ibinenta mo ito. Ang sarap! Ang sarap ng cupcake, at ang sarap ng pagkita ng pera. Tulad din ng pagbili ng sapatos, panandalian ang sarap. Pero hindi tulad ng pagbili ng sapatos, dahil kumita ka, pagkatapos maubos ng sarap at saya--meron kang pera. Pera na maaari mo ulit ipambili ng ingredients. Pera na paraan para kumita ka ulit--ng mas marami pang pera.

Ang paghabol sa pera ang pinakasimpleng bagay sa mundo--wala kang ibang layunin kundi pera. Hanggang buhay ka, kailangan mo ng pera. Hanggang gusto mong mabuhay, gusto mo ng pera. Papuri sa pera! Mabuhay ang pera!

### *Ang Elise Rio Standard*

May kinukuwento ang kaibigan ko, sekretarya sa kanilang opisina. Hindi siya masisante kahit wala siyang ginagawa. May security of tenure na kasi. Kadalasan, wala sa mesa. Magpapaalam na babanyo, umuwi na pala. Ang sekretaryang ito ang isa sa pinakahinhangaan kong tao. Tawagin natin s'yang Elise Rio. Si Ate Elise. Lahat tayo, may kilalang Ate Elise.

Sa *The Seven Habits of Highly Effective People*, sabi ni Stephen Covey, "Begin with the end in mind." Ano raw ang gusto mong sabihin ng mga tao tungkol sa 'yo pag burol mo na? Doon ka raw mag-concentrate. Ibig sabihin, kung gusto mong sabihin nila, pag wala ka na, na mabuti kang ama, ngayon pa lang, hangga't buhay ka pa, magpakabuti kang ama. Sabi naman ni Greg McKeown, kailangang disiplinado tayo sa pagpupursigi sa esensyal. Meron kasing walang kakuwenta-kuwentang marami, at merong napakahalagang kaunti. Doon dapat tayo sa napakahalagang kaunti magtuon ng panahon. Kung hindi ay kalat-kalat ang ating pagpupursigi, at sa huli, wala tayong mararating. Si Covey at McKeown, pareho lang silang sumusunod kay

Vilfredo Pareto. Narito ang pinakabulgar na paliwanag ng tinaguriang Prinsipyong Pareto (PP), base sa *The 80/20 Principle* ni Richard Koch, ang yaman, saya, pag-unlad, seguridad, lahat ng mabuting bagay na puwede mong maisip, nagmumula lang sa bente porsiyentong (20%) gawain sa iyong buhay. Ibig sabihin, nagpapagod ka sa 80%, pero wala naman iyong nadaragdag nang malaki sa kaligayahan mo.

Nang una kong nabasa, akala ko bolero lang itong si Koch, bola lang ang PP. Pero nang mabasa ko, sa isang librong walang kinalaman sa sariling-sikap (self-help), kundi sa librong *Non-Violent Resistance* ni Todd May, na ang kompanyang GE, noong 1970s, kalakhan ng kita'y mula sa dibisyon nila ng enerhiyang nukleyar, na maliit na bahagi lang ng kanilang negosyo, napatianod ako. Bigla kong sinuri ang aking buhay, at parang conspiracy theorist, o di kaya'y baliw, nakita ko ang PP sa bawat bahagi ng aking buhay. Mas madalas ko nga namang hugutin mula sa bookshelves ang ilang piling libro, na lagi kong pinakukuhanan ng masusing sipi para sa aking mga papel. Mas madalas nga naman akong pumunta sa ilang piling torrent sites, kahit ang daming puwedeng bisitahan sa Internet. Kahit sa paghiga sa kama, meron akong puwestong pinakahilig, at, di man nasasayang, di rin nagagamit, ang malaki-laking espasyo.

Kahit ang pinakamahuay kong guru, na Marxista, nakakitaan ko ng PP. Ayon sa kanya, meron ka daw dapat core na pagtutuunan ng pananaliksik. Nang sa gayon, iyon ang bibigyang-diin mo sa paggamit mo ng iyong intelektwal na lakas-paggawa.

Balik na tayo kay Ate Elise. Si Ate Elise, may apat na anak. Isang doktor, isang engineer, isang abagado, at isang accountant. Lahat ng nagrereklamo sa kaibigan ko tungkol kay Ate Elise, binabara lang n'ya sa pamamagitan ng pagpapaalala sa mga ito tungkol sa apat na anak ni Ate, ang apat na diyamante ng Pamilya Rio. Meron kasing Elise Rio Standard, o Rio Standard. Pag di ka umabot dito, di ka priority. Pag di ka pasa sa Standard, wapakels si Ate Elise sa iyo. Anong mga aktibidad ang pumapasa sa Rio Standard? Pag-aalaga ng anak, pagsiguro sa kanilang edukasyon at kinabukasan. Ano ang mga hindi pumapasa sa Rio Standard? Pagtatrabaho sa opisina, pagdalo sa mga pulong. Siguro, noong wala pang security of tenure si Ate Elise, nagpapakitang gilas pa s'ya sa boss. Ngayon, kebs na.

Ganito rin tayo dapat sa buhay. Hindi ko sinasabing magnakaw dapat tayo, o manloko ng kapwa. Ang maganda sa PP, puwede mo itong ilapat sa iyong buhay nang sumusunod pa rin sa batas, at manatiling moral

na tao. Halimbawa, sa pagkain: pag busog ka na, h'wag ka nang kumain. Kasi ang layunin naman natin sa pagkain, mabusog, di mabundat. Halimbawa, sa meetings, kung puwede namang sa email na lang ipaalam ang mga bagay-bagay, h'wag nang mag-set nang harapang pagpupulong. Sa Facebook, tingnan mo, alin ba ang pinakanila-like ng tao sa mga post mo? Ang mga katulad na lang ng pinakasikat mong post ang i-post mo, dahil kaya naman tayo nagpe-Facebook ay para makakuha ng like, hindi para manggalugad ng iba't ibang estilo ng pagpapahayag ng sarili.

Para kay Ate Elise, ang pag-unlad ng mga anak n'ya ang kanyang esensyal na 20%. Ang natitirang 80% ng kanyang buhay, hindi importante, hindi pinapahalagahan. Ang PP ay pagkilala sa limitasyon mo bilang tao. Isipin na lang ang driver na text nang text habang nagmamaneho. Mababangga s'ya. Bakit? Kasi limitado ang kanyang atensyon, pwede s'yang magmaneho nang ligtas, o mag-text. Hindi n'ya pwedeng gawin nang sabay.

Kaya ito ang gawin mo. Ilista mo ang sampung aktibidad na nagpapasaya sa iyo sa buhay. Gayundin, ilista mo ang sampung aktibidad na nagpapalungkot sa iyo. I-rate mo ang mga aktibidad sa dalawang listahan, isa hanggang 10. Sampu ang pinaka-nakakapagpasaya o pinaka-nakakapagpalungkot. Pagkatapos, i-compute mo ang average. Mula sa dalawang listahan gagawa tayo ng apat. Lahat ng mas mataas sa average rating ng mga bagay na nagpapasaya sa iyo, kasama sa listahan na tatawaging "Bokasyon." Lahat ng kasing-taas o mas mababa sa average rating ng mga bagay na nagpapasaya sa iyo, ilagay sa listahan ng "Libangan." Lahat ng mas mababa sa average rating ng mga bagay na nagpapalungkot sa iyo, isama sa listahan ng mga "Tiisin na Lang." At lahat ng kasing-taas o mas mataas sa average rating ng mga bagay na nagpapalungkot sa iyo, isama sa listahan ng "Dapat Iwaksi sa Buhay." Ituon ang iyong buhay sa pagpursigi sa mga nasa "Bokasyon" at pag-iwas sa mga nasa "Dapat Iwaksi."

Hindi lang sa limitado ang kakayahan ng isang tao, limitado rin ang kanyang panahon sa mundo. At sakaling matatay si Ate Elise, ano nga ba ang gusto n'yang marinig sa kanyang burol: "Ang galing-galing n'yang sekretarya, ano?" O: "Isa s'ya sa pinakamahusay na inang kilala ko." Ako, alam ko kung ano ang sasabihin ko sa burol ng isa sa pinakahinahangaan kong tao sa mundo.

## *May Trabaho sa Pila*

Bilang guro, madalas akong magalit noon sa mga estudyanteng nagdadaldalan habang nagle-lecture ako. Lumipas ang ilang taon, at wala nang nagdadaldalan. Lahat na lang, nakatutok sa cellphone. Gusto kong magalit, pero nagi-guilty naman ako. Ako rin naman, nakatutok sa cellphone madalas (hindi habang nagtuturo). Hindi na ako nagagalit, naaawa na ako. Paano, ang mga estudyante ko, pati ako, laging nagtrabaho nang walang bayad. Nagtrabaho sa Internet.

Madalas nating isiping libre ang kinokonsumo natin sa Internet. Pero hindi. Nanonood tayo ng ads. At kahit na may ad blocker ka, pinagsasamantalahan ka pa rin ng mga website. Pag nag-like ka sa aking anong social media platform, pinapalakas mo ang kanilang plataporma. Para itong pagkain sa restaurant, o di kaya'y pagsusuot ng damit na may logo. Ikaw ang patalastas. At pag nag-post ka naman, aba, para ka nang nagluto para do'n sa restaurant, o di kaya'y nagtahi para sa kompanya ng damit. Gumawa ka ng produkto na ikokonsumo ng ibang kustomer. At hindi lang iyon, sa tuwing gumagamit ka ng social media, naglalaan ka ng oras para dito imbes na para sa ibang bagay, tulad ng pagtulog.

Kung libre nga raw ang isang serbisyo, hindi ka kustomer--ikaw ang produkto. Sa libreng games, halimbawa, kung di ka nagbabayad, kundi ka man produkto, empleyado ka pa rin. Kasi kung di libre iyong laro, mas kaunti ang maglalaro. Paunti nang paunti, hanggang sa wala nang naglalaro. Sa isalaban-sa-isa, ang manlalarong malakas gumastos sa laro, kailangan ng kalaro--ang empleyadong walang bayad kundi ang maging kalaro ng mga malakas gumastos. Isipin na lang ang mga larong lima-laban-sa-lima, o di kaya'y isalaban-sa-siyamnapu.

Merong magsasabi, e ano naman. Di ba masayang tumingin-tingin ng picture, manood ng videos, maglaro ng games. Hindi ba't patas lang ang palitan? Atensyon at paglikha ng content, kapalit ng aliw. Pero hindi, kasi kalakhan sa yamang nililikha ay napupunta sa kompanyang may-ari ng social media. Gayundin, pag-aari nila ang nalilikha mong content. (Kung hindi naniniwala, basahin ang kanilang terms and conditions.) At panghuli, dahil nga ad-based ang pinagmumulan ng kanilang benta, itong click society ay kapatid ng consumer society. Sa huli, mawawala pa rin sa iyo ang pera mo. Ano ba naman ang ginagawa ng mga nakakapanood ng ad kundi komunsumo? At hindi kailangang produkto ng napanood mong ad! Lahat ng ad, iisa lang sa huli ang mensahe: bumili.

Kaya, sa mga klase ko, nakakaawa ang mga estudyanteng panay ang trabaho. Akala natin nakakatakwas tayo sa pagkabagot, nagtatrabaho pala tayo nang walang bayad. Ganito rin sa mga pila sa jeep, o sa mga byahe sa bus na mahaba-haba. Imbes na magpahinga ang mga mata at utak, panay pa rin tayo sa kognitibong paggawa. Kahit pagod na ang ating isip at diwa, kailangan pa ring boluntaryong pataasin ang views.

Ano ang pwedeng gawin? Pwede tayong umiwas sa social media, at sa gadgets mismo. Napakahirap iyong gawin, at sa pinakahuling sarbey ng Eliserio Surveys, ang limang pinaka-nakakaadik na bagay sa mundo ay asukal, alak, sigarilyo, caffeine, at screen. Ang mas madaling gawin ay yakapin na lang ang sistema. Imbes na magtrabaho nang libre para sa kung ano-anong multinasyonal na kompanya, makisagpang na lang sa kanilang nilalamon. Matutong i-monetize ang iyong social media profiles. Gumawa ng sarili mong video channel, nagme-makeup ka man o nambabaril ng kung sino-sino sa games. Mas nakikita mo kung ang mga estratehiya sa manipulasyon sa Internet, mas lumalakas ang resistensya mo rito. Kaya sa susunod na pumila ka, ilabas ang cellphone at simulan ang live blogging.

### *Sanayan Lang ‘Yan*

Lahat ng bagay, sanayan. Cellphone ba una mong tinitingnan pagkagising? Nasanay ka na kasi. Ito ang gawin mo, bago ka matulog, ilipat mo sa ibang kuwarto, o sa drawer, o sa ref‘yung cellphone. Kita mo paggising mo, hindi cellphone ang una mong tititingnan. A, ano ‘yon, cellphone ang huli mong tinitingnan bago matulog? Sanayan lang ‘yan.

Lahat ng ginagawa mo ngayon, resulta ng araw-araw, buwan-buwan, at taon-taong sanayan. Hindi ko na itatago sa wika ng agham ang mga pahayag ko. Maniwala ka na lang. At kung may duda ka? Sige, maglaro tayo ng “kunwari,” ibig kong sabihin, “Kunwari, totoo na sanayan lang lahat. E, ano ngayon?”

Kung totoong sanayan lang lahat, ibig sabihin, walang hindi puwedeng baguhing ugali. Paninigarilyo, alak, kahit ano. Kailangan lang sanayin mo ang sarili mong gumawa ng ibang bagay. Siyempre, napakahirap nun. At walang mahikang solusyon na bigla sa lahat ng problema mo. Taon ang inabot para masanay ka sa mga ginagawa mo ngayon. Taon din ang kakailanganin para magbago ka

Siyempre pa, hindi naman lahat ng nakasanayan natin, masama. Iyong pagmano mo na sa ina mo pag nakita mo s'ya, nagdudulot ng kasiyahan sa iyong dalawa. Ba't mo babaguhin? Pero kunwari, laging galit ang sagot mo sa lahat ng problema, maliit man o malaki. Problemang malaki 'yan. Baka mapatay ka sa trapik. O, di kaya, may masabi kang hindi mo na mababawi. Kaya kailangan, pasabugin mo. Hindi 'yung kinagalitan mo, kundi iyong nakasanayan mong gawin na magalit sa bawat harang na nakakaengkuwento. Ito ang turo nina Tony Robbins sa *Awaken the Giant Within*, gayundin ni Charles Duhigg sa kanyang *Habits*.

Paanong magpasabog? Ang ibang tao, nagbibilang hanggang isang daan. Puwede ka ring tumawa, o di kaya'y umalis muna sa lugar. Mas mainam nang magmukhang gago, kesa makipagsigawan o makipagsapakan.

Maglaro tayo ulit ng "kunwari." Kunwari, puwede ngang magbago. Kunwari, pwede kang magbago. Ang tanong: bakit? Anong motibasyon mo para magbago? Kasi kung wala ring insertivo, mahirap iabandonna ang nakasanayan na.

Hindi ako relihiyoso, pero espiritwal akong tao. Ang tingin ko sa buhay ay laro. Dalawang bagay ang ibinibigay sa atin ng pagkukunwaring ito. Una, na ang buhay ay may alituntunin. Halimbawa, sa basketbol, hindi mo wedeng sikuhin ang mukha ng may hawak ang bola. (Yata? Hindi ako marunong magbasketbol.) Ano ang mga alituntunin ng laro na siyang buhay? Merong mga batas, at may ilang batas na dapat sinusunod. Merong etika at moralidad, na puwede nating sundin depende sa trip. Meron siyempreng mga batas ang pisika na hindi puwedeng baliin. Sa madaling sabi, labas sa pagkilos nang mas mabilis sa bilis ng liwanag, at ilang batas katulad dito, madamidami din ang ating mga kalayaan.

Pangalawa, kung ang buhay ay laro, ang buhay ay may layunin.

Ano ang layunin ng buhay? Ito ang maganda, ang buhay ay parang MMO, o massively multiplayer roleplaying game. Bukas itong uri ng laro, ibig sabihin, ikaw ang magsasabi kung ikaw ay "panalo" o "talo." Sa ganitong paraan, hindi ito tulad ng basketbol. Ang nakakatakot sa ganitong uri ng laro, ikaw ang kailangang magdesisyon para sa sarili mo. O sige, puwede namang makinig ka sa payo ng iba. Pero h'wag magpapakaalipin, sa mga magulang man o sa mga politiko. Kahit nga, hindi natin mababali ang ilang batas ng pisika. Halimbawa? Kamatayan. Ang kamatayan ang hindi maaalpasang abot-tanaw ng lahat ng aktibidad ng tao. Sa ilalim nito maaari nating isaayos lahat ng paniniwala at diskurso natin.

Pero, pero, pero... laro nga lang itong lahat. At wala naman talagang kamatayan, meron lang buhay. Ganito kasi: namatay ka na. Ilang beses ka nang namatay. Pero, dahil nga laro, ni-reset mo at nabuhay ka ulit. Pwede kang pumili ng punto sa laro, sa buhay, kung kailan ka babalik. Pinili mong dito, dito mismo, sa ganitong uri ng pagkakasaayos ng buhay mo, bumalik. May ibig sabihin iyon. Itanong mo sa sarili mo, bakit ako dito bumalik?

Ngayon, kung ang buhay ay laro, bakit hindi ka na lang mayaman? Bakit hindi ka na lang pwedeng pumitik para makuha ang lahat ng gusto mo? Isa sa mga pinakapaborito kong laro noong nasa high school pa ay *Civilization II*. Hindi ito ang pinakamahusay na bersyon ng laro, pero ito ang pinakamamahal ko. Sa *Civ II*, may "toggle cheat mode." Pag pinindot mo iyon, puwede kang lumikha ng walang hanggang hukbo, o di kaya'y pumatay na lang bigla ng kaaway. Pag natatalo ako noon, pinipindot ko ang "toggle cheat mode." Pinapatay ko ang kalaban kong computer. Pero, hindi rin ako masaya. Hindi masayang manalo kung daya. Kailangang may tsansang manalo ang kalaban mo, kundi walang saysay ang iyong tagumpay. Ibig kong sabihin, sa buhay, kung hindi ka puwedeng mabigo, hindi ka talaga tunay na nagtagumpay. Kaya, kahit laro lang ang buhay, may alituntunin ito. Kaya hindi natin alam, isang daang porsiyento, na laro lang ito. Laging "kunwari, laro ang buhay..." Kinakalimutan natin sa tuwing nag-rereset tayo (i.e. namamatay). Dahil walang kamatayan kaya may kamatayan. Kasi itong buhay na ito, ito ang iisang buhay ng bersyon na ikaw. Ang bersyon na naglalaro, hindi s'ya ikaw. Ang ikaw na ikaw na totoo, ang tanging ikaw, ay ang ikaw na nagbabasa ng mga salitang ito. Magkaiba ang ikaw na inaalala at ang ikaw na umaalala, ang ikaw na naglalaro sa buhay na ito (na may kamatayan) at ang ikaw na naglalaro sa buhay sa labas (na walang kamatayan).

E, ano ngayon?

Ang mabuting balita, puwede mong itigil ang lahat ng hindi mo gustong gawin. Kasi laro lang ito lahat. Ang mas mabuti pang balita, merong kamatayan. Iisa lang ang buhay na ito, kaya ito ang pinakamasarap. Parang huling french fries. Pag marami pa, di mo binibigyang-halaga. Pag kaunti na lang, pag isa na lang, ibang usapan na iyon.

Ikaw na ngayon ang magdedesisyon. Ituon mo ang iyong buhay sa kahit anong bagay, kahit anong trip mo. Lahat ng oras mo, doon mo ibuhos. Lahat ng enerhiya, lahat ng lakas, lahat ng pag-ibig. Pag namatay ka, ire-reset lang naman ng ikaw na hindi namamatay ang laro. Puwedeng ituon ng ibang bersyon mo ang kanyang atensyon sa ibang bagay, o puwede ring sa bagay na

pinili mo. Pero hindi ka pa patay. Puwede ka pang pumili. Pag pumili ka na, wala nang atrasan. Lubos-lubosin mo. Ito ang tinatawag na mabuting buhay.

### *Dalawang Mukha, Dalawang Utak*

Kailangang laging dalawa ang mukha mo. Ang mukha mong panlabas (na hindi ko tatawaging maskara dahil mukha mo talaga ito), ang mukha mong panloob. Ang una, ito ang ipinapakita mo sa karamihan. Nagbabago-bago ito depende sa kung sino ang iyong kausap. Hindi ito panloloko. Pareho ka bang kumilos sa harap ng 'yong magulang at sa harap ng iyong mga kaibigan? Iyon nga lang kasama mo ang isang kaibigan, iba ka sa pag kasama mo ang buo n'yong barkada. Kailangan lang, gawing mas aktibo ang ganitong pagbabago ng mukha. Nang gayon, mas kontrolado mo.

Ano ang bentahe sa 'yo pag kontrolado mo ang mukha mong panlabas? Kumokonti ang iyong kaaway, una. Ang gusto kasi ng mga tao, maging tama. E di 'yon ang ibigay mo sa kanila. Sa kasaysayan ng sangkatauhan, meron bang nanghingi ng payo na humihingi talaga ng payo? Ang gusto lang talagang marinig ng karamihan sa mga tao ay ang sarili nilang pasya. E di 'yon ang ibigay mo sa kanila. Kasi pag kumontra ka, makikita ka bilang kaaway. Kundi man kaaway, hadlang. Ang gusto mo, makita bilang kaibigan. Sino naman ang ayaw sa kaibigan?

Isa pang bentahe: nakikilala mo talaga ang ibang tao. Pag mukhang panloob lang dapat ang ginamit mo bilang mukhang panlabas, ang nangyayari madalas hindi ka nakikinig. Kasi, dahil nga tao, gusto mo ikaw ang maging tama. Gusto mo igiit na ang asersyon mo ang katotohanan. Pag suot mo ang mukha mong panlabas, maiiwasan mo ito. Wala kang igiit, kaya may panahon ka para intindihin kung bakit ganito at ganire ang iginigiit ng iba. Hindi ba masarap ang luto ng byenan mo? Purihin mo pa rin. Baka di ka na paglutuan pag sinabi mo ang ayaw n'yong marinig

Ang mukha mong panloob ay para sa sarili mo lang, at siguro isa o dalawang taong malapit talaga sa iyo. Pribado ang mukha mong panloob, wag mong ipapakita sa madla. Hindi dahil pangit, kundi dahil ubod ng halaga. Parang binukot, dapat hindi basta-basta nasisilayan.

Kailangan din, dalawa ang utak mo. Ang una mong utak, iyong may alam ng gusto mo, ng mga layunin mo. Ito ang may kontrol sa mukhang panlabas mo. Ang pangalawa mong utak, iyong utak ng kausap mo. Higit

pa sa pakikinig sa kanya, kailangang pasukin mo ang kanyang utak. Ano ang kanyang mga motibasyon? Ano ang kanyang mga pagnanasa? Ano ang kanyang mga pangarap? Pag di mo ito nagawa, baka mabutas n'ya ang mukhang panlabas mo. Sayang naman, maganda pa naman.

Sa pangalawa mong utak, kailangang kalimutan ang sarili. Wag magpalimita sa mga karanasan mo, kasi iba ang buhay ng kausap mo. Baka meron s'yang pinanggagalingan o pinagdadaanan na hindi mo alam. Gamitin ang iyong imahinasyon. Wala namang nagagalit nang walang dahilan. Wala namang nagmamadali nang walang dahilan. Wala ngang umiihi sa pader nang walang dahilan.

At kung sasabihin mong ayaw mong pagtaksilan ang iyong awtentikong sarili, e di sige. Gusto mo bang mapagalitan, masapak, maputulan ng ugnayan? Sa ikauunlad ng sarili, dalawang mukha, dalawang utak ang kailangan.

### *Ang Paruparo*

Nitong nakaraang linggo, nakakita ako ng patay na paru-paro. Nagkataong dalawang mahal sa buhay (tito ko at ninong ko sa kasal) ang nasa ospital, kaya di ko mapigilang makaramdam ng ligalig.

Nitong nakaraang taon, namatay ang tatay ng kaibigan ko. Disyembre, kaya sabi sa kanya ng mga tao, "Sayang naman at malapit na'ng mag-Pasko." Nobyembre 1 naman noong 2016 namatay ang tatay ko. Pero walang nagsabi sa akin, "Saktong-sakto, Araw ng mga Patay.

At the conclusion of her essay, Hoque relates an episode from a family road trip where her father asks her to take a photograph of a tree. "I don't know what about the tree is beautiful to him," she ponders as she captures the image by proxy for her father (Hoque). We may see only what the photographer wants us to, but know little of why. "This is something I could ask him, ... but I don't ... Perhaps it's enough that he saw something and wanted to share it" (Hoque). Question unasked, Hoque's attempt at an answer is imparted to her readers, an unsolved mystery that exposes the intricacies of something as everyday as taking a picture of a roadside tree.

I turn now to writer Jessica Faleiro's response to my question about CNF as her choice of form. She explains, "[It] allows me to integrate literary devices to improve narrative flow and appeal to a whole different audience without moving away from the factual accuracy of events that transpired." Like Gutkind, Faleiro too stresses the importance of staying true to the facts while relying upon the elements one would generally associate with fictional storytelling. For Faleiro, this cross-pollination of fact and creativity derives, on the one hand from the personal and, on the other, from her experience as a writer of fiction. Faleiro is the author of two novels, *Afterlife: Ghost Stories from Goa* (2012) and *The Delicate Balance of Little Lives* (2018).

As an example of how Faleiro portrays the factual in creative narrative, take this passage from "Arrival: Notes from a Migrant Goan" in *Asia Literary Review*:

It is 1997 and I've landed at Heathrow airport's Terminal 3 from Goa, India, where my parents are from. The England I anticipate meeting is the clichéd version, with tweed-clad gentlemen standing by rose bushes in front of cosy thatched cottages. In my mind, the women sit daintily at tables in the back garden, smelling of Yardley talcum powder and pouring tea from their flowery tea sets. Children have picnics of ham sandwiches and fresh apples at the seaside on the clifftops, just as they do in Enid Blyton's books.

The facts are obvious: a migrant's landing on foreign soil, their baggage a set of expectations. The fictional embellishments are palpable, too, in the dashing of those presumptions: the gents in tweed suits are nowhere to be seen, nor the genteel women sipping tea, and certainly not the well-behaved children.

The essay goes on to employ another literary device – irony. Instead of finding the kinds of storybook English people she thought she would, Faleiro's fairytale image of London is shattered when she sees "eighteen-year-old British boys and girls chugging beer and then violently throwing up in the university student bar at 5 p.m. after winning a rugby game and trying to drown themselves in their body weight of beer." Despite this, Faleiro dives into life in London. She fills the reader in on how she takes the first job she can find and then "[rents] a cheap studio flat in East London which costs over half my monthly salary. After about nine months, it is broken into one Saturday while I'm out." With this, although providing us with fact, Faleiro builds dramatic tension, using yet another technique from fiction-writing.

Faleiro never fully recovers from the break-in. In fact, she never fully breaks into life in England. "I stay put, always hoping it will get easier somehow, that I'll be able to build something for myself. But I don't see signs of this happening. With every passing year, things only get harder" (Faleiro). Like Hoque, Faleiro divulges the intimate in this less than happy immigrant tale. But failure here is humanized, creating the potential for empathy rather than requiring that the narrator be pitied. Faleiro ends the essay by thinking about her own dislocation in relation to larger trends: "In a world where migration appears to be a way of life common to most, it is surprising how little one hears about the vulnerability migrants face."

Even as it springs from personal experience, the piece makes a larger point about the contemporary human condition. Faleiro's purpose, however, is not to be didactic. Her task as a writer is to narrate events – not simply as they occurred, but as she saw them after the fact. If what the reader then takes from it is some sense of the present-day world in the period of globalization which causes the movement of people from familiar circumstances to the unknown, it is because the recognition of how personal such writing is, in turn, invites introspection.

Once more, the facts.

A boy relives the journeys of his mother, his father, and his grandparents through his own displacement. When his mother made the journey with her father to their homeland, it was her first time there, but it would be her father's last. She had heard of this place but nothing she had been told matched what she saw as the ship docked on dry land. It was a beautiful sight – red hills and green palm fronds. She wished her mother had lived to accompany them. Though still young, her mother had died about a year before and the young woman's aging father knew that his own time was near. Deciding that he wanted to live out his days in the land where he was born, he had brought his youngest daughter back home with him.

The beach, not too far from where they lived, became one of her favorite spots in this new place. It was there that the man who would become her husband first set eyes on her. She wouldn't give him the time of day. When he found out that she was to begin typing school, he enrolled as well. As their secretarial skills progressed, so did their romance. She took him home one day, so her father could meet him and give them his blessing. The old man died before they married. But even before their union, there was a journey they had to take.

But more about this in a little bit.

To research his 2014 article for *The New Yorker*, Teju Cole, author of the novel *Open City* (2011), retraced James Baldwin's 1951 journey from Paris to Leukerbad. Titled "Black Body: Rereading James Baldwin's 'Strange in the Village,'" Cole's own work recounts Baldwin's essay from more than half a century ago. Cole declares of Baldwin's nonfiction that "[it] recounts the experience of being black in an all-white village." I reference this piece to reflect on its being creative nonfiction about creative nonfiction – a kind of metatextual and intertextual writing in which Cole thinks about Baldwin's expression and style. Cole interfaces with Baldwin as in this quote he presents

from the late writer: "From all available evidence no black man had ever set foot in this tiny Swiss village before I came," and then Cole adds, "But the village has grown considerably since [Baldwin's] visits, more than sixty years ago. They've seen blacks now; I wasn't a remarkable sight..."

Still, Cole brings to our attention that there are glances every once in a while, and that these are similar to ones he has received in New York, Europe, and India – the ubiquity of otherness attached to black bodies a commonplace occurrence across multiple lands. One may even characterize this uniformity as transnational surveillance. Cole analyzes:

To be a stranger is to be looked at, but to be black is to be looked at especially. Leukerbad has changed, but in which way? ... Perhaps some of the older folks I saw in the streets were once the very children who had been so surprised by the sight of Baldwin ... But now the children or grandchildren of those children are connected to the world in a different way. Maybe some xenophobia or racism are part of their lives, but part of their lives, too, are Beyoncé, Drake, and Meek Mill, the music I hear pulsing from Swiss clubs on Friday nights.

By tracking Baldwin literally – both in the sense of retracing his journey and then also through his writing – Cole uses the intricate details of the everyday to exquisite effect. A glance, kinds of music, and the names of places become markers of history and indices of the contemporary, a comparison between Baldwin's past and Cole's present. Like with Faleiro's writing, the personal here gives way to the global and the intersections between them. CNF is simultaneously his/herstory and story – creative narrative that records the minutiae of lives as the making of time.

I return to the facts I began with one last time.

When I left off, the grandfather was near death and his daughter was to marry a man she met in typing school. Together, the couple move to yet another country where they give birth to a girl and the boy who these facts are about.

That boy is me.

Twenty-five years ago, I came to the United States. My parents were married in Kuwait which was the birthplace of my sister and me. My mother was born in Kenya, British East Africa, which her mother and father came to from Portuguese Goa. When my mother journeyed to Goa with her father, she met

my dad and then moved to Kuwait with him. These are the intricate details of my family's journeys, which often find their way into my own creative nonfiction. To me, their exquisite quality is in the recalling of three generations of migrants making their way through the continents of Asia, Africa, Europe, and America.

Here is an excerpt from an essay of mine titled "The Difference between Deserts and Beaches: Sands of a Goan Childhood":

My school holidays were spent either in Kuwait, or with my grandmother in Aldona. I completed high school in Goa in 1990, joining my family who, by then, had repatriated from Kuwait. Other than when they had been on vacation, this was their first time back as fulltime residents after leaving Goa in the sixties, shortly upon the transfer of power of the enclave from Portugal to India. The discovery of oil in the Middle East, during that same period, had led to a large demand for foreign labor to transform the various emirates into modern urban oases. Goans were among those who heeded the call in large numbers. About a year after my parents returned voluntarily, the Iraq invasion of Kuwait brought several people I had grown up with "back" to Goa.

We were the lost generation: Goans our entire lives, suddenly plunged into a foreign place called home.

For some, there was no getting over the culture shock. Like many other "Gulfie Goans" of my generation, I went abroad to continue my college education. My journey to California called for a change of planes in a country I thought I would never see again. My non-Kuwaiti blood having disbarred me from being a citizen, I was only permitted to view my birthplace from the airport. There was war damage that was still being repaired. In the window, looking out onto Kuwait, I caught a reflection of the t-shirt I had decided to wear for the trip. It said GOA. (Ferrão)

Let me return to the mundane facts. A boy leaves home like his parents before him, like his grandparents before them. Let me end with the only way I know how to make the journey back across these lives, these histories, these geographies – by allowing the factual to lend itself to the creative. As much as the task is one of rendering intimacy while using storytelling and drama, it is as importantly about standing in one's own truth. The everyday is intricate, writing makes it exquisite.

## Works Cited

- Abraham, Stephanie. "No Longer just American." *Nobody Passes: Reflecting the Rules of Gender and Conformity*, edited by Mattilda, aka Matt Bernstein Sycamore, Seal Press, 2016, pp. 127-136.
- Cole, Teju. "Black Body: Rereading James Baldwin's 'Strange in the Village.'" *The New Yorker*, August 19, 2014, <https://www.newyorker.com/books/page-turner/black-body-re-reading-james-baldwins-stranger-village>. Accessed 16 September, 2018.
- . *Open City*. Random House, 2011.
- Gornick, Vivian. *The Situation and the Story: The Art of Personal Narrative*. Farrar, Straus, and Giroux, 2001.
- Gutkind, Lee. "What is Creative Nonfiction?" *Creative Nonfiction*, 2012, <https://www.creativenonfiction.org/online-reading/what-creative-nonfiction>. Accessed 10 September, 2019.
- Faleiro, Jessica. *Afterlife: Ghost Stories from Goa*. Rupa, 2012.
- . "Arrival: Notes from a Migrant Goan." *Asia Literary Review* (32), Winter 2016, <https://www.asialiteraryreview.com/arrival-notes-migrant-goan>. Accessed 15 September, 2019
- . *The Delicate Balance of Little Lives*. Independently Published, 2018.
- Ferrão, R. Benedito. "The Difference between Deserts and Beaches: Sands of a Goan Childhood." *Mundo Goa – Publication of the Semana da Cultura: Indo-Portuguesa*, edited by Vivek Menezes and Nigel Britto, Singbal Books, 2014, pp. 98-102
- Hoque, Abeer. *Olive Witch: A Memoir*. Fourth Estate, 2016.
- . *The Lovers and the Leavers*. Fourth Estate, 2014.
- . "The Version we Remember: On the Truth and Fiction of Photography." *Catapult*, March 1, 2018, <https://catapult.co/stories/the-version-we-remember-on-the-truth-and-fiction-of-photography>. Accessed 17 September, 2019.
- Wood, Kevin. "A Boyhood Brush with Breast Cancer." *The Good Men Project*, August 17, 2018, <https://goodmenproject.com/featured-content/be-a-man-2-wcz/>. Accessed 9 September, 2019.

# ORTIGAS EXCURSIONS

Marren Adan

“Naglalakbay tayo, sa ilā'y panghabambuhay, upang hanapin ang  
ibang kalagayan, ibang pag-iral, ibang diwa.”

- Anaïs Nin

Saan na ba ako dinadala ng aking mga paa? Nang magpaikot-ikot sa nagsasanga-sanggang mga kalsada ng Ortigas, ibinulong sa akin ng Diyos o ng Pagod, na walang tao ang nakararanas ng pagkaligaw kundi ang hindi agad pagdating sa patutunguhan ay paalala lamang ng ating pag-iral.

## Mandirigma

Una kong narinig ang salitang “mandirigma” sa klase ni Ma'am Dionisio para ilarawan ang mga bayaning nakipaglaban sa mga mananakop na Kastila. Sa isang pambahirang pagkakataon, biglang nag-iba ang pananalita ni Ma'am sa kanyang pagle-lecture. Ewan ko ba't parang naging isang contestant siya sa isang balagtasan.

“Tayo'y makaasa sa rebolusyon para wakasan ang anumang anyo ng pananakop sa sarili nating bayan! Tularan natin ang ating mga bayani na tunay na mga mandirigmang nagbigay sa atin ng kalayaang tinatamasa natin sa kasalukuyan.”

Hindi ko alam kung nai-imagine ko lang pero parang maluha-luha pa si ma'am habang sinasabi niya iyon at halos pataas na rin ang kanyang kanang kamao. Tumingin ako sa katabi kong kaklase na naniningkit ang mga mata sa sobrang antok. Bumalik ang tingin ko kay Ma'am Dionisio, sandali itong huminto, nanahimik bago magpatuloy sa kanyang lecture.

Simula nang mag-commute ako sa pinapasukang opisina sa daang binabagtas lagi ang EDSA, nag-iba na ang kahulugan sa 'kin ng mandirigma. Mandirigma ang tawag sa mga commuter na nakikipagbuno para makasakay sa jeep, bus, o MRT. Pakikidigma ang makipagsiksikan para lang makasakay sa pampublikong sasakyen na parang itim na Nazareno na ipinaparada sa jampacked na EDSA. Mga mananampalataya kaming mga pasaherong nag-aabang at nakatanghod sa pinopoon naming PUV. Sa kabilang banda, kung pa iinalin ko naman halimbawa ang "ladies' first", hindi ko alam kung makakapasok pa ako on-time o makakauwi pa nang hindi aabutin ng pagtilaok ng tandang. Hindi ko alam kung paano iyon nagsimula pero karaniwang litanya na ng mga babaeng pasahero ang sarkastikong "Paunahan muna ang mga lalaki. Kawawa naman!" Kung hindi rin makikitakbo sa mga kapwa pasahero para salubungin ang dumaraang sasakyen ngayong araw. May strike na naman ba? Naisip kong mag-explore ng ibang ruta. Nagpalakad-lakad nang hindi iniintindi ang oras kung makakapasok nang hindi late. Nang makarating sa jeepney terminal ng mga biyaheng pa-Quiapo, may narinig akong isang mekanikal na boses:

*"Quiapo, Quiapo, dito po ang sakayan ng Quiapo!"*

Blockbuster ang jeep pa-Quiapo. Pagkahaba-haba ng pila pero wala sa sakayang ito ang nakasanayan kong pakikidigma. Pagtakbo-takbo, pakikipagsiksikan, hindi maiwasang pakikipagtulakan.

*"Quiapo, Quiapo, dito po ang sakayan ng Quiapo!"*

Bigla akong natumba nang may kumaripas na lalaki mula sa likuran ko. Lumingon pa muna bago nagpatuloy sa pagtakbo.

*"Sorry po, ser!"*

Kung iyon man ang sinabi niya, hindi ko rin sigurado, pagkalakas-lakas ng

*"Quiapo, Quiapo, dito po ang sakayan ng Quiapo!"*

Napakunot na lang ako ng noo. Nakita ko ang lalaking nagtatakbo para humanay sa pagkahaba-habang pila.

*“Quiapo, Quiapo, dito po ang sakayan ng Quiapo!”*

Parang hinihigop ng garalgal na speaker ang lahat ng ingay sa paligid. Ito lang ang maririnig mo:

*“Quiapo, Quiapo, dito po ang sakayan ng Quiapo!”*

Naisip ko pang bilangin na lang muna kung ilang beses kong narinig ang...

*“Quiapo, Quiapo, dito po ang sakayan ng Quiapo!”*

Bigla akong dinapuan ng kung anong kalituhan.

*“Quiapo, Quiapo, dito po ang sakayan ng Quiapo!”*

Kung galing ba roon sa speaker na malapit sa nakaparadang jeep ang paulit-ulit na boses o isang ingay na naririnig mula sa loob ng aking bungo, hindi ko na alam.

*“Quiapo, Quiapo, dito po ang sakayan ng Quiapo! Quiapo, Quiapo...”*

## Mga Mapa ng Gunita

Malaki na rin ang pinagbago ng buong Pasig. Lalo na itong Ortigas.

Lagi kong nilalaro sa isip ang Ortigas bilang isang lokal na nililikha ko sa panaginip. Iyong parang sa pelikulang *Inception* ni Nolan. Ako ang arkitekto ng highly-urbanized na Ortigas. Biro ko pa sa isip, nagtitigasan (hindi nagtataasan) ang mga building. Kung maglalakad-lakad ka nga sa Ortigas, malamang e may isa o dalawang beses kang makakasalubong na magtatanong.

“Kuya/Ate nasaan po ang (pangalan ng building)?”

Noong bata pa ‘ko, ewan ko ba’t madalas kong pinapangarap ang makapagtrabaho nang nakasuot ng long-sleeves, kurbata, at itim na coat. Dala na rin siguro ng mga napapanood na palabas sa TV na parang cool na cool ang mga office worker. When I joined them, the working class, siempre saka pa lang rumagasa ang iba’t ibang anyo ng disillusionment. I was a call center agent in my first job and we were required to speak in English. That fuckin’ English Only Policy. Para kaming sabay-sabay na sinasapihan sa pagsasalita ng wikang hindi natural sa ‘min kahit sa CR o sa pantry man ng opisina. Naisip ko na lang din: “Oh God, we are speaking in tongues!”

“How may I help you, mga mamser?”

Ikalawang trabaho: call center pa rin. Somewhere in Cubao. Natuto na ‘kong magyosi during breaks at pagkatapos ng shift. Para akong humihithit ng *ounces of relief* sa maliit, makinis, at maputing katawan ng yosi, saka bubuga kasama sa puting usok ang mga murang tinanggap ko mula sa mga kinginang Kano at mga pagtitimping ibinabalot sa “trabaho lang, walang personalan, recorded ang calls”.

“Bro, shot?”

Kapalit ng kape, napapadalas na rin ang beer sa umaga bago umuwi ng bahay at matulog habang tirik sa labas ang araw. One bots, two bots. Pagkatapos ay maghihiwa-hiwalay na kaming magkaka-opisina para magkita, magtrabaho ulit sa araw din na iyon.

Cubao. Isang magulo at makalat na office desk ang Cubao. Hindi mo alam kung lahat ng naroon ay totoong pangangailangan ng tao. Kung ano-anong ibinebenta, inaadlok sa mga dumaraan doon. Santambak na paper works at office supplies ang mga tindahan sa gilid-gilid ng EDSA. Mga balat at tinalupan mang naghalo-halo na ang mga nakapuwestong tindahan sa

bangketa nito, alam mo pa rin ang tiyak na puwesto kung saan makakabili ng sariwang prutas, pirated DVDs, tukneneng o kwek-kwek, at Marlboro lights. Parang laging nakikipaglaro ng tagu-taguan ang mga manininda sa mga MMDA. Kapag nagtatakbo na ang kanilang look-out na nagsisigaw ng "Andiyan na sila! Andiyan na sila!" ay dali-daling nagliligpit ang mga manininda at mabilis na lilipat sa kalapit na eskinita. Isang laro na lang sa kanila ang biglaang tagu-taguan. Maririnig mo pa ngang nagtatawanan ang ilan habang nagmamadaling nagliligpit ng mga paninda. Ang mga may kariton naman, tila nagkakarera pa.

Biglang may kumalabit sa likod ko. Naputol ang mga pagre-reminisce on past jobs.

"Kuya, alam niyo po kung saan ang (pangalan ng building)?"

"Diretsuhin mo lang ang daang 'yan, pagkaliwa mo, may makikita kang McDo. 'Yung katabing building ng McDo, 'yun ang (pangalan ng building)!"

"Tenkyu po, sir."

"Thank you for calling (name of the company). Have a great day!"

## McDonald's Balloons

"Yung one-piece chicken with rice, miss." Order ko.

"Sir, ano pong drinks?"

"Coke na lang." Sagot ko.

"Upgrade na natin 'yung size, sir? Add lang po kayo ng five pesos."

"Hindi na, miss." May kasamang ngiti.

"Any additional, sir? Baka gusto ninyong..."

"Yun lang, miss." Pinutol ko na ang sasabihin ng crew.

Habang dala-dala ang tray ng tanghalian, nagpaikot-ikot ang tingin ko sa loob ng McDo para makahanap ng mauupuan. Doon lang ang bakante sa pinakamalapit sa CR. Inilapag ko ang tray sa mesa bago ako naupo. Napatitig ako saglit sa inorder ko: isang pirasong fried chicken, rice, at softdrinks. Napangiti ako. Para silang mga laruang pagkain na ginagamit noong naglalaro pa ako ng bahay-bahayan. Ang kalaro kong nagpapanggap na misis ko ang maglalapag ng tray ng pekeng mga pagkain habang nakaupo akong naghihintay sa sahig. "Kain na, hon," ang lagi kong script bago namin kunwaring lalantakan ang isang set ng toy food. Panguya-nguya ang mga bibig namin habang hawak-hawak lang ang laruang kutsara't tinidor.

Naputol ang aking pag-aalala dahil sa tunog mula sa loob ng CR. Naulit pa ito ng isang beses. Napakalakas na pag-utot. Ibinaling ko na lang ang atensyon ko sa background music na naririnig din sa loob ng McDo. Nagmamadali kong inilabas ang kanin mula sa pagkakabalot.

Nasanay na rin ang sistema ko sa pagkain nang mabilis bilang karaniwang isang oras lamang ang nakalaan para sa lunch break. Bagaman wala akong kailangang balikang opisina ngayon bago mag ala-una, tapos na rin agad ako kumain sa loob lamang ng labinlimang minuto. Pag-angat ng tingin ko mula sa pagkakayuko sa pagkain, nakita ko ang isang matandang babaeng may kasamang bata. Para silang mga buwitreng nag-aabang ng malalantakan.

"Tapos ka na, iho?" Magalang na tanong ni lola. May dala ring tray ng pagkain.

"Dito na po kayo, maupo, 'la." Bigla akong nagmamadaling umalis sa 'king puwesto para bigyan ng mauupuan ang matanda at ang bata.

Bagaman may sarili namang order ang mag-lola, nakita kong kinuha ng matanda ang tira kong fried chicken mula sa kalapit na tray. Gusto ko

sanang awatin ang matanda. "La!" Nagsimula siyang kagat-kagatin ang tirang manok at hindi pa nagtagal ay para na 'tong asong ngumangasab-ngasab sa buto. Patuloy lang sa pagkain ang katabi nitong bata sa inorder nilang fast food habang parang mas trip ng lola ang kumain ng tira-tira. Nang kainin pati buto ng natira kong fried chicken, nagsimulang kagat-kagatin na rin ng matanda ang sarili nitong mga daliri. Nagdurugo na ang bibig nito! Lumingon ako sa mga katabing customer pero walang nakakapansin sa ginagawa ng matanda. Bumalik ang tingin ko sa batang bigla na lang lumobo ang katawan. Pagkalaki-laki na ng katawan nito kumpara sa maliit niyang ulo. Wala na ang kasama nitong matandang babae.

Nang may sumagi sa likod ko, nakita kong nagsisipag-lobo na rin ang ibang tao sa loob ng McDo! Sa sobrang pagkakalobo ng iba'y nagsisilutangan na sila. Nagpapagulang-gulang sa ere. Napaigtad pa ako sa gulat sa narinig mula sa loob ng CR. Tiyak kong hindi na iyon tunog ng pag-utot. Nagmadali akong makalabas bago pa man mangyari ang bigla kong naisip na sabay-sabay na pagputok ng mga tao sa loob ng McDo.

## Ang Piyanista sa Mall ng Galleria

Sa sobrang init, napapasok ako sa Mall ng Galleria. Walang bibilhin dahil naniniguro na ang pera'y mailalaan sa pamasahé pauwi at sa posibleng gastusin sa nilalakad na job application.

Nagpalakad-lakad passing through the shops of shoes and clothes. Hindi ito window-shopping, naisip ko. Wala akong paki sa mga nauusong porma o pa-cool na pananamit. Napatingin ako sa suot kong leather shoes. Mula pa noong college, ito na ang pares ng sapatos na gamit ko. May naramdamán akong taos na pasasalamat sa walang buhay na sapatos. *Hindi pa kita kayang palitan.*

Naghalo-halo na rin ang ingay sa loob ng mall. Mga taong nagdaldalan, nagtatawanan tapos may kanya-kanya pang music o jingle ang mga shop. Tumawag sa atensyon ko ang musikang out-of-sync sa mood ng mall. Mabagal na musika na tila sabay na nanghalalina at nanghehele. Naisip kong hanapin ang pinanggagalingan ng tunog na 'yon.

Lakad, lakad. Kumaliwa ako nang makarating sa shop ng mga rubber shoes. Lakad, lakad. Sumakay ako ng escalator papaba sa lower ground ng mall. Nadaanan ko ang tindahan ng milk tea na laging pinipilahan saan mang branch nito. "Sir!" Sumalubong ang babae sa 'kin sabay abot ng manipis na brochure ng condo. Sa bandang kaliwa, ang isa sa mga entrance ng department store. May palakad-lakad na babaeng guard. Lakad, lakad. Sa wakas, nakarating din ako doon kung saan nanggagaling ang tugtug na parang humahalik sa tainga.

Napatulala ako: isang piyanong walang piyanista. Wala ring ibang pumapansin sa pianong tumutugtug mag-isa. Busy ang mga tao sa pagtingin-tingin sa mga bag at damit habang ang karamihá'y dumaraan lang nang walang paglingon.

Nakita ko ang sarili kong nagtitipa sa piano keys. Nakangiting nagpapanggap na marunong tumugtug ng piano. Para kong inangkin ang maliit na espasyo na tinutungtungan ng piano. Wala nang ibang maririnig pa kundi ang piano music. Ako lamang ang tao sa loob ng mall.

## Dalawang Barangay Ugong

Tanaw mula sa pagkakatayo sa harap ng mataas na glass wall ng mall ang lawas ng Ortigas. Sa di kalayuan, ang barangay ng Ugong.

Lumaki ako sa barangay ng Ugong. Nang makapag-asawa, nalipat ang tirahan sa lungsod ng Valenzuela. Laking Ugong ang aking asawa. Pero, barangay Ugong ng Valenzuela. Biro namin dati, soulmates talaga kaming dalawa dahil magkapangalan ang tinitirhan naming mga barangay. Siguro, iisang barangay lang din dati ang Ugong ng Pasig at ang Ugong ng Valenzuela. Ang kuwento ko sa asawa ko: iisang malaking lupang nabiyak ang pinakamatandang barangay ng Ugong. Sa paglipas ng mga taon, umusbong na parang mga kabute ang iba pang mga barangay sa pagitan ng nabiyak na lupa na tuluyang naglayo sa dating iisang Ugong.

Isang malawak na talahiban ang Ugong noon. Ugong ng Pasig. Ang makikitid na daang nagdurugtong mula sa bahay patungo sa kalsadang magdadala sa iyo sa simbahan, sa eskuwelahan, o sa palengke ay pinatag ng mga yapak ng mga taong dumaraan sa putikang lupa kung saan walang damong maaaring mabuhay dahil sa araw-araw na pagtapak. Para sa aming mga bata dati, isang malawak na playground din ang talahiban kung saan maaaring maglaro ng tagu-taguan o manghuli ng mga insekto tulad ng tutubi. Isang araw, takot kaming nagtakbuhang magkakalaro nang may marinig kaming ingay sa di kalayuan. Ang sabi ng mas matanda kong kalaro, "Putris, putok 'yun ng baril, a." Nagmamadali kaming bumalik sa kanya-kanyang mga tahanan. Kinabukasan, narinig na lang namin sa kuwentuhan ng matatandang kapitbahay na may dalawang lalaking natagpuang patay sa gilid ng Ilog Pasig. Ang sabi ng isa naming matandang kapitbahay, "Wala na talagang makakapigil pa sa mga negosyanteng 'yan. Pera-pera lang 'yan e. Masuwerte siguro para sa kanila ang ipandilig sa mga lupang tatayuan nila ng mga nego-negosyo ang dugo ng mahihirap."

Sa paglaon ng panahon, sabay na lumalaki kaming mga magkakalaro habang naglalaho naman ang espasyo ng aming laruan at maging ang dati naming mga tahanan sa paunti-unting pag-convert ng talahiban para maging mga mall o condo. Ang dating nagtataasang mga damo'y pinalitan ng nagtataasang mga gusali. Tuluyan na rin naming nalimot ang mga nakikitang tutubi, paruparo't gamugamo, walang pag-intindi kung saang talahiban lumipat ang mga insekto.

Isang malawak na sakahan ang Ugong noon. Ugong ng Valenzuela. Ang kuwento naman ng asawa ko, nang magsimulang manirahan ang mga

negosyanteng Intsik sa Valenzuela, nagsimula ring dumami ang naitayong mga pabrika. Galing sa iba't ibang probinsya ang mga factory worker na piniling magkapamilya't manirahan sa barangay ng Ugong. Ganito rin halos ang populasyong bumubuo ngayon sa iba pang mga barangay ng Valenzuela. Tubong Sorsogon ang ina ng asawa ko habang lumaki naman sa Quezon ang kanyang ama. Sa isang pinapasukang pabrika sa Ugong sila nagkakilala at di kalauna'y bumuo ng pamilya. Ang dati namang mga naninirahang magsasaka sa Ugong ay naging mga factory worker na rin. Noong bata pa ang asawa ko, madalas pa raw siyang maisama sa mga piket ng mga manggagawa sa pabrika.

Nang minsan kaming mag-away ng asawa ko, galit kong itinanong, "Gusto mo na ba'kong bumalik sa Ugong?" Napangiti ang asawa ko at nagpigil na tuluyang matawa.

Kahit saan naman ako pumunta, parang itinadha na ang mga paa kong magpabalik-balik sa lupa ng Ugong.

## Metamorphosis\*

Hawak ang notebook na nakabukas sa pahina kung saan nakasulat ang address ng pinag-aaplyang trabaho, tumingin ako sa pinto na nasa harap ko. Dito na nga 'yun.

Bago pumasok, pinagmasdan kong maigi ang building na may dalawang palapag lamang. Katabi nito ang nagtataasang mga office building at condo. Parang naiiba ang building na 'to kumpara sa mga katabi nitong establisyemento. Luma ang disenyo ng building na parang naitayo bago pa man ang panahon ng kopong-kopong. Nag-alangan pa akong pumasok sa pagdagsa ng kung ano-anong prehuwisyso sa isip: scammer agency, haunted house, cyber... "Ding!" Biglang tumunog ang doorbell nang mag-isa. Sa garalgal na speaker sa may pinto, matinis ang boses ng nagsalita. "Pasok po kayo, sir." Bumukas nang mag-isa ang pinto.

Walang guard na nakabantay maging sa pagpasok sa bandang entrance ng opisina. Kung opisina nga ito. Sa maliit na reception area, wala ring tao. May tumawag sa pangalan ko. Hindi ko pa man nahahanap kung nasaan ang nagsasalita, magalang pa itong nagtanong.

"Have I pronounced your name right, sir?"

"Yes po. Tama. That's right!"

Pagbaba ng tingin ko, *putangina!* Isang ipis ang kausap ko. Iyong ipis-bahay. Gagalaw-galaw pa ang antena nito habang nakatingin sa 'kin. Nakatayo ang ipis na parang tao bago muli nitong gamitin ang lahat ng kanyang mga binti at nagpaikot-ikot sa papel kung saan ito nakapatong. Para itong nag-i-scan ng dokumento. Nakita kong CV ko ang papel na 'yon. Gusto kong tumakbo papalabas pero bigla akong nanigas sa kinatatayuan ko.

"Please follow me, sir."

Lalong nanindig ang balahibo ko nang simula itong lumipad. Parang may sariling buhay ang mga paa kong sumunod kung saan lumilipad ang ipis. Wala pa rin akong nakikitang ibang tao sa opisinang ito. O, baka lahat ng employado rito, ipis. Binabangungot yata ako.

Sa kalapit na espasyo, makikita ang mga cubicle na ang laki'y para sa karaniwang mga tao naman. Walang sumisilip na mga ulo ng tao sa cubicle pero maririnig mo ang mga pagtipa sa keyboard keys. Nag-landing ang ipis mula sa paglipad sa isang kalapit na office table. May kausap itong isa pang ipis pero hindi ko naririnig ang pinag-uusapan nila. Gagalaw-galaw lang ang kanilang mga antena. Nilingon ako ng nakatalikod na ipis.

“Sir. I’ll leave you with our office manager. Meet...”

Hindi ko nainitindihan ang binanggit na pangalan. Lumipad muli ang ipis kaya bigla akong napabalikwas. May narinig akong matitinis na tawanan na nanggagaling doon sa mga cubicle.

“Take your seat.” Nakatayo rin na parang tao ang ipis na kanilang office manager. Nakatayo ito sa ibabaw ng office table. May kalakihan ang katawan nito. Ngayon lang ako nakatitig nang matagal sa isang ipis. Napansin kong bali ang isa sa mga binti nito. Malumanay nitong binaggit ang pangalan ko bago nagpakilala’t nagpatuloy sa pagsasalita.

“I understand that you might be, uhm, in a state of shock at the moment? But that’s normal. We are not humans but, uhm, cockroaches! Yes, we are insects but functional just like humans haha! In fact, speaking on behalf of our company, we are one of the BPOs who currently deliver the best customer service in the entire Asia!”

Iba ang accent ng ipis na ‘to. Hindi Pilipino ang kausap ko. Bumungad agad ang office manager ng potensiyal na salary offer hindi pa man napapalalim ang pag-uusap. Malaki ang maaari kong maging suweldo sa trabahong ito kaya’t nagpaubaya ako sa kakaibang pagkakataon. Nagbiro pa ang office manager na wag akong mag-alala sa perang susuwelduhin dahil walang sariling currency ang mga ipis.

Nasanay na ako sa ganitong mga tanong sa job interview. Strengths and weaknesses, traits that you find in a leader, how do you handle stress blah blah. At karaniwang follow-up questions. Ang pinagkaiba lang ay isang ipis ang interviewer.

Sa huli’y masaya kong tinaggap ang job offer. Bahagyang nawala na rin sa isip ko kung anong kahihinatnan sa trabahong pinamumuan ng mga ipis at mga ipis bilang officemates. Mas naglaro sa isip ko ang mga mabibiling bagay ng pera. Nasabik akong makauwi agad para ibahagi sa asawa ko ang good news.

Sa kasunod na araw, isang umagang nagising ako mula sa isang masamang panaginip, natuklasan kong isa na akong kahindik-hindik na insekto.

\* inspirasyon ang nobelang *The Metamorphosis* ni Franz Kafka

# MUMUNTING ALIPATO ANG MGA BITUIN SA LANGIT

Stefani J. Alvarez

Lulan kami sa isang dyip. Nakahiga sa upuan ang aking kapatid. Duguan. Pinaunan ko siya sa aking kandungan habang umaalalay ang isa niyang kaibigan sa kaniyang kaliwang paa. Nadisgrasya siya kasama ang driver ng motorsiklo. Magre-remit sana sila ng taya sa Jai Alai sa gabing iyon. Tila kinakatay na baka ang atungal nang humarurot ang kalawanging dyipni. Nakikipagsabayan sa kabog ng aking dibdib. Parang ngangatapong kalderot' kawali ang atip sa tuwing lumulusong sa lubak-lubak na daan. Parang nawawasak. Kasama kami sa mawawasak kung sakali. Kipkip ko ang palad ng aking kapatid. Habol-hininga ang kaniyang dibdib. Pumapalahaw ang kaniyang iyak. Nangingibabaw ito sa ungel ng makina ng aming sinasakyen.

Laganap sa aming baranggay ang sugal ng larong Jai Alai o minsang tinatawag ding masiao. Mas murang tumaya kaysa lotto. Kung may piso ka, isang taya para sa 3-digit number combination. Minsan naipatawag ako sa principal kasama ang tatlo kong kaklase. Nahulihan kami ng stubs at kodigo ng Jai Alai. Ginamit na ring bookmarks ng mga kaklase ko ang flyers at tips nito na ipinamamahagi araw-araw bilang basehan o kaya pag-analisa sa mga numerong nakatala, may tila puzzle, graphs, at kalendaryo para sa tinatawag nilang *hearing* sa winning numbers. Tuwing recess at lunch break ang pangongolekta ng taya. Bilang usher o kubrador, may diyes porsyento ako sa taya. At siyempre kung may mananalo, sigurado ang aking balato. At dahil na rin maganda ang sulat-kamay ko, at malinaw akong magsulat ng mga numero, ako ang nagta-tally ng lahat ng remittances. Mula sa bawat piraso ng stubs kokopyahin ko sa isang printed out letter size paper na may columns ang presyo ng taya, ilang units, at ang sumatotal ng nakolekta bago ito dalhin sa Financier. Ang Financier ang may hawak ng lahat ng taya. Sila rin ang magkukumpirma at sila ang magbabayad sa mga mananalo.

Ngayong nadisgrasya ang kapatid ko bilang runner at taga-remit ng pasugalan, wala ni isang tumulong sa amin maliban sa kapwa namin tayador at kubrador. Walang ibang binabanggit ang aking kapatid kundi puntahan ko si Mama. Housemaid si Mama sa may-kayang pamilya sa isang exclusive subdivision, sa Cagayan de Oro. Dumating kami sa emergency room ng City Hospital. Hindi agad nabigyan ng atensiyon ang aking kapatid. Sa sulok, may bakanteng wheelchair, agad kong tinulak at pinaupo ang aking kapatid. Iginiya siya ng kaniyang kaibigan at naupo ako sa harap upang doon ipatong ang kaniyang sugatang paa. Napakaraming pasyente lalo na't pampublikong pagamutan, ni hindi na halos magkasya sa loob ng ER, parang palengke, iyong iba ay nasa hallway na nakaratay.

Pagkatapos ma-check ng doktor ang lagay ni Tonton, sinabihan akong kailangang dalhin siya sa Northern Mindanao Medical Center (NMMC), isa ring pampublikong pagamutan, ngunit mas malaking ospital, dahil walang bakante sa City Hospital at kailangang maoperahan agad ang aking pasyente.

Nilapitan ko si Tonton. Wala akong maisip na sasabihin habang pinagmamasdan ko ang tubo ng dextrose na nakakonekta sa kanyang kamay at ang benda sa kanyang kaliwang paa. Tinanong ko siya kung nagugutom ba siya o nauuhaw. May talab pa ang binigay na pampamanhid sa kanya.

“Si Mama... Adto kang Mama...” iyong ang tangi niyang sinasambit, humihiling na puntahan ko ang aming ina.

Gabling-gabi na. Iniwan ko siya saglit habang nakabantay ang kaniyang kaibigan. Sinubukan kong tawagan ang landline kung saan nagtatrabaho si Mama, ngunit walang sumasagot. Sumakay ako ng motorela papunta sa subdibisyong malapit sa Liceo de Cagayan. Pagdating ko sa main gate, hindi ako pinapasok ng security guard. Kailangan daw ng ID. Kailangan daw niya muna makontak ang unit na pupuntahan ko. Ipinaliwanag ko sa kanya. Housemaid ang Mama ko sa loob. Kailangang-kailangan kong makausap siya. Emergency. At nasa emergency room ang kapatid ko. Ngunit, umiling lang ang bantay. At tuluyan na niyang itinodo ang bolum ng kanyang transistor radio. Nakabubulahaw ang isang drama sa radyo sa kalaliman ng gabi. Tumalikod na ako. Tumawid ako sa kabilang kanto upang muling babaybayin ang kalye pabalik sa ospital. Nasa bungad ako ng gate ng Liceo de Cagayan. Tiningala ko ang lampas-tao nilang bakod, ang gawa sa bakal na gate. Nakaramdam ako ng lungkot nang maalala na malapit na ang pasukan. Magkokolehiyo na ako sa pagbubukas ng Hunyo. Napakaganda ng gusali tulad sa isang napakagarang subdibisyon. Ngunit hindi kailanman

magbubukas ng tarangkarahan. Mananatiling sarado sa tulad kong walang pambayad ng tuition fee.

Ayon sa doktor, kailangan kong puntahan ang NMMC para masigurado kong may bakante sila sa ward at mabigyan agad kami ng referral letter kaysa hintayin namin ang City Hospital pa ang magpoproseso nito. Mas madali iyon, kaysa aasa kami sa kanilang hakbang. Parang naís niyang sabihin na hindi naman ganoon kakritikal ang lagay ng kapatid mo. May mas malala pa kaming mga pasyente na kailangang iligtas, may mga nag-aagaw-buhay pa nga.

Naabutan kami ng umaga sa Emergency Room. Hanggang sa binigyan ng temporary bed si Tonton sa male ward kasama ang mga naoperahan sa bituka, atay, mga nabaril, at mga naka-recover mula sa ICU. Marumi ang loob ng ward. Magkasing-amoy ang kuwarto at CR, na laging bukas dahil sira ang pintuan. Sa bawat pihit ng pinto, umuungol na parang ginigilitan sa leeg ang bisagra. Amoy-chlorine ang hanging ibinubuga ng ceiling fan. Na tila pati ito'y nandidiri sa ilang taon nang nakamasid sa mga pasyenteng nakaratay sa hospital bed. Malamlam ang liwanag ng magkabilang fluorescent lamp parang inaantok sa mapanglaw na palibot, o marahil naghihingalo na ito. Sa dulo ng hallway, ang nag-iisang bombilyang nakabitin sa kawad. Animo'y nagpapatiwakal sa gitna ng karimlan. Nakabubulahaw ang intercom na halos segu-segundong umaalingawngaw. Magkakasunod iyon sa nakakapanindig na sirena ng ambulansiya. Parang nangabasag na salamin ang kalansingan ng mga aparato sa kabilang kuwarto, sa Emergency room, hanggang hallway, sa buong gusali, sa labas, sa palibot. Araw-gabi yatang ritwal ang papalahaw ng iyak. Orasyon ang pagdaing. Samu't saring ungol ng sakit, o magkasintunog ng pagsusumamo't dasal ang kawalang-pag-asaya at ng kahirapan.

Isang linggo kaming nanatili sa City Hospital. At masuwerteng nakumpirma na maaari na siyang ilipat sa NMMC. Malinis at mas maayos ang NMMC. Kaka-renovate lang nito, dating Provincial Hospital. Iniskedyul agad si Tonton ng x-ray. Kailangan namin ng pambayad. Hindi libre ang pagpapa-x-ray. Pinayuhan ako ng doktor na kailangan kong pumila sa DSWD para humingi ng tulong nang ipaalam ko sa kanya ang aming kalagayan. Kailangan ko ng green card para sa libreng pagpapagamot at gastos sa ospital liban sa mga gamot na kailangang bilhin sa botika sa labas. Sinabihan ko si Mama. Kailangan din niyang mag-cash advance. Halos kasabay rin naming dumating ang isa pang pasyente. Mas malala ang nakikita kong kalagayan niya. Puno ng bakal ang magkabilang paa nito. Nakasakay siya sa wheelchair. Ngunit wala

na akong nababakas na galos o sugat sa kanyang mukha o katawan. Naisip kong matagal na siyang pasyente. Ngumiti siya nang dumaan sa amin. Iginiya siya ng kanyang kasama. Nang maayos na siyang nakahiga sa kama, agad siyang nagpasilala.

“Alejandro Martil.”

“Sir? Sir...” tila di ako ng makipagkamay. Una niyang inabot ang kaniyang kanang palad. Nag-aalangan akong nais nitong makipagkilala.

Simula noon tinatawag na namin siyang Sir Martil. Ngunit karamihan sa mga bumisita sa kanya, naririnig kong tinatawag siyang ‘Engineer Martil’ o kaya ‘Bossing’. Mas pinili niyang doon sa ward dahil wala raw siya parating kasama sa private room. At isang linggong follow-up/ check-up lang ang advice ng kanyang doktor. Kumikirot raw kasi ang kaniyang paa at tila di tinatablan ng mefenamic. *Ilizarov* ang tawag sa mga bakal na tila bakod sa kanyang paa. May tatlong ring na paikot at ilang pahalang-patayo na bakal na nakahilera’t nakabaon sa kaniyang laman at tagos sa kaniyang buto. Mag-iisang taon nang nakakabit iyon. Mag-iisang taon na siyang naka-wheelchair.

Itinanong niya kung nasaan ang Tatay namin nang makitang bumisita si Mama.

Hindi ko siya sinagot sa halip ay nagbalik-tanong ako sa kanya. “Asa imong mga anak?”

Natahimik siya. Ilang saglit pa’y parang may hinahanap. Onagkunwari dahil hindi alam kung ano ang isasagot sa tanong ko. Dumako ang tingin niya sa side table. Inabot niya ang kanyang baso. Nakisuyong salinan ko ng gatas. Bago siya nagsimulang magkuwento, inalok niya si Tonton. At nilagyan ko naman agad ang baso ng aking kapatid. Nakinig kami sa pagkukuwento niya. Tatlo ang kanyang anak. Isang babae at dalawang lalaki. Nasa Provincial capitol, isang abogada ang kaniyang anak na babae. May asawa na ito, dalawa ang anak na maliliit pa at tila abala sa trabaho kaya bihira o minsan lang itong makadalaw sa kanya. Samantala, nasa Amerika naman ang panganay niyang anak na lalaki na karaniwang tumatawag tuwing umaga at kinukumusta ang kaniyang kalagayan. Ang bunso niya ay namatay sa sakit. Kasing edad ko raw. Isang karamdamang sanhi ng pagkagumon nito sa droga. Dinala raw nila sa rehab ngunit kalaunan nang magbalik na ito sa kanila, akala nila ay naka-recover na ngunit bigla na lang itong nagkasakit, humantong sa pulmonya at di na naagapan pa. Ang asawa niya ay isang guro sa public high school sa Malaybalay. Nahihirapang iwan ang trabaho. At nasa limang oras din ang

biyahe ng bus mula Malaybalay patungong Cagayan de Oro. Iyong naghahati sa kanya, pamangkin niya. Isang nurse. Iyon ang nag-aalaga sa kaniya pero sa susunod na buwan ay lilipad na rin papuntang Amerika at doon na magtatrabaho, makakasama ang kaniyang panganay na anak. Naikuwento rin niya na dahil sa kalasingan ang kanyang pagkaaksidente. May birthday party siyang dinaluhan, at kadalasan kapag may inuman, impossible raw na hindi siya uuwing lasing. Hindi na niya idinetalye pa, ngunit may bumabagabag sa nais pa niyang ikuwento. Hanggang sa ipapako niya ang kaniyang mga mata sa mga baldadong paa.

Nakaramdam ako ng katapanan kay Sir Martil. Nagkuwento na rin ako tungkol sa aming ama ni Tonton. Isang forester sa DENR si Tatay. Grade two pa lang ako nang iwan niya kami. Kabit lang si Mama. Kaya siguro ganoon. Bumalik na siya sa kanyang legal na pamilya. Magka-college na ako sa susunod na pasukan. Pumasa naman ako sa scholarship sa Mindanao Polytechnic State College. Civil Engineering ang kukunin kong curso. Kaya nagpasya si Mama na magtrabaho kahit kasambahay para may maiaabot raw siya sa akin, kahit papaano. Hindi kasi sapat ang kinikita niya bilang beautician. Hanggang pangkain lang namin sa araw-araw kasama ng dalawa ko pang kapatid.

Hapunan na. Dumating ang katulong ng kanyang anak na babae. Ito ang naghahatid ng kaniyang pagkain. Hindi raw niya alam kung bakit kailangan pa siyang may hiwalay na pagkain. Sapat na sa kanya ang rason na libreng pagkain sa ospital. Ano'ng pagkakaiba? Sabi ko, siyempre mas masarap ang lutong-bahay, o ang luto ng iyong mga mahal sa buhay. Sandali siyang tumigil sa pangguya. Parang may naalala. Parang may biglang bumara sa kaniyang lalamunan. Inabot ang baso ng tubig at tila pinilit nilunok ang isinubong pagkain. Sa loob-loob ko naman, mas mabuti at may nagdadala sa kaniya ng pagkain. Dahil ang kanyang rason ay ibinibigay niya sa akin. Habang naghahapunan, itinuloy namin ang aming kuwentuhan. Itinanong niya sa akin kung anong pinagkakaabalahan ko tuwing hapon. Ipinagtatap ko sa kanya ang pangongolekta ng taya. Nagkaroon na ako ng mga suking watcher, pati pasyente, nurss at mga PT ay tumataya na rin. Wala pa namang doktor na tumaya sa akin, biro ko. Ang piso kapag panalo ay magiging tatlong daan.

“Dili ba gibawal ang sugal diri?” Halos pabulong niyang tanong.

Tulad ng paninigarilyo, bawal po sa inyo, pero ginagawa ninyo, ang tuwiran kong sagot.

"Maayo kayo ka morason.<sup>3</sup>" Napahalakhak siya. "Tuod, nakadaog ka na?<sup>4</sup>"

Umingil ako. Pero ipinaliwanag kong may sampung porsiyento naman ako sa nakukubra kong taya. Ipon ko na rin iyong pang-enrollment namin at pambili ng gamit sa school.

Sa kalagitnaan ng aking pagkukuwento tungkol sa Jai Alai, para ko siyang nakumbinse. Inabot niya sa akin ang sandaan. Ako raw ang bahala sa numero. Nag-aalangan akong tanggapin. Sabi niya na itaya ko raw para sa akin, para sa aking kapatid. At sana buenas dahil bukas, discharged na siya. Tinanggap ko ang pera. At nagpasalamat. Nagbiro pa siyang balatuhan ko siya kapag tumama ang kaniyang taya.

Alas-diyes ng gabi, tahimik na ang Orthopedic Male ward. Bawal na ang bisita sa mga oras na iyon. Pasyente at watchers na lang ang maaaring manatili sa mga silid. Wala si Sir Martil sa kanyang higaan. Napansin ko ang Fire Exit, bahagyang nakabukas ang pinto. Hindi ako maaaring magkamali, neroon siya. At nang silipin ko, narinigarilyo. Pinaalala ko sa kanya na pinagbawalan siyang magyosi. Kaya mabagal ang healing process ng kanyang sugat dahil diabetic siya. Tila hindi siya nakinig. Doktor lang daw niya ang may sabi. Patuloy siya sa paghithit ng yosi.

"Akong Tatay kay dili biya to gapanigarilyo,<sup>5</sup>" pahayag ko sa kanya habang nakatanaw sa asul na ilaw ng signage ng Gaisano Mall sa di kalayuan.

"Wala man pud labot akong mga anak,<sup>6</sup>" pangangatwiran niya habang pinagmamasdan ang dulo ng nangangalahating sigarilyo. Tinaktak niya ang yosi nang walang pagtantiya. Hindi lang abo kundi humalo ang kislap ng alipato na malayang sumuot sa mga siwang ng bakal na hagdanan at ang iba'y kumapit sa kaniyang paa na nakabalot ng bendahe. Marahang pinagpag niya ito at tuluyang nangalaglag ito pababa mula sa ikalawang palapag na aming kinaroroonian. Inabot ko ang hawak niyang cigarette case. Bumunot ng isang stick ng Marlboro red. At nagsindi ako.

"Wala ko'y anak nga gapanigarilyo,<sup>7</sup>" at sinundan niya ang tingin ko sa gusaling katapat ng ospital. Ibinuga niya ang usok ng yosi kasabay ng kaniyang buntong-hininga. Parang maninipis na ulap iyon. At marahang tinangay ng payapang hangin papalayo.

"Wala man pud labot akong amahan,<sup>8</sup>" tugon ko.

Napangiti siya. Tulad ng unang ngiti nang magkakilala kami.

Masayang-masaya ang buong ward kinabukasan. Nagpa-pizza ang nanalong isang watcher na tumataya sa akin. Binalatuhan naman ako ng tatlong daan.

“Wala ta giswerte.<sup>9</sup>” Nanlolokong pahayag niya sa akin.

“Next time, Sir Martil,” wika kong nagpaparamdam ng pag-asa. Lingid sa kaniyang kaalama'y hindi ko naman talaga itinaya ang kaniyang isang daan. At hindi ako tumataya kahit kailan. Hindi kailanman mananalo ang hindi tumataya.

At bago siya nagpaalam sa araw na iyon, inabot niya sa akin ang kanyang cigarette case. “Ako ning ibilin nimo. Basin diay dili na ako manigarilyo.<sup>10</sup>” Ibinulsa ko ito sabay nagpasalamat.

Gabi na nang muli kong naalala ang laman ng aking bulsa, ang binigay ni Sir Martil. Saktong oras at tahimik na ang ward. Madalang na rin ang pagra-round ng mga nars. Tulog na si Tonton pagkatapos ng kanyang PT session. Mag-isa akong pumunta sa Fire Exit. Naroon pa ang monoblock chair kung saan nauupo si Sir Martil. Malinaw sa akin ang kaniyang hulagway habang nakaupo at humihitit ng sigarilyo. Malayang ibinubuga ang usok nito sa hangin. Susundan niya ng tingin ang bawat hibla ng usok. Parang pagtunghay sa isang likhang-sining. O sa isang panaginip na maglalaho pagkalipas ng ilang sandali. Iginala ko ang aking paningin sa kahabaan ng Marcos highway na nagkukurus ang landas ng Velez street at Corrales Avenue. Padalang nang padalang na ang paroo't paritong mga sasakyan, mga dyip at mga taong dumadaan. Doon madalas ipinapako ni Sir Martil ang kaniyang paningin na para bang gumagambala ang pagkukurus ng direksyon sa sangandaan. Tatangayin ko ang kaniyang pananahimik at aanyayahang pagmasdan ang mga ilaw-dagitab sa kalye, ang iba't ibang kulay at liwanag ng neon lights sa mga katapat na gusali. Ilang saglit pa at sabay kaming titingala, nakakamanghang parang nagliliparang mumunting alipato ang mga bituin sa langit.

Binuksan ko ang kaha. Hindi sigarilyo ang laman ng cigarette case. Alam kong hindi sapat sa isang munting kaha na isilid ang napakaiksing sandali ng aming pagkakakilala. Dahil iyon pa lamang ang simula ng pagtataya sa isang pagkakaibigan. Napapikit ako. Nais kong ihabol sa kanya ang isa pang pasasalamat. Isang taos-pusong pasasalamat.

## Ilang Tala

- <sup>1</sup>Nasaan ang iyong mga anak?
- <sup>2</sup>Di ba bawal ang sugal rito?
- <sup>3</sup>Ang galing mong mangatwiran!
- <sup>4</sup>S'ya nga pala, nanalo ka na ba?
- <sup>5</sup>‘Yung Tatay ko, hindi naninigarilyo.
- <sup>6</sup>Wala rin namang pakialam ang mga anak ko.
- <sup>7</sup>Wala akong anak na naninigarilyo.
- <sup>8</sup>Wala rin namang pakialam ang aking ama.
- <sup>9</sup>Hindi tayo sinuwerte.
- <sup>10</sup>Iwan ko ‘to sa’yo. At baka di na rin ako maninigarilyo.

# NANG WALANG NAKAKARINIG

George Deoso

Ang sabi mo noon, P're, madali lang matutuhan ang C scale sa biyulin. Sabi mo, basta maaral ko ito'y madali ko nang matutuhan ang iba pang key signatures. Baguhan lang ako. Bago rin sa pakiramdam ko ang mga daliri mong inaayos ang daliri ko sa mga kuwerdas.

"Dito ang Do," sabi mo, "ang C. Dito ka magsisimula."

Malamig ang daliri mo noon, dahil siguro sa aircon ng kuwarto. Tayong dalawa lang ang nandoon, bukod sa isang upright na piyano, mga music stand sa harap natin, at ilan pang gamit ng mga estudyante't guro ng music center. Ilang Sabado na ba akong pumupunta sa music center kung saan nagtuturo si Tita Alba? Ikaapat, siguro. Pero wala noon ang nanay mo—na noo'y Miss Alba pa ang tawag ko. Nang tinext niya ako na ikaw muna ang magtuturo sa akin, nag-reply lang ako ng "Noted, Miss A" pero sa totoo'y di ko alam ang dapat asahan. Minsan na kitang nakita sa music center, bago pa man ang unang beses na tinuruan mo ako. Noo'y di ko alam na anak ka ng guro ko sa biyulin. Nagtaka ako siyempre, kung sino iyong matangkad na lalaking tila walang lugar sa paaralan ng musika. Akala ko'y modelo ka noon, iyong tipong rumarampa nang panloob lamang ang suot. Iba ang pakiramdam ng nakikita ka lang dati sa reception area, ni hindi tayo nagngingitian, kumpara sa ngayong nakatayo ka na sa harap ko at parang repleksiyong nauna nang ilang segundo, inuudyok akong gayahin ang posisyon ng iyong mga daliri.

"Dito, oo, tama, ayan. Sige. One, two, three..."

Sabay nating ipinadaan ang bow sa kuwerdas ng kani-kaniyang biyulin. Tugmang tugma. Laking pasalamat ko at nakinig ako sa nanay mo, kung papaanong iwasan na matamaan ang di dapat matamaan na kuwerdas. Inudyok mo akong sabayan kang magbilang. One, two, three, four.

“Sunod na nota, Re, D. That’s an open string.”

“Dito ang sunod, at ang susunod.” E, F, G, A, B, C.

Isang oras mo akong tinuruan hanggang sa malaman ko kung saang bahagi ng mga kuwerdas ilalagay ang mga daliri sa tuwing magpapalit-nota sa C major scale.

“Akala ko, puro bowing exercises lang matutuhan ko,” sabi ko sa iyo habang ibinabalik ko na ang biyulin at bow sa case nito.

Napangiti ka. Sabi mo: “Nako, ganoon talaga si Mama. Medyo mabagal magturo, pero at least pag nag-umpisa ka nang tumugtog, maiiwasan mo na ang mga bad habit ng amateur musicians. Tingnan mo, ang dali lang para sa ‘yo”

“Hindi naman madali. Pero ikaw, saan ka madalas tumutugtog?”

“Sa school.”

“Propesor ka rin?”

“Hindi, ayoko. Kaya lang naman kita tinuruan kasi may sakit si Mama ngayon. Ayokong magturo.”

“Paanong...”

“Kumukuha ako ng Bachelor of Music sa Saint Saenz University. Major in piano, minor in violin. Exact courses ni Mama.”

Nagtaka ako. Akala ko'y graduate ka na, parang magkasing-edad lang naman tayo.

“Varsity ako sa school namin. Naaantala ang paggraduate kakalaro. Pero okey lang, mas gusto ko namang maging athlete kesa maging musikero. Rewarding din naman na bata pa lang, e tinuturuan na ako. Di na masyado mahirap magcatch-up sa school. Ikaw, may work ka na ba?”

“BPO.”

“Nako, mayaman ka na siguro.”

“Sapat lang para makabili ng mumurahing biyulin. Isang taon pa lang naman ako nagtatrabaho, last year lang nagtapos.”

“E ba’t mo naisipang mag-violin? Di sa dini-discourage kita ha— pero ilang taon ka pang mag-aaral para makatugtog nang maayos.”

“Ang babaw ng dahilan, e.”

“Which is?”

“Napanood mo na ba ‘yung pelikulang *Cinema Paradiso*?”

“Hm,” nag-isip ka saglit. “Pamilyar. Bakit?”

“Napakaganda ng love theme kasi ng pelikula.”

“Gusto mong matutuhan tugtugin?”

“Higit pa. Hindi ako puwedeng mamatay nang hindi iyon natututuhang tugtugin nang kasing galing ni Itzhak Perlman sa isa niyang performance na napanood ko sa YouTube.”

“Babaw nga. Napakababaw na pangarap, pare.”

Tawanan tayo. Gusto mong ipaalala ko sa iyo ang tono ng love theme, at agad ko namang ipinarinig sa iyo kahit pa nahihiya ako at di siguradong di ako sintonado.

“Oo,” sabi mo pagkatapos kong iparinig sa iyo ang boses ko. “Maganda nga ang piece na ‘yan. Isa sa best ni Morricone.”

Nang isasabit ko na sa balikat ang biyulin, tinanong mo ako kung kumain na ba ako. “Gusto mo, lunch muna tayo?”

Doon siguro iyon nagsimula, P’re. Sabay tayong lumabas sa kuwarto, pumunta sa reception area—kung saan kita unang nakita ilang linggo ang nakakaraan at kung saan sa oras na iyo’y nag-uusap ang isa sa mga estudyante at guro ng tselo, na susunod na gagamit ng silid.

Habang kumakain tayo sa isang fastfood sa mall kung saan naroroon din ang espasyong nirentahan ng music center, nag-usap tayo. Nalaman ko kung gaano ka kahilig sa pagbabasketball, kung papaanong wala lang sa iyo ang pagod at minsay galos. Na kaya ka kumuha ng musika sa kolehiyo dahil sa kagustuhan ng nanay mo. “Magkaiba ang saya ng pagtugtug at ang excitement ng paglalaro ng basketball.”

Nagkuwento rin ako, kaunti. Maliliit na bagay. Ang danas sa pagtatrabaho sa BPO bilang ahente. O di kaya’y ang araw na napanood ko, sa film class, ang *Cinema Paradiso*. “Hanggang ngayon,” sinabi ko sa isang punto, “hindi ko mapigilang maiyak sa pagguho ng sinehan. Alam mo yung pakiramdam na pinanonood mong winawasak ang lugar na saksi ng pagkabata at pagbibinata mo?” Sumang-ayon ka, tumango. Na parang dama mo rin ang kurot sa dibdib na kimkim ko. Na parang sabay tayong naupo noon sa klasrum at humagulgol.

Nang matapos tayong kumain, hiningi mo ang numero ng cellphone ko. "For updates," sabi mo.

Umaga nang sumunod na sabado. Dumating ako sa music center at neroon na si Miss Alba, gumaling na sa trangkas. Nasa reception area tayong tatlo.

"Pero okey lang ba sa 'yo," tanong ni Miss Alba, "Kung si David na ang magtuturo sa 'yo from now on? Para naman may silbi 'tong si David at hindi lang laro nang laro."

Nahihiya mong sinaway ang nanay mo. "Ma, you don't need to say that."

"Of course, Miss A," walang pag-aalinlangan ko namang sagot sa tanong.

Simula noo'y tuwing Sabado na tayo nagkikita. Alam mo bang masayang masaya ako sa mga araw na iyon, P're? Na kahit parang kumunoy ang Lunes hanggang Biernes ko'y wala pa ring makakadaig sa sabik na dulot ng mga Sabado, kung kailan tinuturuuan mo akong magbiyulin. Itinuro mo sa akin ang iba't ibang scales, ang ilan pang mahahalagang bagay na dapat tandaan sa teorya at pagbasa ng musika. Hindi ko pa nasasabi sa iyo, pero bilang guro, magaling ka. Hindi lang dahil marami kang alam. Napakarami mo ring ipon na pasensiya, lalo na sa tuwing nalilimutan ko ang mga bagay na naituro na.

"Watch your elbows," sabi mo minsan. "Your wrist, don't be too stiff."

Minsa'y ginagabayang ng mga kamay mo ang mga daliri ko sa mga oras na nagkakamali ako ng nota, o ang bow ko tuwing lumilihis ang aking paghila.

Lumipas ang ilang mga Sabado, ang ilang mga buwan. Unti-unti, natututo na akong mag-sight-reading, tumugtog nang dire-diretso habang nakatingin sa music sheet. Natutuhan kong tugtugin ang "Twinkle-Twinkle Little Star." Kalaunan ay ang Canon in D major, tapos ay ilang pinadaling piyesa nina Vivaldi at Bach. Lagi't lagi'y sinasabayan mo akong tumugtog. Tila pinag-iisa ang una kong mga pagtatangka sa pagtugtog ng biyulin at ang siguradong pagtahak sa mga nota ng iyong bow, o kung minsan ng tiklado ng piyano sa ilalim ng iyong mga daliri.

Niyaya mo ako minsan manood sa isa mong laro. "Kung wala kang gagawin sa susunod na Sabado, after ng session natin."

Hindi ako mahilig sa sports. Pero dahil sa puntong iyon ay itinuturing na kitang kaibigan, pumayag ako. At sa totoo lang, matagal ko nang iniisip kung ano ang hitsura mo na nakasando at shorts na jersey at tumatakborg pawisan sa court, siguro'y malayong malayo sa postura mo tuwing tinuturuan mo ako: naka-T-shirt o minsá'y jacket, nakapantalon, tuwid na tuwid ang tayo.

Isinakay mo ako at ang biyulin ko sa iyong kotse papunta sa isang court sa Espedana. Sakto pala: magtatapat sa araw na iyon ang koponan ng eskuwelahan mo, kung saan siyempre'y kabilang ka, at ang basketball team ng Omerosa State University, kung saan ako grumadweyt. Nasabi ko sa iyong magkalaban pala ang mga eskuwelahan natin.

"Oo. P're, at masasaksihan mo ngayon ang pagkatalo ng school ninyo," sabi mo na may halong biro.

Pero hindi ka nagbibiro. Unang quarter pa lang ay natambakan na kami ng iskor. Mabuti na lang ay wala naman akong pakialam kung sino ang mananalo. Ngunit aaminin ko: iba pala ang manood ng basketball, o ng anumang sports siguro, nang live. Iba ang enerhiya mula sa mga nanonood na nakapalibot sa court. Kahit wala akong pakialam ay bumibilis ang tibok ng puso ko kapag may isang manlalaro na susubukang i-shoot ang bola, o kapag nagsisimula nang sumigaw nang kani-kaniyang cheer ang mga taga-suporta ng bawat eskuwelahan.

Pansin ko rin na sa tuwing nasa iyo ang bola at papalapit sa ring ay mas malakas ang hiyaw ng kababaihan. Narinig ko pa, malapit sa bahagi kung saan din ako nakaupo, ang ilang babaeng sumisigaw: "Go! Go! Dave! Dave! We love you!"

At hayun ka't inihahanda ang sarili para sa isang three-point shot. Basa na ang buhok mo. Inangat mo ang iyong mga braso't bisig, na kumikinang din dahil sa pawis. Lumipad mula sa kamay mo ang bola at tinahak nito ang mahaba ngunit siguradong distansya ng inyong pagkapanalo. Samantalang ako'y nakaupo sa gitna ng alon ng sigawan. Magkasalikop ang mga kamay sa harap ng dibdib, gusto ring humiyaw.

Matapos ang dalawang taon ng pag-aaral sa music center, pumayag na akong maging bahagi ng taunang recital, sa kondisyon na ikaw ang magiging accompaniment ko at hindi ang nanay mo.

“Oo naman,” sabi mo nang nalaman mo ang gusto kong mangyari. Nasa bahay ninyo ako, Linggo iyon. Madalas na tayong pumunta sa bahay ng isa’t isa para tumambay, o di kaya’y tumagay paminsan-minsan. Kilala ka na ng mga magulang ko at sa puntong iyon ay Tita A na ang tawag ko sa nanay mo.

Napagkasunduan natin ang mga piyesang tutugtugin. Syempre, isa na doon ang love theme ng *Cinema Paradiso*, at ang isa naman ay ang *Humoresque No. 7 in G-flat major* ni Dvořák.

Kinabahan ako noong mismong araw ng recital. Pakiramdam ko'y hindi ko magagalaw ang kamay ko, na anumang oras ay maging sharp o flat ang mga nota.

Sa isang stage sa gitna ng mall ginanap ang recital. Maraming nanonood, hindi lang ang mga magulang at kasama ng iba pang estudyante ng music center, kundi pati na ang mga naglalakad-lakad na mamimili sa establisimyento. Nang ako na ang tutugtog, tumayo ako sa stage, at pinalitan mo naman sa harap ng piyano sa isang bahagi ng entablado si Tita A. Huminga ako nang malalim at sinimulan ang pinabagal na interpretasyon ng *Humoresque*.

Maayos naman sa umpisa. Nakakasabay ako sa iyo, malinis na mga nota na sumasabay sa pagdapo ng mga daliri mo sa piyano. Ngunit nang makarating sa kalahati ng piyesa, ilang nota ang hindi ko natamaan nang tama. Nang matapos, nanatili akong nakatayo sa gitna ng entablado, nangginginig. Hindi alam kung paano uumpisahan ang susunod na piyesa.

“Peter,” tinawag mo ako at napatingin ako sa ‘yo habang nakaupo ka sa bangkito ng piyano. “Relax. Kaya mo ‘yan.”

Napangiti ako. Hindi ako kumalma dahil sa kung ano ang sinabi mo, kundi sa kung papaano ka ngumiti sa akin. Na parang okay lang ang ginawa ko kanina, na parang buo ang tiwala mong kaya kong tumugtug na kasing galing mo, o kahit pa ni Itzhak Perlman. Tinuruan ako ng postura mo na maniwala sa sarili.

Tumayo ako muli nang diretso, inayos ang biyulin sa aking balikat, ipinatong ang bow sa kuwerdas. Hindi ko na alintana ang mga nanonood.

Dumapo muli sa tiktak ng piyano ang iyong mga daliri, at huminga ako nang malalim.

Dire-diretso akong tumugtog, halos hindi inaalis ang titig sa iyo.  
Ikaw na gumagabay sa akin kung saan man patungo ang aking musika.

\*\*\*

Isinama mo ako sa isang malaking laro ninyo minsan. Naka-graduate ka na noong mga panahong iyon, at kabilang ka na sa koponan na ipinangalan sa—at binabayaran ng—isang kumpanya ng gasolina. Napapanood ang mga laro ninyo sa lokal na broadcasting channel sa Isla Soledad. Madalas mo akong imbitahan sa mga laro mo, at nasanay kang sumasama ako palagi, kahit pa ilang beses ko nang sinabi na hindi ako mahilig sa sports.

Hindi ako mahilig sa sports, pero neroon ako't pinanonood ka. Ikaw at ang bola ng basketball, ikaw at ang teammates mo, ikaw at ang malalaki at malalakas mong bisig, ang balbas na sinimulan mong patubuin na nakakakilili sa leeg ko tuwing niyayakap mo kapag natatapos ang mga laro mo na panalo kayo. Yayakapin mo, kahit pawisan ka. Pagkatapos ay isasama mo ako sa kung saan magtitipon ang teammates mo para ipagdiwang ang inyong pagkapanalo. Ipinakilala mo ako at naging tropa ko na rin ang ilan sa kanila. Inuman, kainan, hindi mo ako nalilimitan isama. Malaon ay ihahatid mo ako sa bahay. Sa kuwarto ko sa mga gabi pagkahatid mo sa akin, habang nakahiga nang hindi pinapalitan ang damit na may bahid pa ng iyong tagumpay, magdamag akong nakangiting nakatulala, magdamag na naghihintay sa antok na nahihiyang dumapo.

Sa partikular na laro na iyon nahirapan ang koponan ninyong manalo. Magaling ang kalaban, na ipinangalan din sa isa pang kompanya ng gasolina. Kinailangan pa ng isang OT bago mo nakuha ang bola, nakapuwesto kung saan ika'y makaka-three points, at sa isang angat at tulak ng iyong mga kamay na gumabay sa aking pagtugtog ng biyulin, pinalipad ang bola. Swak na swak. Walang tunog na pumasok ang bola sa ring, parang hangin na dumaplis lamang sa net. Sigawan ang mga tao. At ako rin, sumisigaw sa tuwa. Nagtatatalon ang teammates mo, tinatapik ka sa likod, sa ulo. Sa isang banda'y binuhat ka pa nila habang sa paligid ay umuulan ng confetti.

Nakita mo ako at dagli kang lumapit sa akin.

“Congrats, P’re” sabi ko, habang tinatapik ang mainit mong balikat.

Ngumiti ka, at sa akin pa ring pagkagulat, niyakap mo ako. Sinabi mo: “Salamat sa pagpunta. Lucky charm na siguro kita P’re, kaya kami laging nananalo.”

Kumalag ako sa yakap at sinabi sa iyo, habang hawak ka sa mga braso: “Ulol.”

Tawanan tayo. Pero sa pagkakataong iyon ay parang gusto ko munang lumayo ka sa akin. Di ko alam noon kung bakit, P’re. Basta ang alam ko, para akong nalulunod sa halong tuwa para sa iyo at sa sensasyon ng iyong balat sa aking balat, ng iyong balbas na lalong nagpapalitaw sa mapungay mong mga mata, ng init ng iyong katawan. Mabuti na lang at nagsalita na ang announcer at hinila ka ng teammates mo pabalik sa gitna ng court. Iaanunsiyo ang MVP.

“Scoring 58 points for the team for this game alone, our Most Valuable Player for this season is...David Crisostomo!”

Sigawan. Palakpakan. Matapos niyon ay inanunsiyo na rin ang mga runner-up at kampeon sa basketball season. Nang maigawad sa team ninyo ang malaking trofeo, lumapit ka muli sa akin.

“Kakain kami sa labas. Treat ni Coach. Hindi ka puwedeng humindi.”

Ano pa bang sasabihin ko kundi: “Ok, sige. Sabi mo, e..”

Pinisil mo ako sa pisngi at, dahil sa sakit, sinuntok kita nang pabiro at sinabihang “Gago.”

“Labyu too,” sinabi mo habang humahagikgik.

Maya-maya, habang inaayos ko na ang backpack ko dahil papaalis na tayo, isang babae ang kumalabit sa iyo.

“Puweude bang magpapicture, Dave?”

Inobserbahan ko ang babae. Angkin niya ang padron ng isang babaeng masasabing may hitsura: makinis, maputi, seksi, at mukhang hindi pa nakakagawa ng kahit anong kasalanan. Bagay kayo. T-shirt at shorts ang suot niya, sa harap ng pantaas ay nakatahi ang numero ng iyong jersey.

Dahil sa tangkad mo, kinailangan mong ayusin ang pagkakatayo mo upang pumantay ka kahit papaano sa babae. Kinuhaan kayo ng litrato ng isa sa mga kaibigan kasama ng babae. Nakaakbay ka sa kaniya, halos magkalapit na ang inyong mga mukha.

Ganoon lang, P're. Hindi naman natigil ang mga pagtuturo mo sa akin ng biyulin tuwing Sabado, ngunit dumalang ang mga pagkakataong niyayaya mo akong pumunta sa mga laro mo. Ilang buwan pa lang ang lumipas, akalain mo. Pati ang pagbisita natin sa bahay ng isa't isa'y dumadalang na rin.

Isang araw, sa wakas, ay ipinakilala mo na siya sa akin.

"Si Delia, P're," sabi mo sa akin isang Sabado. Nasa reception area kayo, kapuwa nakaupo sa mesa kung saan pinapapirma ang estudyante para sa kanilang attendance nang buksan ko ang pinto ng music center. "Girlfriend ko."

Lumapit ako sa inyo at kinamayan si Delia. Hindi ko na maalala, P're, kung ano ang sinabi ko sa iyo o sa kaniya noon. Basta ang alam ko, at dama ko, na ayoko munang magpatuloy sa leksyon natin.

Tunay na maganda nga siya, at malambot sa kamay ko ang kaniyang palad. Mahinhin, mabango, at mukha talagang naliligo sa holy water.

"Number one fan ko raw siya," naikuwento mo maya-maya habang ginagawa natin ang warm-up exercises. Parehas nating hawak ng dalawang kamay ang magkabilang dulo ng kani-kaniyang bow, inaanat at ibinababa ang pupulsuhan.

Tahimik lang si Delia na, sa aking pagkadismaya, pinaupo mo sa bangko ng piyano sa loob ng kuwarto kung saan mo ako palaging tinuturuan. Tuwing nagkukuwento ka'y nakangiti lang ito, mins'a'y pumipindot-pindot sa mga tiklado ng piyano. Napakaganda ng mga daliri niya. Hindi ko alam kung bakit tuwing tumutunog ang napipindot niyang tiklado, napakabigat ng bagsak nito sa aking tainga. Nabibingi ako, kahit siguro'y walang kapuwersa-puwersa ang pagdapo ng daliri niya sa mga nota malapit sa middle C.

Sabi mo: "Palagi pala siyang pumupunta sa games ko, alam niya ang mga laro kung saan nanalo o natalo ang team ko."

Umusad tayo sa isa pang warm-up exercise. Hawak ang kani-kaniyang bow sa isang kamay, iginagalaw natin ito sa padron ng isang arko. Mula kanan, pakaliwa, mula kaliwa, pakanan. "Napakasuwerete ninyo sa isa't isa," sabi ko.

Bigla, nang igininalaw ko ang bow papunta sa kanan, dumuldas ito sa kamay ko at bumagsak sa pagkakinang-kinang na sahig. Pinulot ko ito at sinubukang magpatuloy.

Naaksidente ka sa isang laro mo minsan, nagkamali ng bagsak, nauna ang kaliwang braso. Nangyari iyong sa isang laro kung saan hindi mo ako inimbita. Nalaman ko na lang sa TV nang ipinakita sa lokal na balita ang footage ng iyong pagbagsak, kung papaano'y marahil sa kasabikan ay dumulas ang kamay mo mula sa ring kung saan ka sumabit matapos mag-dunk.

Nang puntahan kita sa ospital, isang araw matapos ang insidente, neroon siyempre si Delia. May kung anong matigas na bagay na nakapalibot sa braso mo.

"Kailangan sementuhin ang braso niya," sabi ng girlfriend mo.

Parehas kaming nakatingin sa iyo at nginitian mo naman kami na para bang walang nangyari. "P're," sabi mo. "Mukhang di muna tayo magmimmeet sa Sabado."

"Kung ganoon," sabi ko. "titigil na akong magbiyulin."

"Gago, subukan mo."

Tawanan tayo. Saglit tayong nagkuwentuhan, kasama si Delia, at maya-maya'y kasama rin si Tita A na dumating na may dalang mga prutas. Hindi ako naglagi. "May shift pa ako, P're," pagpapaalam ko sa iyo.

"O sige, see you when I see you na lang, P're."

Iniangat mo ang maayos mong braso, ang kamao nito, at ibinangga ko ang sarili kong kamao dito. Fist bump. Hanggang doon na lang, at umalis na ako sa ospital.

"Matagal ka na rito 'no?'" minsang sinabi ni Tita Alba. Sumang-ayon ako. Limang taon ko na ring ginugugol ang mga Sabado ko sa music center. "Alam mo," pagpapatuloy niya, "Kung sakali, puwede kitang kunin na assistant instructor dito, lalo na para sa mga baguhan pa lang. Mukhang mahihirapan kasi si David."

Nadama ko ang lungkot sa tono ng nanay mo. Ilang taong pag-aaral ng musika sa kolehiyo, mababalewala lamang ng isang maling bagsak. Mabuti na lang at sa paggaling ng braso mo'y kaya mo pang maglaro ng basketball. Sadya lang talagang mas mahihirapan ka sa mga mas pinong pagkilos na kailangan para sa pagtugtug ng biyulin.

Nagkusa akong pumunta sa bahay ninyo minsan. Kay tagal mo nang hindi nagagawi sa music center, mas lalo na sa bahay ko. Nakikita na lang kita sa TV at nalalaman kung kumusta ka na tuwing napapag-usapan ka namin ni Tita Alba. Hindi mo naman ugaling mag-social media kaya walang silbi na rin kung mag-sesend ako ng direct message sa iyo online.

“O, pare, long time no see!” sabi mo nang makita ako sa labas ng gate ninyo matapos mo akong labasin nang mag-doorbell ako.

“Long time no see talaga,” sabi ko.

Pinapasok mo ako sa bahay ninyo, parang dati. Tinanong mo kung gusto kong kumain, at siyempre'y sinabi kong hindi. “Tumoma na lang tayo,” sabi mo.

Mas mabuti, sabi ko. Natuwa naman akong nagkataong wala si Delia noong araw na iyon sa bahay ninyo. Nakakatuwa rin na kahit papaano'y tila walang pagbabago sa pagbisita ko, na tila linggo-linggo pa rin nating nakikita ang isa't isa kahit ang totoo'y mag-iisang taon na nang personal kitang nakausap. Hindi masyadong nagbago ang hitsura mo. Bukod siguro sa mas magandang pagkakaukit ng masel sa mga braso mo. Nakasando at shorts ka, tulad ng mga dati kong pagpunta sa bahay mo. Mas maganda na ngayon ang pagkakaayos mo sa iyong bigote. Stubble na lang: hindi masyadong makapal, at hindi rin masyadong manipis.

Kumuha ka ng rum sa kusina, inilapag ang bote sa mesa sa inyong sala, at umupo tayo sa sofa habang kaharap ang patay na TV. Naaaninag ko ang silweta nating dalawa sa iskrin nito. Nagkumustahan, nagbalitaan, at hindi nagulat na tila wala masyadong pagbabago sa kani-kaniyang mga buhay. Ako, ahente pa rin na natututong tumugtog ng biyulin, ikaw, sikat pa rin na basketbolista. May ilan din namang pagbabago. Halimbawa'y iniisip kong bumalik sa kolehiyo at kumuha ng kurso sa Musika, upang magkaroon ng credentials para maging instructor sa music school ninyo. Ikaw nama'y habang umuusad ang karera sa basketball, unti-unti mo nang nalilimot ang pagtugtug.

“Pero minsan,” sabi mo bilang paglilinaw, “nami-miss ko rin naman. Sinusubukan kong tumugtog pero hirap na talaga ako dahil sa braso ko. Lalo na't injured din kase wrist ko. Tingnan mo.”

Kinuha mo ang isa sa mga biyulin na nakaayos sa gilid ng sala. Ipinatong ito sa iyong balikat, inayos ang hawak sa bow. Sinubukan mong tugtugin, habang nakaupo, ang isang concerto, na noo'y itunuro mo sa akin

noong nag-uumpisa pa lang ako. Natatamaan mo naman ang mga nota, subalit halata na hirap ka sa shifting, sa paglilipat ng posisyon ng daliri sa iyong kaliwang kamay. Ni hindi ka makagawa ng isang malinis na vibrato.

“May paraan pa siguro,” sabi ko. Pinatayo kita mula sa sofa at ako'y tumayo rin. Inayos ko ang posisyon mo, hanggang sa nakatayo ako sa likod mo, hawak mo pa rin ang bow at nasa ilalim pa rin ng baba mo ang chin rest ng biyulin. Samantalang pinaayos ko sa gilid mo ang kaliwang kamay mo. “I-relax mo na lang ‘to P’re,” sabi ko.

Ako ang humawak sa fingerboard. Tumingkayad ako nang kaunti dahil matangkad ka, at ipinagtabi ang mga balikat natin upang maiayos ko ang mga daliri ko sa paraang tila kamay mo pa rin ang may hawak dito. Kakaiba ang anggulo at aaminin kong nahirapan ako sa pagpuwesto pa lang.

“Mukha tayong tanga, alam mo iyon?” sabi mo.

Wala akong pakialam, gusto kong sabihin. Sinabi ko na lang, “Try lang naman. Malay mo, maramdaman mo pa rin ang kasiyahan ng pagtugtog.”

Sinumulan mo ang pag-bow. Sinabayán ko ng paglipat ng mga daliri ko sa kuwerdas, ayon sa mga nota ng concerto. Sa una'y nahirapan tayo, hindi nagkakatugma, dahil magkaibang utak ang nagmamanipula sa bow at kuwerdas. Ngunit malao'y tila sumanib sa atin ang kaluluwa ng musika, at tila isang pag-uusap ang nagaganap sa kanang kamay mo at kaliwang kamay ko. Nadala tayo sa agos nito. Uminit ang sala, pero hindi natin alintana. Naamoy ko ang malinis na pawis sa buhok mo, sa maputi mong batok. Umiinit ang bisig mo sa bisig ko. Hindi tayo tumigil kahit natapos ang piyesa. Nang hindi nag-uusap, napagkasunduang ulitin ang concerto. Sa tainga ko'y perpetuo ang lahat. Siguro'y dahil madali lang ang piyesa.

Nang sa wakas ay natapos natin ang ikalawang pagtugtog, saglit tayong nanatili sa gayong posisyon. Parang gustong kumawala ng puso ko, magtungo sa malayo, kung saan walang makakahananap, kahit ako. “David...” bulong ko sa likod ng tainga mo.

Hindi ka sumagot pero alam kong nakikinig ka. Naghihintay.

Nagsalita ako.

Nagsalita ako, P’re.

Sinabi ko ang mga bagay na kay tagal ko nang gustong sabihin, mga salitang matagal nang naghihintay na kumawala sa akin.

Nang matapos ako'y kinuha ko ang biyulin sa balikat mo upang hindi ito bumagsak. Napayuko ako. "Pasensiya na," sabi ko habang nakatingin sa likod ng mga paa mo.

Humarap ka sa akin at namalas ko ang mukha mo. Ang makinis mong mukha, ang pawis sa ibabaw ng bibig mo. Nakangiti ka, na para bang nagbiro ako. Sabi mo, "Gago ka talaga, P're." At tumawa ka.

Tumawa na lang din ako, na parang biro lang ang lahat ng sinabi ko.

Ipinagpatuloy natin ang pag-inom, sa sofa, hanggang maubos natin ang isang bote ng alak.

Ilang taon na ba ang lumipas, P're? Kay tagal na nating magkaibigan. Kay rami ko nang natutuhan sa iyo. Ilang linggo ang nakakaraan, pumunta ka sa bahay ko dala ang imbitasyon para sa kasal ninyo ni Delia.

"And I'd like to ask you a favor: puwede mo bang tugtugin ang paborito mong love theme sa kasal ko? Can you be my soloist? Gusto ko sanang tugtugan din ang magiging asawa ko, kaso," inangat mo ang kaliwang braso mo, "alam mo naman."

Ano pa bang itutugon ko, David? Heto ako ngayon at nakatayo sa harap ng maliit na orchestra na binubuo ng mga kaklase mo sa kolehiyo, ang ilá'y naging kaibigan ko na rin. Tumutugtog kami ngayong sa reception ng kasal ninyo. Nasa gilid kami ng entablado, habang kayo'y naroroon sa gitna, sumasaway ng isang mabagal na sayaw.

Hawak mo siya sa baywang habang magkadikit ang mga noo ninyo, ang mga ilong. Kay ganda niya, at sa mata ko'y tila nagliliwanag ka sa tuwa.

Naalala mo kaya noong recital? Kung paano mo ako tiningnan mula sa piyano?

Alam mo kayang handa akong maging kaliwang kamay mo kung kinakailangan?

Natutuhan ko na yata ang lahat ng fundamental na leksyon sa pagtugtug ng biyulin, at masasabi kong kahit papaano'y pamilyar na ako sa mga kumplikadong teknik na magbibigay kulay sa pagtugtug ko. Kailangan ko na lang mag-ensayo. Ensayo para sa mga pagkakataong tulad nito, na ako'y tumutugtog, at ika'y sumasaway.

Natapos ang tema ng pag-ibig. Sinabi ko sa mga kaklase mo ang susunod na piyesang nais kong iparinig sa iyo, at nang magsimula kami'y

bumaling ang tingin mo sa akin. Nanghina ako. Nanginig. Ngunit hindi ako ngayon matitinag, aaralin kong di matinag.

“Kundiman” ni Bonifacio Abdon ang piyesang napili ko. Dahil itinutugtog ko na ang musika sa biyulin, hindi ko magagawang kantahin ang titik. Kakanta na lang ako sa isip. Kakantahin ko, nang walang nakakarinig:

*Sa tapat ng laging palangiting araw  
Na lumalaganap sa dagat silangan  
May Mutyang masuyo’t libid kayamanan  
Na giliw ang handog sa pusong may damdam...*

# THE WALKER

Maria Amparo Warren

THE MEMORIES ARE clear, now, of my grandfather, from our time with him in the mountain house in Lalakay. The earthy peace of Makiling appealed to him in his later years, lost as he wanted to be in a memory of Hakone, before the war called him. Mirroring Mount Fuji, past the southbound roads, Lalakay was a nest of numerous old-fashioned cottages, empty plots, hot springs, and even memorial shrines. The municipality boasted of its forest, its bus roads, and train tracks, cooled by breezes, and densely blanketed in fog.

We called my grandfather *ojii-pa*, something between “*ojii-san*” and the more familiar “*papa*,” distant as we were from what was Japanese about us, save for our names. Lola’s deftness with needle and bandage had saved him and bound the two of them closely in love, despite a number of barriers, such as language. When she died, he talked even less than before, in a monologue of Japanese and earnest efforts at Taglish. He gave more in the language of gracious silence and gesture.

He had this habit of greeting all of us, even his grandsons, by bowing low, somewhat absent-mindedly. His walk was quieter than the wind on dry days. His hands often fidgeted—on the backs of chairs, when he pulled them out as we scampered to help him, “*Ojii-pa, no, no!*”, around the old statues of the saints, feathery thread-bound manuscripts and newspaper collections, and photo frames on their shelves that, for some reason, were in constant need of rearrangement. If not fidgeting or shaking in a stiff, rheumatic manner, they were pressed hard together, and folded in some sort of itinerant prayer.

*Ojii-pa*’s slow, deliberate gentleness was the last thing anyone might associate with war. But in our childhood years seemed exciting—especially for Keiji, who not only liked the novelty of plastic robots, tanks, and soldiers,

not to mention the power of it all, and the ruthlessness. I remember that one summer, Keiji and I once played dinosaurs, pirates, and safari explorers before graduating to rougher games in our weedy backyard.

“Pretend that there’s a war going on,” Keiji said one day, at the height of the Japanese mecha craze. “You and I are in a huge nuclear war. The whole world could end after that kind of war. We’re the generals of two fighting armies...”

“What countries would we be?”

“I don’t know. Maybe... I could be Japan, just like Ojii-pa. Japan always makes the coolest machines. Like Voltes V!” And Keiji then sang, with gusto, the Voltes V theme.

“I thought we were playing soldiers, not robots,” I quipped.

“This is war! In the future, they will use all kinds of weapons. I could have robots, and fighter tanks, and submarines.”

“All right, then I could be the Philippines.”

“Why?”

“Why not? This is our country.”

“You’re the lamest,” Keiji sneered. “If you don’t want to imagine yourself as any other country, then I’d win against you for sure. What a dummy—I just thought up a million cooler things than you.”

We leapt at each other, jested with sticks and old pipes, and ran and wrestled into the dirt and the bushes, play-fighting for dominance.

And multiple times, Ojii-pa found us and said, as sternly as possible with what was left of his strength, “Eiji, Keiji—*matte!*”—and closed his eyes, and in a pained slump, added, “Enough. No fight, no more fight.” We stopped only when he promised biscuits in the straw-mat sitting room that smelled faintly of incense, though we also had to drink the cold woody tea we disliked. And some days he brought out the square paper, and we made fighter jets while he animated the kind of bird that flapped its wings when you pulled on its tail. We made peace those days Ojii-pa sought it among us, restless and rapt in his pace.

WHEN WE TURNED ten and eleven, my older brother was already several inches taller and pounds stronger than I was, and he challenged me at everything. “That’s for sissies,” he said about small, low-stakes games played in the sand, like jackstones and marbles, and “there’s no way you knew that—I bet you were cheating!” when it came to cards. When the things I excelled at grew boring, they gave way instead to sprinting and tree climbing, or ventures into the fantasy world where Keiji was always the bloodied animal predator, armed hunter, or in the case of the war games, the soldier with the wider arsenal of wood or plastic weaponry at his disposal.

From Keiji I learned my silence—that the winner, if me, should never brag; and the loser, if and especially me, should bite it all back, never cry, snitch, or call anyone out for being a bad kuya. Yet, all those victories never seemed enough when they were only between the two of us in the Makiling garden, or the space outside our house’s street. None of it was enough those years that Papa was away, save for the rare days that we didn’t fight at all. When our tired Mama was with us, she would hold us and hum odd tunes that reminded me of the country wind blowing up and down the long grass, or whistling as it bounced off stones—perhaps Ojii-pa’s songs lost in Lola’s translation—and those days were the days when it felt warm.

THE FIRST SUMMERS I remember as a child in Lalakay, there was only the light kind of cool mountain weather. My first fights with Keiji were about who could wear Papa’s old scarf and be warmed by Papa’s smell—about who between us secretly missed him more.

Then, as time passed, I felt colder, even back home, and went to sleep with a sweater under my blanket. First there were the dreams in which I’d wake up in my bed, everything seeming the same, but with some parts of my room looking clouded. I’d wake up in earnest, and know I was awake because my spine would sting just a little, as if pierced lightly in different places. Then I noted to my chagrin that in some places, my senses were heightened to the point of discomfort; and I’d want so much to chalk up each pinprick whisper in the school chapel, each faltering light bulb in a bathroom, each invisible strand of wind to nothing more than my imagination. And none of Keiji’s reassurances—that I could be lying, and was a sissy and coward, and that nothing in the tatami rooms in the Lalakay house had changed enough for me to push him or cry out for Mama at night—none of them made me feel any safer, or for anything, prepared for any darkness to come.

IT BEGAN IN earnest one night that Tita Mika laid out a happy feast for our dinner—steamed fish and rice topped with seaweed strips, with that husky tea splashed over it, but also hot *buko* pies and *uraro* cookies. My brother and I dug in despite our mother's admonishments.

"You were so noisy and we could hear you all the way from inside," she said, motioning toward Ojii-pa. "Did you say sorry already to your grandfather?"

"Yes Mama," we said. "*Gomen nasai*, Ojii-pa."

"The way your grandfather ran to you, next time he'll have a heart attack."

"It's because of all their TV, Sis," Tita Mika clucked. "The shows that kids watch right now are nothing but coarse language and violence."

"That's absolutely right. Boys, no more TV on weekdays when we get back. You should be doing other things after you study. Read books, or even the Bible. Or why don't you write letters to send to your Papa?"

I saw Keiji pause and look down at his food.

"How is Roger doing now, Sis?"

"He said everything is well. He said he's doing okay there in his new station."

"Did Papa say," I began, "Did Papa say when he's coming back?"

"Not yet, *mahal*." Mama absentmindedly stroked my hair. "Not yet, he's not sure yet. So will you boys write him nice letters?"

"We sure will, Mama!" said Keiji brightly. "The best letters. Let's also send him paper cranes, like the ones Ojii-pa makes!"

"Good boy! Do you still remember? Ask your Ojii-pa to teach you again. Maybe you can fold together tomorrow morning."

In his own seat, Ojii-pa smiled and thrummed his fingers. The mood was good—from when we finished last pie and biscuit and helped Tita Mika clear the table—up until another wave, of sharp little pins of unease, began to prick at me.

"*Mahal*, what's wrong?" Mama asked me, watching as I turned white clutching a dish. "Are you feeling sick?"

"I feel really cold again, Mama."

"You can sleep beside me tonight, and use the extra blanket later."

I barely noticed as Ojii-pa relieved me of the plate. A pang of guilt added to the pinpricks as I saw him wince and draw back, and I saw Keiji's eyebrows furrow. But I closed my eyes when Ojii-pa did as he rested his free hand on my head, and let it stay there for a few seconds.

"**LOSER HAS A consequence,**" Keiji said, only the two of us in the corridor, before we went to bed.

"What? What for?"

"You fell four times. Me, only two."

"I don't remember—"

But then I did. I remembered with much frustration that there would be some kind of price to pay yet again because I fell, because I didn't have "bombs or missiles," and because a cut on the side of my palm from falling into Ojii-pa's *santan* bush was unlike a true consequence of war.

"So, loser has a consequence today. It won't be so bad, would it? You're going to sleep beside Mama again tonight, even if you'll keep kicking me."

"I didn't mean to kick you Kuya! That was an accident."

"Brat, liar," he snarled. "Mama doesn't believe you when you say you're always 'cold.' Neither do Tita Mika and Ojii-pa. They're only being nice to you because you always want attention."

"That's not true!"

"Well then, prove it." Keiji made a fist and flashed a humorless smile. You wanna show me that you're not a little pussy-pussy-cat?"

Behind my back, I clenched my own fist. Keiji changed his stance and appeared thoughtful.

"I was thinking, even I find that place next door just a bit creepy. Is that maybe why the Orosas moved out? It's empty now, isn't it? The gate's low enough to jump over, and it's going to be really easy to break the lock with a shoelace."

"Kuya—"

"I found an emergency flashlight the other day. You should use it and go into the house next door. And you'll do it at night! Otherwise there's no

point," he added. "We'll sneak over while everyone else is sleeping. You'll break in, go to the window on the second floor, and give me a signal that you made it up there. How does that sound?"

He jabbed his finger at me. "Lame-o. Liar. Pants-on-fire. That's how you are. But if you do this, I might just take you more seriously."

I hated my brother then. I couldn't let it go.

"Fine. When am I going to do it?"

"The night after tomorrow. They say there'll be a full moon. Are you pissing your pants already?"

"No, I'm not."

"I really hate it when you suck up to Ojii-pa," Keiji said. "Like that way he went up to you and did that praying thing. Stupid. You're not fooling anyone."

SIX MONTHS BEFORE that full moon, the elderly Mr. and Mrs. Orosa did leave the eerily silent house a few yards away from ours without as much as putting up a "For Sale" sign on its rusty gate. In that short time, all remaining visible life had gone out. The weeds had given up and were brown and bent in surrender, and the concrete had peeled off and some pieces had mixed with the pebbles in the yard. The house itself was almost white with decay, including the door and the windowpanes.

The edge of the windowpanes on the second floor were equally white. But with the glass almost totally smashed, it took on the semblance of something more open like a portal, an entrance into somewhere, a place not as still as the decrepit house seemed to be.

No matter how afraid I was in the hours leading up to our excursion, I did not show it. We behaved well in front of the adults, to Mama and Tita Mika's great relief, but Ojii-pa seemed more restless at certain minutes, closing his eyes and pursing his lips, upsetting the rosaries, the wind chimes, and the mirrors.

At seven o'clock, Lalakay was already thickly curtained in fog. My brother and I had agreed to sneak out separately in the interval between ten and eleven, when the adults were surely sound asleep. He brought with him the small, rectangular LED light that had been hidden in the cabinet, and I followed shortly, bundled in my jacket. It was remarkably cold even indoors.

I quietly shut the screen door and crept down the wooden stairs leading out to the garden.

The night had eyes that seemed to follow me closely.

"Took you long enough," Keiji said when I skittered up to him where he stood, by the Orosas' gate. He held the flashlight in a tight grip; from his pocket, he pulled out a ball pen and a shoelace.

"The gate's open. I'll stay by it. Break the lock and go inside. Then, turn the light on the first setting—" here he thumbed the switch and the light duly flashed at its dimmest and weakest; "—and keep it there until you find the stairs. Go up and make your way to the window. Then turn it up all the way, and off—blink it five times. Got it?"

Something in the grass rustled nearby.

"Kuya... I don't know. What if I can't do it? What if I don't come out?"

"I thought you said you weren't scared?" Keiji's voice was oddly high-pitched. "You said that you could prove to me that—ugh! You're not making me believe anything you say until you go up there."

"Well... when I make it up there, what do I win?"

"What do you mean?"

"If the loser has a consequence, shouldn't the winner get a prize? Isn't that fair? When I make it up there, what will you give me?"

"Damn it, I don't know," he growled. "Thirty pesos. Make it fifty. The chocolate Tita Mika will give both of us on the way home—you can have all of mine."

"Maybe that," I said, and in softer breath, "but if I win... you should... shut up, forever... if I show you, make you feel what I feel..."

"What are you saying? You stupid creep. You're even kinda scaring me. Just go! We're here already! Go before... come on, just go!"

We pushed the gate open and I took the light, the pen, and the shoelace which my brother passed them to me. The housebreaking, the stepping into that white-dark portal, then began in earnest.

THE LOCK EASILY gave way when I slipped my lace noose around it through the door's edge, and pulled down hard with the pen. I heard Keiji exhale a short distance away from me as I pushed the wood forward and switched the small light on at its weakest setting—bright enough for me to take a few steps forward into that black cavern.

I walked very slowly. The sounds of the outside world seemed quick to disappear into those that were uniquely of the house. There was a soft, soft scratching on the walls that I hoped was from cats, and a dull skimming vibration on the floor that I tried tracing to my own steps.

I peered in front of me, trying to make out the stairs, but out of the corners of my eyes I noticed some things that remained in the corners of the room. The shadow of a shelf was against a wall to my right, solid straight lines against it. Not too far away from it were metal poles, like the idle pipes we used in our play gleaming faintly.

Then, another curved, fluid shadow...

I swallowed and tried to quicken my pace. The outline of a bannister indicated the presence of the wooden staircase. I perceived it at the moment that my flashlight suddenly began to flicker.

I do not know if it was the muted voice of my brother that I heard behind me, a wordless sound. Maybe I wanted to somehow believe that it was, that he was actually there.

I dropped the pen and the shoelace in my effort to steady myself by grasping the banister, while the rest of my body turned to gel. My skin and my blood had turned cold. Little needles, or pins, were pricking my body. Nearer to the second floor, I could once again hear Keiji, who was perhaps not Keiji, speaking in whispers. Or was it from the slowly curving shadows near the windowpane?

From the broken window I could make out the shape of my brother, waiting below for my signal. But I fumbled with the flashlight as a shadow began to swell at a far corner from the window, and then it took a horrid, actual shape.

My blood seemed to be draining out of my body to give the shadow life. I fought to either scream, or carry out my original mission. To blink the flashlight. Five times—count one to five. So that my brother could find me.

I felt my knuckle pop as I flicked the switch twice.

Then my body felt wrapped in small, cold thorns. I don't know how many seconds passed before I could flick the switch again, and the Keiji below me had begun to shout: "Eiji—Eiji, I can see you! ... What's wrong? Eiji...?"

By the fourth shift between light and darkness, the shadow had grown a little hair on its body—and it was like a twisted, bruised young boy's body—with white skin that gleamed out of the darkness.

Then I perceived the blood that I thought I had lost. There was blood all over the shadow, the boy-body with short hair. Over his shirt, blood spilling from multiple small wounds that looked like they had been inflicted in all sorts of ways, from blades to blunt metal.

After the fifth flick of the flashlight, the boy-body's eyes met mine.

*And I'll be Japan. I'll win. I'll show you... Shut up forever. Loser has a consequence...*

My hand was sharply wrenched open. I dropped the light, and I myself fell. There was a loud, hard scream. It didn't feel completely mine. Then, everything went black.

WHAT HAPPENED NEXT was either a dream or a memory, a state in which I was awake and most things seemed real. When I woke up, I was lying below the window of the Orosa house once more. But a portal had now opened to me. I felt the otherworldly mist of the Makiling mountain. I felt it with heightened senses outside of my body.

Before me remained the full boylike form—except now, it looked not at me, but at another figure close by, coming closer to me. It was a crouching form of a spirit—the living form of my grandfather.

I saw him swat at the mist and kneel over me, then turn his head to look at the body.

*Kankeinai*, he addressed it. *Kankeinai*.

The boy-body flared, its outline turning from a semblance of red in temperature to a kind of hot yellow. Ojii-pa's fingers curled over mine.

*Kisama! Kankeinai darou!* Anger emanated from the boy-body, but also a sense of deep anguish, that in the moment, I shared. Dull needles came again to pierce me and I cried out, but whatever came for me came harder for my grandfather, who only winced.

The boy-body's eyes remained open and pierced endlessly but Ojii-pa's grip never wavered. It tightened with each shock. *Kankeinai*, he repeated, *kankeinai*.

The boy-body dispersed. But others then began to form.

Three spirits emerged, almost like negatives of photographs, and took shape in a circle around us. Two of the bodies were covered in a muddy dark green, their faces grotesque, grimacing. They materialized and scrabbled around a third, pink, less stable entity.

Their words cut deepest. *Busu, baita.*

*Stop, please stop! Officer?* A woman's disjointed voice. *Officer please, mercy...*

*Hajime. Oi, Hajime-san... Doushita?*

*Korose.* I realized to whom they spoke.

Officer? Please, for God's sake. I have a... family. Family, Officer. A baby, baby girl. Officer, for my baby—

*Hajime-san! Nani wo matteru no? Korose!*

*"Ie,"* Ojii-pa fumbled to say with his own lips. *"Urusai! Yamero!"*

*Stop please,* said a woman's voice. I was losing consciousness. *Stop, let me go. Officer, no—*

"*Kisama!*" my grandfather broke out, grasping me with otherworldly strength and to the spirits, gesturing firmly at himself. "*Washi dake wo sagashiteiru.*"

Ojii-pa—

*"Kankeinai."* Not you, but me. Leave Eiji.

Only after an aching stretch suspended time did the two mud-green bodies disappear, leaving in their wake a flood of others on the floor. They were of every shape and color. I felt gray from rounded souls that shone with something wet, like pooled rain. Faded tan souls seemed to nurse their skin and grapple to hook broken bones and joints, back together. Several shapes, like the boy-body's, were shaded different tones of harsh, or rusted, or slowly fading red.

Dizzied by all this, I felt my senses fading. The last image before my eyes closed was a muted pink shade and soft hair like a doll's, and my

grandfather's last words to it were as clear as he could make them: *Gomen nasai. Gomen. Yurushite, kudasai.*

BACK IN OUR house that night I was only bruised, but very much shaken. My grandfather had run to the old house when Keiji shouted, and without hesitation had raced up the stairs as if his youth and the urgency of the war had returned to him. When my brother, mother, and aunt found the two of us, they declared that there were no other human forms present.

If my brother doubted my account of what had happened, he said nothing. He only awkwardly came forward and said, "Eiji, I'm sorry."

I tried to laugh as I said, "It was so scary in there. Do you believe me now, Kuya? Do I win now?"

"Stupid!" My brother threw his hardest punch at me yet, and the last that I remember for a very long time, as he finally cried in earnest. "Stupid! I was so—you're so stupid!"

The ordeal had left Ojii-pa visibly weaker, but as we left the Orosa house he looked back at it and chuckled. There seemed to be an ease in his step as he leaned on Keiji's shoulders on the way home.

THE DAYS WERE quieter after that. We spent them looking after our Ojii-pa together; his walk had gradually become slower and his breath, more measured, but his hands were looser now, no longer mixing the odd artifacts or praying to the wind.

Still, my brother and I, remembering best his gentle hands brushing against our heads, are hard pressed to imagine them once around the handle of a bayonet, cradling any of those bloody bodies with regret.

That summer we graduated from war games and learned to make paper birds and flowers, and even tried to drink the tea. True to his word, Keiji gave me his share of the chocolates Tita Mika wrapped for us to take home. We had a peaceful bus ride back to Manila, and Mama fell asleep humming to us, closer to her dream of a proper family.

There were many wishes lived out after the few remaining summers that we spent in Lalakay. The small kindnesses my brother and I afforded to the family and to each other, beginning that fateful night, bonded us more firmly in our teen years. By then, he had more faith in what I was made of

and never hesitated to be rough with me at basketball or tease me when I was with girls. In most other things, however, Keiji took it upon himself to be something like my best friend and a bit like my guardian angel.

And soon, I understood and shared in that joy of caring for and protecting, when Papa came back and chose to stay in Manila with us. Our home felt full like that of Hajime and his dearest Pacita, Naomi, and Mika—when a windfall came into it, and we both became kuyas to Mariē.

I TRY TO recover these parts of Lalakay now that I have grown older and lost my sixth sense of it. For the most part, the needles and cold clouds have left, and only the smallest shocks of my childhood linger. I've tried to grasp even the things that horrified me most. I am afraid to lose those particular memories of Ojii-pa, who searched in that old house for some form of forgiveness and in those strange moments, seemed to have found it.

"What's there to forgive?" I replied, when Keiji last brought up the summer of the "haunted house." "Boys will be boys. You know the kind of games we play. Eventually it was a phase we grew out of, right?"

"You know it was different," Keiji said. "Something did change that day."

"That being?"

"True, we were just being ourselves. We got used to the games, the rough-housing, losing and winning. But I realized from your words and from how you screamed from that house... I'm so sorry I couldn't swallow my jealousy or my pride, and I didn't tell you anything before you went in. But never again would I have wanted you to get hurt—to lose you."

"Kuya, I feel the same," I said. "That's something Ojii-pa would be happy to know."

"He would have been happy to see us grow up, see Papa come home—and meet our Mariē."

The baby of our family never played at war. From an early age, our sister's sensitive and curious spirit scoured books, old news clippings, and Mama's recounting of Lola's many memories. As for the spirits of the mountain, the souls of the men, women, and children, who hid in those homes and sometimes never left them...

Mariē asked many questions that were difficult to answer: why our grandfather had stayed on after soiling his hands, why the little foreign blood in us did not burn in our veins; what the world was like inside of our grandfather, what it was that still linked his spirit so deeply to the mountain, and how it was for me when I shared this gift. I never shared this view, but Keiji asserts that what remains of it has become both a gift and an inheritance—though not as great as Marie's value for knowledge, or my brother's own kindness.

When we visited Makiling for the last time as a family, after Tita Mika's decision to sell the land, Keiji and I brought Mariē to see the Lalakay we had grown up in. We watched her smile and step on the idle train tracks, count the salbabidas and beach balls being sold outside the hot springs resorts, and trace with her eyes the greenery that surrounded our old house and the houses immediately around it.

It was after summer then, and for the first time we all saw the bloom of so many strands of wild wheat grass that blanketed the path between Ojii-pa's house and the Orosa's. The grasses were tall and seemed to touch the low-lying clouds, but what we noticed most sharply was the color of their grain—a fresh, vivid golden-white.

And that day, Marie adorned the landscape with more color. She surprised the two of us by opening her bag and drawing from it a multitude of paper cranes. She had made them from all kinds of paper. One by one we laid them at the foot of the rusting gate like grave markers. We prayed our litanies for the dead, the still-living, and whoever could find meaning while passing through.

Though Ojii-pa did not live long enough to see his third grandchild, and died from a seizure a few years after that night, it was a good enough time to go, to rest in a peace that he had earned, and which lived on through each of us.

He had known how my brother and I were bound to him, and, finally, to each other.

During our last vigil by his bed, he had murmured, "*Anshin shite*." And then his eyes focused on a faraway place in the garden and the woods behind it. "*Shite kudasai*. Peace now. For everything."

# MGA BATA SA SELDA 43

Rolin Cadallo Obina

[Unang naitanghal ang dulang Mga Bata sa Selda 43 sa Virgin Labfest 14 sa Sentrong Pangkultura ng Pilipinas noong 2018. Makalipas ang mahigit isang taon, ang nasabing dula ay itinanghal ng Bindlestiff Studio, San Francisco, California, Oktubre 2019]

## MGA TAUHAN

Philip, labing-tatlong taong gulang

Ino, siyam na taong gulang, nakababatang kapatid ni Philip

Ed, dalawampung-taong gulang

*Sa pagsisimula ng dula, isang pulang bombilya ang iilaw sa bandang likuran ng entablado kaalinsabay ng pagtunog ng isang sirena, malakas, nakabubulahaw. Sa pagbukas ng mga ilaw, makikita ang dalawang takot na takot na mga bata, si PHILIP , 13, at ang kapatid n'yang si INO , 9. Parehong kupas ang shorts nito, naka-tsinelas na luma at may karumihang t-shirt. Magyayakapan ang dalawa.*

INO: Kuya, nasaan tayo?

PHILIP: Hindi ko alam. Tsaka h'wag kang maingay.

*Puti ang pintura ng buong silid. May pintuan sa gawing kanan at isang kama sa gitna nito. Sa kaliwa naman ay isang kabinet na may salamin sa ibabaw. Lahat ng mga bagay na nakikita sa loob ay halos nakadikit sa pader. Sa pinakataas ng pader/dingding ay mga rehas, palatandaan na nasa loob sila ng isang kulungan.*

- INO: Saan na nga tayo?  
PHILIP: Hindi ko nga alam, e. Ang kulit mo.

*Makikitang hindi mapakali si Ino. Panay ang lingon nito sa kanyang likuran.*

- INO: Naku lang talaga. Malamang papaluin na naman tayo ni nanay nito.  
PHILIP: Eh di umilag.  
INO: Kuya naman, e. Malamang nag-aalala na 'yon.  
PHILIP: OK lang 'yon. (*Ituturo si Ino*) Ito. (Saglit) Di ba nga nakatakbo s'ya?

*Lilinga-linga si Philip na parang ginagalugad ang lugar habang si Ino naman ay padabog na nakabuntot sa kanyang kapatid.*

- INO: E, paano na si lola? Sila lang dalawa ni nanay. Alam mo namang sakitin 'yon, e. Naku! Kapag 'yon tumae na naman sa pondyo n'ya, mahihirapan na naman si nanay linisin 'yon.  
PHILIP: Talaga? (saglit) Oo nga, ano? Tumutulong ka pala kay nanay sa paglilinis kay lola.

*Kukutusan ni Philip ang nakababatang kapatid.*

- PHILIP (cont'd): Ugok!  
INO: Aray!  
PHILIP: Ako ang naglilinis kay lola.  
INO: Bakit? Sinabi ko bang ako?

*Hahawakan ni Ino ang parte ng kanyang ulong nakutusan.*

- INO (cont'd): Sakit ha?  
PHILIP: Talaga? (Saglit) Gusto mo isa pa?  
INO: Kuya, ano ba?

PHILIP: Hindi. Biro lang. Hindi naman malakas 'yon, e. (Saglit) Ako nga e, sinasapak mo rin naman.

INO: Hindi kaya.

PHILIP: Ano ka?!

INO: Umuwi na kasi tayo.

PHILIP: Oo. H'wag kang mag-alala. Uuwi tayo maya-maya lang.

INO: Kasi naman, e.

*Hihilahin ni Ino ang t-shirt ni Philip.*

INO: Kuya Philip?

PHILIP: Ano?

INO: Kuya, natatakot na po ako dito, e.

*Guguluhin ni Philip ang buhok ni Ino.*

PHILIP: Bakit? Wala ka bang bilib sa akin? Kasama mo ako, di ba?

*Tatango si Ino.*

PHILIP: 'Yon naman pala, e.

*Pupunta si Ino sa harapang bahagi ng silid at titingala sa taas na parang may tinitingnan.*

INO: Kuya, mamamatay na ba tayo?

PHILIP: Ano ka ba? Hindi, no? May agimat kaya ako. Sandali.

*Mamemewang si Philip. Matikas ang porma na parang isang superhero sa pelikula.*

PHILIP: Hindi mo na ba ako namumukhaan?

INO (nakakunot ang noo, nag-iisip): Si (saglit) Batman?

PHILIP: Tange! Hindi kaya ako si Batman.

- INO: Hah? Di ba sabi mo ikaw si Batman? Tsaka ako si Superman.  
PHILIP: Mas matanda kaya ako sa'yo. Dapat ako si Superman. Tapos ikaw (saglit, mag-iisip), tama, ikaw si Wonder Woman.

*Susuntukan ni Ino si Philip ng malamya.*

- INO: Hah? Ba't babaé?  
PHILIP: E, anong problema do'n? Super hero din naman 'yon. Tsaka partner si Superman at si Wonder Woman.  
INO: Magkapatid ba sila?  
PHILIP: Hindi.  
INO: Kuya naman, e. Batman ka na lang tapos ako si (saglit) Robin. Tama, tama. Para Batman at Robin.  
PHILIP: Batman? Wala namang kapangyarihan si Batman, e.  
INO: Pero mayaman naman. Diba kapag mayaman, makapangyarihan? Tsaka, bakit? Ayaw mong yumaman?  
PHILIP: Gusto.  
INO: Ayon naman pala, e. Batman ka na.  
PHILIP: O s'ya. Bahala ka na nga. Kulit mo.

*Lilingon-lingon si Philip sa paligid n'ya habang si Ino naman ay pupunta sa kama at hihiga.*

- PHILIP: Ino, ano ba?

*Babangon si Ino.*

- INO: Bakit na naman?  
PHILIP: H'wag ka ngang humiga d'yan. Baka magalit ang may-ari.  
INO: E, sa gusto ko, e. Tsaka hindi pa po talaga tayo kumakain.

*Hihiga ulit habang ang mga paa ay nakabitin.*

- PHILIP: Tigilan mo ako d'yan sa katakawan mo ha?

INO: E, sa hindi pa talaga tayo kumain eh. Bakit? Kelan pa ba tayo huling kumain?

*Hindi iimik si Philip. Pupunta ito sa harapang bahagi ng entablado. Titingin sa itaas na parang sumisilip gaya ng ginawa ni Ino kani-kanina lang.*

INO: Wala kang makikitang ulam d'yan kuya. Sinilip ko na 'yan.

PHILIP: Hindi ulam hinahanap ko.

INO: Ano?

PHILIP: Gaano kaya kataas ang pader na ito?

*Biglang tutunog ang sirena. Maririnig din ang pagbukas ng isang pintuan na parang kinakalawang sa kabilang silid. Iilaw din ng pula ang bombilya sa gawing likuran. Mapapatayo si Ino. Lalapit ito sa kapatid at magtatago sa likod. Makikitang parehong takot ang dalawa. Nang huminto ang sirena at patay na ang pulang ilaw, lalapit si Philip sa may pintuan. Sisilip sa mga giwang at butas.*

INO: Nakakatakot naman 'yang sirenang 'yan. Parang sa atin.

PHILIP: Paanong sa atin?

INO: Sa atin. Kapag may hinuhuli sa saklaan.

*Babalik si Philip sa bandang harapan upang patuloy na eestimahin kung gaano kataas ang pader.*

PHILIP: Naku! Sanay na 'yong mga tao sa atin, no?

*Uupo si Ino sa kama.*

INO: Oo nga ano? Kapag may pulis na rumoronda sa saklaan, ayon, pulasan ang mga sugarol. Naalala ko si tatay noon o. Muntik nang makasuntukan si Ka Berting.

PHILIP: Buti nga hindi s'ya nasakasak, e. Kasi naman napakadaya ng tatay mo.

- INO: Anong tatay mo? Tatay natin.
- PHILIP: Mo!
- INO: Hindi mo s'ya nami-miss, kuya?

*Babalik si Philip sa unahang bahagi at titingala na naman sa taas.*

- PHILIP: Sino? (Saglit) Oist, sandali. Gaano kataas kaya ang pader na ito?
- INO: Ewan. (Saglit) Kuya puwede?
- PHILIP: Ang alin ba?
- INO: Si tatay?
- PHILIP: Puwede ba?
- INO: Matagal na 'yon. Tsaka nagsisisi na naman s'ya, di ba?

*Pandidilatan ng mata ni Philip si Ino.*

- PHILIP: Ino!
- INO: Matagal na naman kasi 'yon tsaka nagsisi na naman s'ya eh.
- PHILIP: Sa tingin mo may pakialam ako kung magsisi s'ya o hindi? E, di mabulok s'ya sa bilangguan kung gusto n'ya.
- INO: Nagawa lang naman n'ya 'yon dahil may sakit ka. Kung hindi ka nagkasakit, eh di sana padyak drayber pa rin 'yon.
- PHILIP: Kasalanan ko pa ngayon?
- INO: Ewan.

*Maglalakad si Philip papunta sa kabinet. Uupo s'ya sa ibabaw nito.*

- PHILIP: Ang sabi n'ya, hihiram s'ya ng pera kay Tsong Selmo. E, kaso, ayon, sumama sa mga holdaper at nanloob ng pawnshop. Huli ka, balbon. Malamang. Kaya tayo, eto, lumaking walang ama. Ang masakit, ayon, ako ang tumatayong ama. "Philip, wala nang pambili ng bigas. Philip, wala tayong ulam. Philip, wala nang gamot ang lola mo. Philip. Philip. Philip." Putcha! Puro Philip.
- INO: Kawawa naman kasi si nanay, kuya, kung s'ya lang lahat.
- PHILIP: Oo! Si nanay na ikaw ang paborito.

INO: Ay hindi totoo 'yan. Ikaw kaya.

*Matatawa nang bahagya si Philip, sarkastiko.*

PHILIP: Ni minsan ba pinaghandaan ako ni nanay ng pagkain? (Saglit) Hindi. "Uy, Philip, maghanda ka na ng pagkain at nagugutom na ang kapatid mo. Uy, Philip, mag-igib ka ng tubig dahil walang panligo ang kapatid mo." Saan doon ang paborito? Paboritong utusan?

INO: Ayaw mo na ba akong maging kapatid, kuya?

PHILIP: Ewan.

INO: Alam ko, ikaw ang paborito ni nanay. Narinig ko sila ni Aling Isa na nag-uusap. Naalala mo? Noong pinabili ka ni nanay ng gamot dahil may sakit ako tapos malakas ang ulan? Sabi ni Aling Isa, "naku, swerte ng anak mo sa 'yo at hindi mo pinapabayaan," Alam mo ang sagot ni nanay?

"Hindi Aling Isa. Ako ang mas swerte dahil may Philip ako. Kung wala ang anak ko na 'yan, naku, baka hindi ko na kinaya't nabaliw na ako. Kaya paborito ko 'yan eh."

*Makikitang mamumutawis sa mga mata ni Philip ang mga luba.*

INO: Kaya alam ko, sa mga oras na 'to, hinahanap ka na ni nanay.

*Mahabang katahimikan.*

PHILIP: Tayo, Ino. Hinahanap na n'ya tayo.

INO: Ikaw kuya, kunyari nalulunod kami ni nanay, sino sasagipin mo? Si nanay o ako?

PHILIP (mag-iisip): Tingin ko si nanay. Ang kulit mo, e.

*Malulungkot si Ino. Magdadabog ito. Lalapitan n'ya si Philip.*

PHILIP: O, biro lang. S'yempre ikaw.

INO: Paano si nanay?

**PHILIP:** Kulit! Malamang ang sasabihin n'un (gagayahin ang nanay nila na parang humihingi ng tulong) "Philip, tulungan mo ang kapatid mo. Philip, tulungan mo si Ino. Ino, kumapit ka sa kuya mo."

**INO:** Galing mong umarte, kuya. Parang totoo. (Saglit) Utot mo.

*Magkikilitian ang dalawa. Ngunit biglang mapapatigil si Philip.*

**PHILIP:** Naku! Naku! Ang kama nagugusot. Baka magalit ang may-ari nito.

**INO:** Kuya?

*Aayusin ni Philip ang kama.*

**PHILIP:** Tumayo ka d'yan.

**INO:** Kuya, hindi pa talaga tayo kumakain.

**PHILIP:** Tiisin mo. Sigurado paparating na si nanay para tubusin tayo.

**INO:** Tubusin? Anong akala mo sa lugar na 'to? M. Lulyir? Ano 'to, sanglaan?

*Mapapaupo ulit si Ino.*

**INO:** Teka nga, kuya. Saan ba talaga tayo?

**PHILIP:** Hindi ko nga alam. Hindi naman 'to kulungcan.

**INO:** Anong hindi? (Ituturo ang rehas sa pintuan) Ayan o. Rehas.

**PHILIP:** Ang linis, e. Naalala mo 'yong pinuntahan natin si Tatay noon sa Manila City Jail?

**INO:** Bakit?

**PHILIP:** Di ba andumi? Ito ang linis.

**INO (takot):** Hala ka!

**PHILIP:** Bakit?

**INO:** Kuya, ito na nga 'yong napanood ko sa TV.

**PHILIP:** Hah?! Wala naman tayong TV, ah.

- INO: Ang kulit mo kuya. (Saglit) Ayon na nga. Mga bata ang kinukuha nila. Kinakatay. Kinukuha ang utak upang pag- aralan. Kuya, ito na 'yon.
- PHILIP: Anong ito na 'yon?
- INO: Alien. Alien imbeysseyon.
- PHILIP: Alien?

*Magkakatitigan ang dalawa. Takot na takot. Maghahawak kamay ito at sabay na magisisigaw. Maya-maya'y tatayo si Ino at lalapit sa pintuan.*

- INO: Saklolo! Saklolo! Kinidnap kami ng mga alien. Saklolo!

*Tatabi sa kanya si Philip.*

- PHILIP: Saklolo! Nananawagan po kami sa aming mahal na pangulo. Tulungan n'yo po kami. Kinidnap po kami ng mga alien.

*Sabay-sabay na hihangi ng saklolo ang dalawang bata ngunit makalipas ang ilang saglit, mapapansin nilang walang tumutugon sa kanilang mga sigaw at panawagan.*

- INO: Sigurado ako, kuya. Alien ang kumuha sa atin.
- PHILIP: Hindi naman totoo ang mga aliens, e.
- INO: Totoo, kuya. Maniwala ka sa akin.

*Pupunta sa harapang bahagi ulit si Ino. Titinga-tingala sa taas. Si Philip naman ay mananalamin.*

- INO: Ang sabi sa akin, dumating daw ang mga alien noong 2016. Sumanib ito sa mga tao. Kaya hindi na natin sila namumukhaan kasi nagkatawang tao na sila. Pati hitsura nila. 'Yong mga nakikita natin sa TV na ang ampapangit nila, hindi totoo 'yon. Ang sabi pa nga raw, may mga nauna na sa kanila noon, noon pa. Pero nitong huli lang talaga lumakas ang puwersa ng mga alien. Tapos dumudukot sila ng mga tao upang patayin.

*Habang nagsasalita si Ino, hindi na nito mamamalayang papalapit sa kanya si Philip.*

INO: Tapos kapag patay na, ayon –

PHILIP: Bah!

*Mapapasigaw si Ino sa takot at gulat habang hindi magkaumayaw sa pagtawa si Philip. Susuntukin ni Ino si Philip.*

PHILIP (habang tumatawa): Aray!

INO: Nakakainis ka, e.

PHILIP (tumatawa pa rin): Eh puro ka kalokohan. e.

INO: Totoo kaya 'yon.

PHILIP: Sino nagkuwento sa'yo?

*Uupo si Ino sa sahig, sa harap ng kama.*

INO: Si Nanay. Kaya nga sabi n'ya mag-ingat daw tayo lagi. Kasi hindi natin alam kung kelan sila aatake.

PHILIP: Naku! Naniwala ka naman kay Nanay.

INO: Oo naman. Bakit naman hindi?

PHILIP: Naku! Si Nanay, maraming alam 'yon. Kaso puro imbento.

INO: Hindi, a.

PHILIP: Anong hindi? (Gagayahin ang ina sa pagsasalita) Alam mo, anak, balang-araw, magiging doktor ka.

INO: O anong imbento doon?

PHILIP: Alam mo isa ka pa. Gusto mo kutusan kita ulit? (Saglit) Pagdodoktor? E, saan naman kukuha ng pera pangpaarial si nanay? Hihingi sa mga alien? Sa maliit na kita sa tingi-tinging paninda n'ya, baka kundoktor pa kamo.

INO: Pero kuya, kung sakali, siguro ikaw ang pinakamagaling na doktor sa buong mundo. Kasi matalino ka, e. Anong grade ka na ngayon kuya?

PHILIP: Grade 4.

INO: Ha? Bakit grade 4? E, di ba, trese ka na?

PHILIP: Kitams?! Eh elementary pa nga lang hindi na kayang tustusan, pagdodoktor pa. Kaya ikaw, h'wag kang masyadong nagpapaniwala kay Nanay. Imbento lagi 'yon. 'Yan ang napapala n'ya sa kababasa ng komiks kapag tumatae.

*Habang nag-uusap ang dalawa, maririnig na naman nila ang sirena, ang pag-ilaw ng pulang bombilya at pagbukas ng pintuan sa kabilang silid. Tatakbo si Ino sa gilid ng kama. Uupo ito habang tinatakpan ang mga tenga't mata ng kanyang mga kamay. Sisigaw ito sa sobrang takot. Susundan s'ya ni Philip at yayakapin. Maya-maya lang ay titigil na ang sirena at mamamatay na rin ang ilaw na pula.*

PHILIP: O tahan na. Tahan na.

*Titigil sa pagsigaw si Ino ngunit nakayuko pa rin ito.*

PHILIP: Ayan wala na. Tahan na, Ino. Nandito si Kuya o.

*Hindi pa rin iimik si Ino.*

PHILIP: Tahan na. Nandito si Batman, o, Robin, tahan na.

*Dahan-dahan itataas ni Ino ang kanyang paningin. Gagalugarin n'ya ng tingin ang kapaligiran.*

PHILIP: H'wag ka na matakot. Makakatakas tayo dito. Pangako ko 'yan sa'yo. OK?

*Tatango si Ino. Tatayo si Philip at iikutin ang buong kwarto. Ididikit nito ang kanyang tenga sa pader na para bang may pinakikinggan. Samantala, ilalabas ni Ino ang kanyang mga holen at maglalaro sa sahig.*

INO: Kuya?

*Titignan ni Philip si Ino.*

INO (cont'd): Paano kung –

PHILIP: Shhh!

*Titigil sa paglalaro si Ino. Si Philip naman ay lalong ididikit ang kanyang tenga sa pader. Makikita sa mukha nito ang biglang pagkataranta na may halong galak.*

INO: Kuya, bakit?

PHILIP: Si Nanay. Ino si Nanay. Naririnig ko si Nanay.

*Magmamadaling tatayo si Ino. Tatabi ito kay Philip.*

PHILIP (pasigaw): Nanay? Nanay?

INO: Nanay?

*Sabay na pupukpukin ng magkapatid ang pader. Ngunit makalipas ang ilang sandali, titigil din ang mga ito nang mabatid na walang tumutugon sa kanila.*

PHILIP: Si nanay 'yon. Sigurado ako. Mahina ang boses pero sigurado akong si nanay 'yon.

INO: Sigurado ka kuya? Wala naman akong narinig.

PHILIP: Oo. Sigurado ako. Narinig ko si nanay sa kabilang pader.

INO: Parang wala naman, e.

PHILIP: Ano ka ba? Hinahanap na tayo no'n. Sigurado ako. Baka umikot lang 'yon sa kabilang. Alam mo naman 'yon di ba? Baka nahirapang hanapin ang harapan.

*Tatabimik si Ino. Makikita sa mukha nito ang namumuong kalungkutan. Mapapansin ito ni Philip. Pilit n'ya itong aaliwin.*

PHILIP: H'wag kang mag-alala. Maya-maya lang ay darating na si Nanay.

*Hindi pa rin iimik si Ino. Mamamatuktot ito sa kama.*

**PHILIP** (cont'd): Alam ko na. Sumayaw tayo. Hindi ba sabi ni nanay kapag malungkot dapat sumayaw?

**INO:** E, di lalo akong nagutom?

**PHILIP:** Para nga makalimutan natin ang gutom. (Saglit) Tanungin mo ako kung taga-saan ako?

**INO:** Taga-saan ka?

**PHILIP:** Taga-Tondo.

*Sasayaw si Philip na parang macho dancer upang aliwin ang kapatid ngunit, hindi man lang ito ngingiti.*

**PHILIP:** Ayaw mo ha? (Saglit, desperado) Alam ko na. Dasal na lang tayo.

**INO:** Dasal?

*Lalapitan ni Philip si Ino.*

**PHILIP:** Oo. Dasal. Kumanta tayo ng Sam.

**INO:** May ganoon bang kanta?

**PHILIP:** Oo.

**INO:** Hindi ko alam 'yan eh.

**PHILIP:** Ituturo ko nga sa'yo eh. Tayo ka na.

**INO:** Ayoko, Kuya. Inuuto mo lang ako eh.

**PHILIP:** Hindi nga. Seryoso ito. Sige na.

*Hahatakin ni Philip si Ino. Bagama't susunod ito, makikita ang sobrang kabagalan at katamaran n'ya. Magsisimulang kakanta si Philip.*

**PHILIP:** SAMMM (saglit) SAMMM

**INO:** Ano 'yan?

**PHILIP:** Dasal nga.

**INO:** Kuya, mamaya na lang. Tinatamad ako, e.

- PHILIP:** Sige na. Ano ka? Ang sabi sa akin, kapag inis ka raw, o pikon, o problemado, o kahit may gusto kang iparating na mensahe sa isang tao, kantahin mo lang daw ang kantang ito.
- INO:** O tapos?
- PHILIP:** Pagkahintong-pagkahinto, imaginin mo lang daw ang taong gusto mong makausap sa mga sandaling 'yon at sabihin mo ang lahat nang gusto mong sabihin. Maririnig daw n'ya 'yon. Ipikit mo ang 'yong mga mata at talasan mo ang 'yong tenga dahil sasagot daw ito sa'yo. (Saglit) O, subukan natin. Sige na.
- INO:** Ayoko. Si nanay nagturo sa'yo n'yan ano?
- PHILIP:** Akala ko ba gusto mong makausap si Nanay? (Saglit) Gusto mo di ba?
- INO:** Gusto.
- PHILIP:** E, di gawin na natin 'to.
- INO:** E-to. Inuuto mo lang ako, e.
- PHILIP:** Hindi nga. Sige na. Sumunod ka na lang sa akin.

*Hahawakan ni Philip ang kamay ni Ino. Magsimula itong maglakad at kakanta. Si Ino naman ay sumasabay at pinagbibigyan lang si Philip ngunit makikita sa mukha nito na hindi siya interesado.*

- PHILIP:** SAMMM. SAMMM. SAMMM

*Hibinto si Philip. Pipikit siya habang nakatingin lang sa kanya si Ino.*

- PHILIP:** Sa ngalan ng lahat ng mga espiritung gala, tinatawagan ko ang aming nanay. Nay, sunduin mo na kami. (Saglit) Sunduin n'yo na po kami.

*Dahan-dahan ididilat ni Philip ang kanyang mga mata. Pagdilat nito, makikita n'ya si Ino na nakatingin sa kanya, nakangiwi ang mukha na parang nang-iinis pa rin.*

- INO:** Ano? Sumagot sa'yo?

PHILIP: Hindi eh. (Saglit) Subukan natin isa pa.

INO: Ano?

PHILIP: Isa pa. Sige na.

INO: Ewan ko sa'yo Kuya. Inuuto mo na talaga ako.

PHILIP: Sige na, Ino. Gusto mo namang makausap si Nanay, di ba?

INO: Kuya naman kasi, e.

PHILIP: Isa na lang.

INO: Last na ha? Sinasabi ko sa'yo, kuya. H'wag mo nang dagdagan ang gutom ko.

*Magtatabi ang dalawang magkakapati habang pinapangunahan ni Philip ang pagkanta ng Sam.*

PHILIP: SAMMM. SAMMM. OHHH SAMMM.  
PHILIP /INO: SAMMM. SAMMM.

*Kukurap ang mga ilaw. Mapapansin ito ni Ino.*

INO: Hala! Kuya, ayan na. SAMMM. SAMMM.  
PHILIP /INO: SAMMM  
PHILIP (cont'd): SAMMM-PUNG MGA DALIRI. KAMAY AT PAA.  
DALAWANG MATA. DALAWANG TENGA. ILONG NA MAGANDA.

*Papaluin ni Ino si Philip.*

INO: Sabi na nga ba eh. (Sisigaw) Kainis! Kuya, pagkain, wala talaga?  
PHILIP: Sumayaw ka ulit. 'Yon ang hilingin mo.  
INO: Hmp!

*Lalakad si Philip papunta sa kama. Hibiga ito. Si Ino naman ay dahan-dahang popormang mamalimos. Kakatukin nito ang salamin sa ibabaw ng kabinet.*

INO: Palimos po. Kuya, palimos po.

*Babangon nang bahagya si Philip. Titingnan ang kapatid tsaka babalik sa pagkakahiga.*

INO (cont'd): Palimos po. Kuya, pangkain lang po.

*Lalakad-lakad si Ino. Palipat-lipat ng kinakatok. Habang ginagawa n'ya ito ay maririnig ang mga kotseng rumaragasa at bumubusina. Lilingon-lingon si Ino habang dahan-dahan nawawala ang tunog ng mga umaandar na kotse. Mapapalitan ito ng ingay ng palengke.*

INO: Ate, akin na lang 'yang tira n'yong tinapay? Sige na, Ate. Gutom na po talaga ako, e. Ate, sige na.

*Ngunit parang hindi binibigay sa kanyang ang hinihingi. Hihinto si Ino. Mayamaya ay habablutin n'ya ang kung anuman ang nasa harap n'ya. Isang boses ng babae ang maririnig.*

BABAE (offstage): Ay! Magnanakaw. Magnanakaw. Saklolo. Magnanakaw.

*Maririnig ito ni Ino. Bigla itong matataranta. Tatakbo ito sa magtatago sa ilalim ng kama. Dahil dito, aalog ang kama at mapapatayo si Philip. Uupo ito.*

PHILIP: Ino, ano ba? (Saglit) Ino? Ino.

*Baba si Philip sa kama at sisilip ito sa ilalim.*

PHILIP: Uy, Ino. Anong ginagawa mo d'yan? (Saglit) Uy! Lumabas ka d'yan. Ino. Isa. Dalawa.

*Dahan-dahan lalabas si Ino.*

INO: Kaya ko lang naman hinablot 'yong supot ng ale kasi nagugutom na ako, e.

- PHILIP: Sinong ale? Anong supot?
- INO: 'Yong ale sa palengke.
- PHILIP: Ay potek! Ikaw 'yong sinasabi nung babaeng snatcher daw? Bakit?

*Aakyat si Ino sa kama.*

- INO: E, humingi ako ng pambili ng pagkain, ayaw akong bigyan, e.
- PHILIP: Tapos inisnatchan mo?
- INO: 'Yong tinapay lang sa supot. Itatapon na naman n'ya 'yon eh.
- PHILIP: Paano mo nalaman?
- INO: E, tira na n'ya 'yon eh. Kakakain lang n'ya. 'Yong hiningi ko sa kanya, e, tira lang naman. Ayaw pang ibigay. Andamot.
- PHILIP: E, anong pakialam mo kung madamot s'ya? Sa 'yo ba 'yon?
- INO: Hindi.

*Uupo si Philip sa sahig, sa harapang bahagi ng kama.*

- PHILIP: E, hindi pala, e. Ino, kapag hindi sa 'yo h'wag mong kuhanin.
- INO: E, bakit si Kiko?
- PHILIP: Si Kiko pinalaki ng mga magulang n'ya sa pagnanakaw. Ikaw, hindi.

*Bahagyang mapapangiti si Ino. Hihiga ito sa kama.*

- INO: Ah. (Saglit) Kuya?
- PHILIP: Bakit?
- INO: Puwede akong maging tulak?
- PHILIP: Ano? Tado ka ba?
- INO: Sandali lang naman. Di ba si Kiko magnanakaw kasi snatcher ang tatay at nanay n'ya?
- PHILIP: O tapos?
- INO: Eh di ba tulak si nanay at si tatay ng shabu?

- PHILIP:** O tapos?
- INO:** Eh di pwede akong magtulak?
- PHILIP:** Gusto mong itulak kita d'yan? Ha?
- INO:** Ito hindi na mabiro.

*Ngingiti si Ino na parang nilalambing ang kapatid.*

- PHILIP:** Biro biro ka d'yan. Nakita mo naman nangyari kay tatay, di ba?

*Magiging seryoso si Ino.*

- INO:** Biro nga lang naman, e.
- PHILIP:** Alam mo bang gusto ko talagang maging doctor paglaki? Kaso 'yon, ang tatay, nasa kulungan. (Saglit) Maliban sa pagiging tulak, holdaper pa. (Saglit) Hindi na makakalabas 'yon. Doon na 'yon mabubulok.
- INO:** Hindi ah.
- PHILIP:** Totoo 'yon. Hindi na makakalabas 'yon doon.
- INO:** Paano na po si nanay?
- PHILIP:** Ewan ko boy. Ewan ko.

*Biglang tutunog ulit ang sirena. Tatakbo si Ino sa may pintuan. Lulundag-lundag ito na parang sinisipat kung sino ang dumadaan ngunit wala itong makikita. Lalakad ito papunta sa harapan bahang si Philip naman ay sisilip-silip sa rehas ng pintuan.*

- INO:** Ano kaya itsura ng mga alien?
- PHILIP:** Ewan. Baka kamukha mo.
- INO:** Eh di pogì.
- PHILIP:** Wow!

*Biglang magugulat si Ino. May maaaninag s'ya mula sa unahan.*

**INO (takot):** Kuya?

**PHILIP** (habang patuloy na sumisilip sa may rehas): Ano na naman?

**INO** (pasigaw, takot na takot): Kuya!

**PHILIP:** Ano nga?

**INO:** May tao.

**PHILIP:** Saan?

**INO:** Ayun o.

**PHILIP:** Saan?

*Mapapaatras si Philip. Hahatakin nito si Ino. Mula sa harapang bahagi ng entablado kung nasaan ang mga manonood, isang lalaki ang papasok na parang isang zombie, si ED, 20 anyos. Dahan-dahan itong lalapit sa dalawa. Mapapatago si Ino sa likod ni Philip.*

**PHILIP:** Sino po sila?

**ED** (malalim ang boses): Bakit?

**PHILIP:** Sino po sila?

**ED:** Ang tagasundo.

*Sisilip si Ino mula sa likuran. Takot na takot. Makikita sa hitsura ni Ed na anumang oras ay lalapain n'ya ang dalawang bata.*

**PHILIP:** Tagasundo?

**ED:** At ikaw (ituturo si Ino), ikaw na makulit na bata ka, ikaw ang una kong sinusundo.

**PHILIP:** Sir (saglit) kuya (saglit, mapapalunok ng laway), baka naman po pwedeng pag-usapan na muna natin ito. H'wag naman ang kapatid ko.

**ED:** Hindi! S'ya ang uunahin ko dahil s'ya ang pinakadaldalero.

*Takot na takot na mangiyak-iyak si Ino habang hinahatak ang t-shirt ni Philip.*

**INO:** Kuya, h'wag kang pumayag, Kuya!

**PHILIP:** Tumahimik ka kasi. (Saglit) Kuya, last na. H'wag mong kunin ang kapatid ko. Sir, maawa na kayo.

**ED** (pasigaw habang nanlilisik ang mga mata nito): Hindi!

*Dahan-dahan lalapitan ni Ed sina Philip at Ino. Mag-iikutan ang tatlo. Nang makatiyempo si Ed ay susunggaban n'ya si Ino. Mahahawakan nito ang bata. Mapapasigaw ito nang malakas.*

**PHILIP** (pasigaw): Ino!

*Habang hawak ni Ed si Ino, titingnan n'ya ito mula ulo hanggang paa. Kikilatisin.*

**INO** (takot na takot): H'wag po. Tatahimik na po ako. Pramis po.

*Susungkaban ni Ed si Ino, akmang lalapain. Ngunit mahahatak ni Philip ang kapatid. Makikitang takot na takot si Ino habang hawak-hawak ang kanyang leeg habang si Ed naman ay hindi magkanda-ugaga sa kakatawa.*

**INO:** Dugo. Kuya, andaming dugo.

**PHILIP:** Anong dugo?

**INO** (ipapakita ni Ino kay Philip ang kanyang kamay): Ito o.

**PHILIP:** Wala namang dugo, a. Laway kamo.

*Aamuyin ni Ino ang laway.*

**INO:** Ang baho.

**ED:** S'yempre. Laway. Sa inyo ba, pabango ang laway?

*Magtatago pa rin si Ino sa likod ni Philip. May takot pa rin. Tatayo si Ed. Aayusin ang kumot at unan.*

**ED:** Teka lang. Bakit parang takot na takot kayo? Anong akala n'yo sa akin, aswang?

**PHILIP:** Hindi po kayo alien?

ED: Anong alien? Itong poging ito mukhang alien? Baka ikaw.  
(Maangas) Anong pangalan mo?

PHILIP: Philip po.

*Magtatago si Ino sa likuran ni Philip.*

ED: Kapatid mo?

PHILIP: Opo. Si Ino.

ED: Oist! Lumabas ka d'yan.

*Ilalabas ni Philip si Ino mula sa pagkakatago nito sa kanyang likuran.*

INO: Alien po ba kayo?

*Matatawa ulit si Ed.*

PHILIP: Pasensya na po. Makulit lang talaga itong kapatid.

INO: Alien po ba kayo?

ED: Anong alien? Adik ka ba?

*Uupo si Ed sa kama habang masusing titingnan ni Ed si Ino.*

ED: Tingin ko, adik ka.

INO: Hindi po ako! Si Nanay po, alam ko.

PHILIP: Hindi adik ang nanay. Ano ka ba?

INO: Anong hindi?! Noong isang beses nga nakita ko sila ni Lito Palito na nagpa-pot session sa bahay.

PHILIP: Hindi nga adik. Baka tumikim lang. Tulak kaya si nanay.

ED: E, di adik din.

PHILIP: Magkaiba 'yon.

INO: Alien po kayo?

ED: Ang kulit mo, ha? Hindi nga.

INO: E, ba't nandito ka? Di ba, kulungan ito ng mga dinudukot ng alien?

*Tititigan ni Ed si Ino. Bahagyang mapapangiti at iiling.*

- ED: Anong pangalan mo ulti?
- PHILIP: Philip po. Kayo po?
- ED: Eduardo ang pangalan ko. Pero tawagin n'yo na lang akong Kuya Ed. (Saglit) Kadarating n'yo lang dalawa di ba?
- PHILIP: Opo.
- ED: Nakakatuwang makalipas ang mahigit tatlumpung taon, may nakakasama na naman ako sa Selda kwarenta y tres.
- PHILIP: Selda kwarenta y tres? Paano mo nalaman?
- ED: Marunong ka namang magbasa ano? Ayun o (ituturo ang nakasabit na numero sa gilid ng kama).
- PHILIP: Ilang selda po ba meron?
- ED: Ewan. Marami. Siguro.

*Maririnig ang isang pintuang bakal na magbubukas habang iilaw ang pulang bombilya at tutunog ang sirena. Tatayo si Ed. Sisilip ito sa pintuan.*

- ED: Ayan! May dumating na naman. Mga bagong bilanggo.

*Mapapangiti si Ed.*

- INO: Bilanggo po?

*Uupo si Ed sa kama.*

- ED: Oo, bilanggo. Mga bilanggo ng hindi makaturangang sistema. Mga bilanggo ng kahirapan. Mga bilanggo dahil sa katarantaduhan ng kanilang mga magulang. Mga bilanggo ng mga mapang-abuso at naghaharing-uri.

- INO: Kayo po? Ba't kayo nabilanggo? Tingin ko magnanakaw kayo.

PHILIP (pasigaw): Ino!

*Bahagyang mapapangiti si Ed.*

- ED: Hayaan mo s'ya. (Saglit) Hindi ko alam kung ano ang tawag sa panahon ninyo ngayon pero ang tawag sa amin noon ay mga aktibista.  
INO: Aktibista? Kuya Philip, parang si Ka Berto, aktibista.

*Tatango si Philip. Magmamadaling lalapit si Ino kay Ed. Uupo ito sa kama kaharap si Ed.*

- INO: Ah. Magkano po ang sweldo n'yo?  
ED: Hindi kami sinusweldohan no?  
INO: Weee! Si Ka Berto, di ba kuya, pumupunta lang sa mga rally kasi may bayad. Kapag walang bayad, walang rally.  
ED: Ganun ba? Buhay pa s'ya?  
INO: Oo naman. Kung puwede nga lang ipatokhang 'yon ni Aleng Sedeng, e. Nakow! Ang tamad no'n. Batugan.  
ED: Mabuti pa s'ya.

*Tatayo si Philip. Makikitang parang may napapansin s'ya. Matitigil na si Ed at Ino sa kanilang pag-uusap.*

- PHILIP: Narinig n'yo?  
INO: Ang alin kuya?  
PHILIP: Si nanay. Naririnig ko si nanay.

*Lalapit si Ino kay Philip. Makikiramdam kagaya ng ginagawa ng kapatid.*

- INO: Wala naman, e. Hay naku! Epekto na 'yan kuya ng walang kain. Kung ano-ano na naririnig mo.

*Babalik si Ino sa pwesto n'ya kani-kanina lang.*

- INO: Ayun na nga Kuya Ed, si Ka Berto, naku, kapag rally, ayun, kapag nagkakagulo na, 'yon ang unang tumatakbo.
- ED: Nakakaaliw. May mga ganoong tao pa rin pala ngayon. Noong panahon namin meron din namang ganoon. Mabilis tatakbo kasi mga duwag. 'Yong iba naman, kaya lang sumasama sa amin dahil mga bayaran. Binabayaran para guluhin kami. Tawag namin sa kanila mga infiltrators.
- INO: Guluhin kayo? Eh di ba po kayo ang nanggugulo?
- ED: Hindi, a. Kami ang madalas na ginugulo. Ang tahimik na protesta ay pilit nilang ginugulo. Ang bansag sa amin ay mga taong-kalye na ang tanging hatid ay perwisyo at gulo.

*Tatayo si Ino. Mamartsa-martsa paikot kina Ed at Philip.*

INO: Makibaka. H'wag matakot. Makibaka. H'wag matakot.

*Titigil si Ino sa pagmamartsa. Lalapitan nito si Ed na nakatingin lang sa malayo. Kakalabitin n'ya ito.*

- INO: Kuya Ed, may pagkain ka?
- PHILIP: Ino kasi. (kay Ed) Naku Kuya Ed, h'wag mo nang pansiñin 'yan. Matakaw lang talaga 'yan.
- ED: Gutom ka?

*Mag-iisip si Ino.*

- INO: Hindi naman.
- ED: Akala ko gutom ka. Kasi kung nandito ka na sa loob ng selda, hindi ka na makakaramdam ng gutom, o antok, o kung anuman.
- PHILIP: Wala nang pakiramdam?
- ED: Oo, maliban sa ...

*Mapapayuko si Ed, mapapaisip, malalim.*

**ED** (cont'd): Maliban sa pangungulila. Pangungulila sa mga mahal mo sa buhay. Sa tatay mo, sa nanay mo, sa mga kapatid mo, sa mga kasama mo sa kalye.

**PHILIP:** Bakit, Kuya Ed, wala ba kayong naging kasama dito?

*Pupunta si Ino sa kama. Hihiga. Si Ed naman ay uupo sa sabig.*

**ED:** Meron din. Si Ayo at si Tala. Kakaiba din ang saltik nung dalawang'yon. Tingin ko nalunod sa may ilog sa Cavite'yon.

**PHILIP:** Paano n'yo po nalaman?

**ED:** Tant'ya ko lang. Base kasi sa kuwento nila, nagkayayaan silang magkaibigan pumunta sa ilog. Tapos ayon, noong nagkamalay sila, nandito na sila sa loob. Pero saglit lang sila dito. Nakalabas din agad.

*Tatayo si Ino.*

**INO:** E, puwede naman palang lumabas Kuya Philip, e, di lumabas na tayo. Ano, Kuya Ed? Sama ka?

*Mapapangiti si Ed.*

**ED:** Hindi ganoon kadali'yon.

*Tatayo si Ino at pupunta sa may pintuan. Sisilip ito sa itaas.*

**INO:** Kuya Ed, sa laki ng katawan mo, tingin ko, kaya mo naman sigurong sirain ang pintuang ito. Tapos tumakas na tayo.

**ED:** Hindi ganoon kadali 'yon Ino. Makakalabas ka lang dito kung matatagpuan na ang katawan mo.

*Magugulat si Philip. Titiging ito kay Ed.*

**PHILIP:** Ano po?

INO: Ay naku Kuya Philip. Hindi ka na naman nakikinig. Ang sabi ni Kuya Ed makakalabas lang tayo dito kung matagpuan na ang ating katawan. (Saglit) Eh paano tayo matatagpuan kung nandito tayo sa loob. Malamang hindi. Kulit mo rin Kuya Ed ano?

*Biglang mapapaisip si Ino.*

INO: Ano raw? Parang anlabo noon. Matatagpuan pero (saglit). Ewan.

*Magiging seryoso si Philip.*

PHILIP: Kuya Ed, ano'ng ibig mong sabihin? Matagpuan ang alin?

*Hindi pa rin iimik si Ed. Bagama't bahaya itong ngingiti, maaaninag sa mga mata nito ang kalungkutan.*

PHILIP: Kuya Ed, matagpuan ang alin?

*Hihiga si Ino sa kama.*

ED: Shhh. OK lang 'yan Philip. OK lang 'yan.

PHILIP: Kuya Ed, paano? Eh hindi naman totoo 'yan eh. Di ba? Hindi naman totoo? Di ba kinidnap lang naman tayo ng mga alien? Di ba?

*Susunggaban ni Philip si Ed sa kwelyo ng kanyang damit. Hindi sasagot si Ed. Magsimulang umiyak si Philip. Yayakapin s'ya ni Ed na parang kapatid.*

PHILIP: Kuya? Di ba? (Saglit) Paano kung walang magahanap sa atin?

ED: Ako, tingin ko, wala na. Pero kayo, baka bukas o makalawa, makakalaya na kayo dito.

*Mapapalugmok sa sahig si Philip. Tutulo ang mga luha nito.*

•  
INO: Eh Kuya Ed, kelan ka pa dito?

*Lalapit si Ed kay Ino. Uupo si kabinet.*

ED: Anong taon na ba ngayon?

INO: 2018 na po.

*Mapapangiti si Ed.*

ED: Antagal ko na pala dito. Third year college ako noon, Political Science sa UP. Mga ilang taon matapos magdeklara ng martial law si Makoy. Nagmartsa kami sa Mendiola kaso nandoon na 'yong mga konstabularyo at mga militar. Hinuhuli kami.

INO: Hah? Parang si Coco Martin sa Ang Probinsyano?

*Ngingiti nang bahagya si Ed.*

ED: Pulasan kami. Takbo ako hanggang sa makarating ng Krus na Ligas doon sa Quezon City.

*Biglang tatahimik si Ed. Makikitang mag-iisip ito.*

INO: O tapos? Bitin naman, e.

ED: Doon ako pumirme sa bahay ng kaibigan kong si Andy. Saan na kaya 'yon? Isang gabi, habang mahimbing akong natutulog, biglang may malakas ng kalabog sa may pintuan. Napaigtad ako pero huli na. Pinagsisipa na ako ng limang armadong lalaki.

INO: Talaga?! (Kay Philip) Kuya Philip, parang tayo lang. Di ba natutulog lang din tayo.

ED: Talaga?

INO: Oo. Katatapos lang naming maglaro nina Mak-mak noon. Natulog ako malapit sa may pintuan. Tapos si Kuya doon malapit sa may kusina. (Imumuwestra ni Ino kung paano nangyari)

Bigla na lang o, blag! Tumba ang pintuan. Muntik nga akong maipit eh. Sabi nung isang lalaki, alam ko pulis 'yon eh kasi nakita ko na 'yon dati noong magronda sa saklaan, "nasa kwarto, pasukin n'yo bilis, bago pa makatakas". Kaso ambilis ni nanay o. Bago pa makapasok 'yong tatlong lalaki, nakalundag na si nanay sa may bintana. Galit na galit 'yong isang lalaki. Sabi n'ya, "itong dalawang batang 'to, mga tulak din ang mga ito. Dalhin n'yo 'yan." Di ba Kuya Philip, sinipa ka pa sa tagiliran?

*Hindi iimik si Philip.*

INO: Tapos kinaladkad nila si Kuya. Tapos ako, kinalaklad din. (Saglit) Kuya, ano nga 'yong sinakyan natin?

*Hindi sasagot si Philip.*

INO (cont'd): Haba noong biyahe. Tapos biglang huminto ang sasakyan. Nakita ko si Kuya o, tinulak malapit doon sa imburnal. (Matatawa) Di ba kuya, nahulog ka pa? Tapos bumaba 'yong dalawang lalaki. Narinig ko pa si Kuya o, sabi "sir, maawa na po kayo sa akin, sir. Sir, maayo na po kayo sa amin." Pero biglang may baril na pumutok. Ang lakas. Bang. Bang. Dalawang beses o. Tapos maya-maya sumakay na 'yong dalawa. Sabi ko, nasaan ang kuya Philip ko?

*Hahawakan ni Ino ang kanyang batok na parang may naaalala.*

INO (cont'd): Umandar ulit 'yong kotse. Tapos hinampas ako ng baril sa ulo. Tama. Tama. Kuya Philip, nahulog din pala ako. (Matatawa) Gumulong pa nga ako eh. Tapos nakita ko 'yong isang mama, bumaba ng kotse tapos tinutukan ako ng baril.

*Mapapaisip si Ino.*

INO (cont'd): Sandali. Binaril ba ako. (Saglit) Ay, oo. Dito (ituturo ang kanyang noo) Dito. Tama. Binaril din ako. Nawalan pa nga pala

ako ng malay. Pagkagising ko, ayun, nandito na kami dito sa loob. Nand'yan ako (ituturo ang isang kanto, parehong kanto noong nagsimula ang dula) at si kuya, doon. (Kay Ed) Ikaw Kuya Ed, binugbog ka din?

*Tatango si Ed.*

- ED: Isinakay ako sa isang van. Mga dalawang oras na biyahe 'yon. Noong huminto kami, hindi ko na alam ang lugar, madilim, pero ang alam ko nasa isang malayong probinsya na kami. Ipinasok nila ako sa isang lumang bahay. Halos walang laman. Kinuryente, binugbog. Torture. Maya-maya nakita ko si Andy, nasa pintuan. (Makikitang magpupuyos ng galit si Ed) Si Andy na kasama ko sa mga rally, kasangga ko sa lahat ng kalokohan, at halos kapatid na ang turing ko, ayun, s'ya pala ang infiltrator.
- INO: Grabe naman 'yong Andy na 'yon

*Tatango lang si Ed.*

- INO: Masakit, kuya?
- ED: Ang matorture o ang matraydor? (Saglit) Nang magkamalay ako, nandito na ako.

*Maglalabas ng holen si Ino at lalaruin n'ya ito. Habang si Ed naman at maglalabas ng kanyang harmonica at magpapatugtug.*

- ED: Simula noon, maliban kina Tala ay Ayo, ito na lang ang naging kasa-kasama ako.
- INO: Ano po 'yan?

*Lalapit si Ino kay Ed. Uupo ito sa harap ni Ed.*

- ED: Ito ang harmonica. Halika. Tuturuan kita.

*Patutugtugin ni Ed ang harmonica sa tunog ng “Inay Nasaan ka Ngayon” na s’ya namang ikatutuwa ng bata. Habang tumutugtog ang harmonica, maririnig naman ang ilang taong mag-uusap.*

LALAKI 1 (offstage): Dito, dito.

BABAE (offstage): Sandali lang po.

*Lilinga-linga si Philip. Para itong may naririnig. Tatayo ito. Habang si Ed at Ino ay patuloy sa kanilang ginagawa na parang walang naririnig.*

LALAKI 2 (offstage): O dahan-dahan misis. Madulas ang imburnal.

LALAKI 1 (offstage): Putcha! Ambaho na.

*Dahan-dahang bubukas ang pintuan. Hindi ito mapapansin nina Ed at Ino. Tanging si Philip lang ang makakapuna nito. Sa loob ng kulungan, kung sino lang ang lalabas ang s’yang makakakita sa pagbukas nito, hudyat ng kanyang pag-aalis. Hindi pwedeng hindi lumabas dahil parang may isang pwersang hahatak sa taong natagpuan na ang katawan.*

LALAKI 2 (offstage): Tingin ko may isang linggo na rin ito. Nabubulok na eh.

BABAE (offstage): Saan po? Saan po banda?

*Dahan-dahang lalapitan ni Philip si Ino. Yayakapin n’ya ng mahigpit. Ngingiti lang si Ino habang makikitang lumuluha si Philip. Patuloy sa pagpapatugtog ng kanyang harmonica si Ed.*

LALAKI 1 (offstage): Ayun misis. Sa dulo ng imburnal.

LALAKI 2 (offstage): Pati ba naman mga bata dinadali na nila.

LALAKI 1 (offstage): Ewan. May tama sa ulo eh. Sinalvage talaga ‘yan.

*Lalabas si Philip. Nang makalabas na ito, dahan-dahang magsasara ang pintuan.*

LALAKI 2 (offstage): Ilang kabataan na rin ang nasasalvage ano?

LALAKI 1 (offstage): Naku! Di na mabilang. Kawawa naman. Walang kalaban-laban. Sa ulo talaga binaril o.

*Maya-maya'y maririnig ang malakas na iyak n'ung babae na may kasamang hiyaw. Samantala, mula sa salamin, makikita si Philip na nakatingin sa kanyang kapatid. Humihikbi. Ang salamin ay puwedeng two-way mirror na makikita kung sino ang nasa labas depende sa ilaw.*

**BABAE** (offstage): Anak?! Anak ko. Anaaaaak! Ba't mo ako iniwan? Anak ko.

*Dahan-dahan maglalaho ang tinig ng babae habang patuloy na tumutugtog si Ed ng harmonica. Si Ino naman ay patuloy sa paglalaro ng mga holen. Sa pagkamatay na ilaw sa likod, mawawala naman si Philip. Titigil si Ed sa pagtugtog. Tatayo ito at uupo sa gilid ng kama. Nangingilid ang mga luha.*

**INO** (maglalaro at hindi nakatingin kay Ed): Kuya Philip, sa tingin mo, susunduin pa tayo ni nanay? (Saglit) Ayoko na dito kuya, e. Wala akong kalaro. Sigurado ako hinahanap na ako nina Mak-mak at Len ngayon. (Saglit) Kuya, punta tayo sa Star City paglabas natin, ha? Pasok tayo doon sa gilid, sa may butas na pader.

*Hihinto ng paglalaro si Ino. Lilingon ito sa direksyon ng kapatid ngunit magugulat ito dahil wala na doon si Philip.*

**INO:** Kuya?

*Tatayo si Ino.*

**INO:** Kuya Philip?

*Tatakbo si Ino papunta sa may kama. Hahanapin n'ya ito. Sisilip sa ilalim ng kama ngunit hindi n'ya makikita ang kapatid.*

**INO:** Kuya Ed, nakita mo si Kuya Philip?

*Hindi sasagot si Ed. Tatakbo si Ino papunta sa may pintuan.*

INO (pasigaw): Kuya Philip! Kuya Philip!

*Haharangin ni Ed si Ino. Magpupumiglas ang bata. Hindi s'ya bibitawan ni Ed.*

ED: Ino, halika.

INO: Ayoko. Gusto ko ang Kuya Philip ko. Kuya Ed, nasaan si Kuya Philip?

ED: Ino, halika, turuan kitang tumugtong ng harmonica.

INO (humihikbi): Ayoko. Gusto ko kasama si Kuya Philip ko.

ED: OK lang 'yan Ino. OK lang 'yan. Tahan na. Ito. Ganito ang paghawak ng harmonica.

INO: Kinuha na ba s'ya ng mga alien?

ED: Hindi ko alam. Hindi.

*Patutugtugin ni Ed ang harmonica. Hindi iimik si Ino. Hihiga ito sa mga hita ni Ed. Habang tumutugtog si Ed, maririnig si Ino na kakanta ng "Sampung Mga Daliri." Lalamlam ang mga ilaw sa entablado. Habang kumakanta si Ino ay ipo-project naman sa pader ng entablado ang iba't-ibang mga larawan o news clips ng mga batang napatay, sadya man o nadamay lamang, dahil sa digmaan laban sa droga at ang iilang magpahanggang ngayong hindi pa rin natagpuan simula noong maideklara ang batas military, ang mga desaparasidos.*

INO (umiiyak): SAMPUNG MGA DALIRI. KAMAY AT PAA.  
DALAWANG MATA. DALAWANG TENGA. ILONG  
NA MAGANDA.

*Hihinto si Ino. Ipipikit nito ang kanyang mga mata habang patuloy ang pagtugtog ng harmonica.*

INO: Nanay, Kuya Philip, sunduin n'yo na po ako. Nanay? Kuya?

*Dahan-dahan didilim ang entablado.*

TELON.

# ANG MGA NAIWAN

Soc Delos Reyes

## MGA TAUHAN

Soledad - 61 taong gulang. Pangalan ng anak: Toneng

Analyn - 40 taong gulang. Pangalan ng anak: Buboy

Stella - 26 taong gulang. Pangalan ng asawa: Nel

Taga-panayam<sup>1</sup> - Mga estudyante mula sa isang tanyag na paaralan sa Maynila.

## TAGPUAN

Filipinas. Kasalukuyang panahon. Serye ng mga panayam.

*Pagbukas ng mga ilaw, makikitang may tatlong upuan sa entablado. Papasok sa entablado ang tatlong tauhan at tatayo sila sa likod ng kani-kanilang upuan.*

STELLA: Estrella Villanueva.

ANALYN: Analyn Ortega.

SOLEDAD: Soledad Recio.

---

<sup>1</sup> Kung hindi nakatukoy sa teksto, karaniwang hindi naririnig ang mga taga-panayam at nakaposisyon sila sa pwesto ng madla. Subalit, maaaring gumanap bilang taga-panayam ang ibang aktor habang nagaganap ang monologo ng isang tauhan.

*Maririnig ang ingay ng isang cafeteria. Magbabago ang eksena, tingo kay Analyn.*

**ANALYN:** Sige na, magmerienda na kayo. Wag na kayo mahiya. Lagi namang sumusobra ang luto nila rito sa cafeteria. (*Patlang*) Wala kayong inaabala. Mangilan-ngilan lang ang dumaraan pagkatapos ng tanghalian. Siesta namin 'to—ay muntik ko nang makalimutan—gusto ninyo ng Coke? Kape? (*May sesenyasan siyang kapwa-serbidora*) Kung maka-Manang naman kayo, ate Analyn na lang. Hindi pa naman ako gano'n katanda. (*Bahagyang matatawa*) Sori, medyo kinakabahan lang. (*Aayusin ang pagkakaupo at ihaharap ang katawan tungo sa isang kamera*) Analyn Ortega. 40 taong gulang. Taga-North Fairview. Mag-iisang taon na rin siguro. Noon, halos araw-araw dumarating ang mga reporter. Kahit sa lamay, ando'n sila. Ang daming tanong, paulit-ulit! Nakakakaba pala ang mga kamera. Parang natutunaw ako sa mga ilaw. Pumutok ang pangalan ng anak ko pagkatapos mabalita e. Mga reporter din ba kayo? (*Patlang, halatang manghihinayang si Analyn sa narinig niyang sagot*) A, estudyante. Sa'n kayo nag-aaral? (*Patlang*) Maganda raw do'n. No'ng bata si Buboy, sabi niya mag-aaral daw siya ro'n. (*Patlang*) Ay, hindi. Hanggang elementari lang ang anak ako. Dumiretso sa pagtatrabajo. (*Patlang*) Kung ano-anong, kung sa'n-sa'n nagsususuot para makakuha ng pera. Pagtagal, napunta siya sa construction. Hindi malaki ang kita pero may nauuuwi kahit papa'no.

**TAGA-PANAYAM:** Totoo po bang gumamit siya ng droga?

**ANALYN:** Oo, gumamit siya. Shabu. Salot talaga 'yan dito sa 'min. Ang daming mga batang napapagamit dahil sa hirap ng buhay. (*Patlang*) Hindi ka kasi nagugutom pag gumagamit ka. Tapos 'yong pagod din parang nawawala raw talaga pero kako, isip naman ang kapalit. Salot talaga e. Alam mo naman, banatan talaga ng buto sa construction kaya lahat napapagamit, naimpluwensiyan lang si Buboy. Mali naman talaga, di ko ipagkakaila 'yon. Sabi ko nga sa kaniya, kasalanan 'yan sa Diyos. Sabi nga sa Bibliya di ba, templo ang katawan, gawa 'yan ng Diyos at dapat alagaan. Pero 'yon, napagamit pa rin si Buboy.

### *Patlang.*

Pero tumigil siya noong tumakbo si Digong. Nag-ayos ng buhay. Gabi-gabi nagdadasal, Sabado't Linggo kung magsimba—tinalo pa 'ko e—pangako. (*Patlang*) Pro-Duterte kasi kami. Naniwala nga kami sa pagbabagong pinangako. Ika nga ni Buboy, kasama raw ng pagboto niya kay Digong ang pagtigil niya sa droga. Idinaan niya sa pagtrabaho, pagkain nang maayos, pagdarasal. Pagkatapos ng eleksyon, nagpalista pa siya sa barangay. 'Yong parang watchlist ng mga dating gumagamit.

### *Patlang.*

May mga flyer na ipinakalat ang mga tanod. Libreng gamot daw, kawnseling, tapos may pa-zumba pa sa kort. Tuwang-tuwa pa si Buboy no'ng ikinukuwento niya sa 'kin. Inabangan niya 'yon e, gumigising pa siya no'n nang maaga para sabayan 'yong zumba-zumba sa Umagang Kay Ganda. Praktis daw e.

Sumunod naman si Buboy sa lahat ng pinagawa. Siya pa ngang unang nagpalista sa barangay, e. Pagkaanawns na pagkaanawns sa 'min, diretso siya sa barangay. Sinunod niya lahat. Hindi ko alam kung bakit dinamay pa siya ng pulis. (*Patlang*) Wala, walang kaaway 'yon dito. Kuya nga ang turing sa kaniya rito. Taon-taon nagko-coach nga siya sa mga paliga-liga sa barangay. Kahit droga, nililimot niya para sa mga pleyer niya. Do'n siya pinakamasaya.

*Magbabago ang eksena, tungo kay Stella.*

**STELLA** (*tungo sa anak na hindi nakikita ng madla*): Jaja! Gawin mo na muna ang homework mo, anak. Dali na. (*Mapapabuntong-hininga*) Sori, 'nak, kailangan ko muna kausapin sina ate at kuya. Hindi puwede, usapang matanda 'to. (*Bahagyang matatawa*) Oo, big girl ka na pero hindi pa puwede, okey? Diyan ka na lang muna kay lola (*tungo sa Nanay na hindi nakikita ng madla*) Nay, sori, puwede po bang samahan ninyo muna si Jaja sa kwarto—

(*Patlang*)

*Papanoorin ni Stella ang pag-alis ng dalawa.*

Pasensiya na, ha. Alam ninyo naman, bata. Kulit. (*Patlang*) Salamat. Namana niya sa ‘kin ang ganda niya. (*Bahagyang matatawa*) Magna-nine sa susunod na buwan.

*Patlang.*

Walang problema. Buti nga nakadayo kayo rito sa Laguna. Grabe talaga ang trapik ‘no? (*Patlang*) Nakita ko sa Facebook ‘yong poster ninyo tapos ... nagbakasakali lang na ano. Salamat talaga.

*Patlang. Ihaharap ni Stella ang kaniyang katawan tungo sa isang kamera.*

Estrella Villanueva. Stella. 25 years old po. Taga-Laguna. September 30 po.

*Patlang.*

Asawa ko si Nel.

*Patlang. Mapapangiti si Stella.*

5 years kaming kasal. Dapat, 5 years na. Pero naging kami no’ng hayskul pa. Nabuntis ako no’ng college, first year kami no’n. Di na kami nakapagtapos.

Akala ko nga, iiwan niya na ‘ko. Iyak ako nang iyak no’ng inamin ko. Alam ninyo kung ano sabi niya sa ‘kin? “Pakasal na tayo.” Akala ko ginagago niya ‘ko. Sabi lang niya, “Ikaw lang naman ang gusto kong pakasalan e.” Putsa, lalo tuloy akong umiyak. Bwisit ‘yon. Hindi muna kami nagpakashal agad kasi pinalaki muna

namin si Jaja. Head weyter siya sa catering para suportahan kami. May iba pa siyang pangarap, pero inuna niya kami. Kaya nagtrabaho siya, kaso minsan ginagabi na ng uwi. Siyempre, ang hirap hindi mag-alala kaya sabi ko magteks siya palagi. Kung gagabihin, habang pauwi, pag malapit na, basta magteks siya.

Sobrang late na no'n. Nakatulog na sa sofa si Jaja kakahintay kaya dinala ko siya sa kuwarto. Nagteks naman sa 'kin si Nel. Pauwi na raw siya. May pasalubong pang keyk. Pero ang tagal niya. Dati, teks siya nang teks kahit bumabiyah e. Hindi ako mapakali. In-on ko ang TV. Ang tahimik kasi. Tsek ako nang tsek sa selpon ko. Pero hindi pa rin siya nagteteks. Baka naubusan ng bateri. O kaya walang signal. Ang bigat na ng mga mata ko kaso hindi pa rin ako mapakali. Pero, nakaidlip ako. Di ko alam kung kailan. Basta nagising na lang ako— Taga-barangay daw. Tinanong kung ako ba si Stella, kung ako ba ang asawa ni Nel. Opo, asawa ko si Nel. Kasi pauwi na raw siya no'n. Tapos nando'n lang siya sa kabilang barangay. May pulis, may suspek. May suspek na hinahabol. Hindi naman daw si Nel. Pero nando'n siya, no'n hinahabol 'yong suspek. Tapos natamaan siya ng bala. Tapos tinanong ko kung okey lang ba siya, di raw niya masagot basta sumama na lang daw ako. Gusto ko kasing malaman kung okey lang ba siya. Tinanong ko kung okey lang ba siya. Okey lang ba siya?! Basta ... sumama lang daw ako. E, hindi ko maiwan si Jaja. Walang magbabantay kay Jaja.

### *Patlang.*

Di ko alam kung paano ipapaintindi sa kaniya. Ako mismo, minsan naiisip kong andito pa si Nel. May mga umaga na— alam mo 'yong medyo gising ka pa pero parang nananaginip ka pa rin? Gano'n. Minsan, pagkabangon ko, maiisip kong andito siya. Sa tabi ko. Tapos matatauhan ako.

*Magbabago ang eksena, tungo kay Soledad. Maririnig ang ingay ng lungsod.*

**SOLEDAD** (*nagbebenta ng mga tsinelas sa bangketa*): Pipti, pipti! (*makikita ang mga taga-panayam*) Kayo na naman. A, mga estudyante, ‘kala ko kasi mga reporter. Galit ako sa mga reporter. O tsinelas, pipti lang yan. Matibay ‘yan. E, ano nga ‘yong itatanong ninyo? Tungkol sa anak ko? Iyan, magandang klase ‘yan, bagay sa paa mo. E mabilis lang ba ‘to? (*Ihaharap ang kaniyang katawan tungo sa isang kamera*) E, ‘yon ba, ‘yong pula? May recording? Aksiyon na? Aksyon. Soledad Recio, 61. Balo na. Taga-Marikina. ‘Yong anak ko, tatlo. ‘Yong dalawa, nasa kulungan. Ano pa nga ba, e di droga? Matagal na, bago pa maupo si Digong. ‘Yong isa ko pang anak, pinatay no’n September. September 5, 2016? 2016.

*Patlang. Sandaling magliligpit ng mga tsinelas si Soledad habang nakikinig.*

Si Toneng. Siya kasi ang bunso sa lahat. Siyempre, sunod nang sunod sa mga kuya. Di pa alam ang gagawin niya. Asar talo lagi kasi siya ang bunso. Uwi, paiyak-iyak. Magpapabunso. Ang gagawin ko, patatahanin ko. Pero mahabang patahan. Kailangan pang kantahan, susmaryosep. Pero a’yon, tigas ng ulo, susunod pa rin sa mga kuya. Tinuruan na siya ng kung ano-ano, pati droga.

*Patlang.*

Nagtatraysikel siya noon. Maaga pa lang, aalis na ‘yon para mamasada. Pagkauwi, mag-aabot ng pera, “Nay, pangbigas. Pang-ulam.” Paboritong ulam ... adobo. Kaya ayun, puro toyo ang laman ng utak. Linggo-lingga, tuwing dadalaw kami sa mga kuya niya, papaalala niya lagi, “Nay, magluto ka ng adobo para sa mga kuya.”

*Patlang.*

Gabing-gabi no’n. Wala pa si Toneng sa bahay kasi namamasada pa. Lasing kasi no’n ng nakaraang gabi. Ayun, di nagising nang maaga. Sinubukang bumawi. Buong gabi nagtatrabaho. Sabi ng mga drayber, tulog daw siya no’n sa traysikel. Umidlip muna kasi

nga puyat. Dinampot daw bigla ng pulis. 'Yong kumpare niya, pumunta sa bahay namin no'ng madaling araw. Si Toneng daw, nasa kabilang barangay. May mga reporter tsaka pulis. Sumama ako sa kaniya. Pagkarating ko ... si Toneng nga. Nakahilata sa daan.

Nakita ko siya. Wala akong masabi. Wala akong magawa. Yinakap ko na lang siya nang mahigpit. Parang dati lang noong pinapatahan ko pa siya. Anak. Andito lang ako. Anak, tahan na, andito na si Nanay. H'wag na iyak. H'wag na mag-alala. Andito lang ako, andito ... (*Patlang*) Wala akong nagawa. Ang daming ilaw. Ang daming tao. Kinuha ng pulis ang bangkay niya. Dinumog ako ng mga reporter.

Di naman siya kailangang patayin. Sana itinambak na lang siya sa presinto kasama mga kuya niya. Para makita ko pa siya, kahit kada linggo lang.

**ANALYN:** Dapat nasa bahay lang siya no'n. Nag-iinuman sila ng barkada niya. Naglalaro ng tong-its. Tapos biglang may tumawag kay Buboy. May mga pulis daw do'n sa bahay ng isa sa mga pleyer niya. Sabi ko nga sa kaniya, "Wag ka nang magpunta ro'n, delikado." Tumawa lang siya. Wala naman daw mangyayaring masama. Kakausapin lang daw niya.

### *Patlang*

Ikinuwento na lang sa 'kin kung ano nangyari. Sinabi ko na ngang delikado e. Ba't kasi hindi siya nakinig? Nagmamakaawa raw si Buboy sa mga pulis. Susuko naman daw. H'wag daw magpapaputok kasi nga may mga bata sa loob ng bahay. H'wag daw magpa— (*Maririnig ang tunog ng pagputok ng baril. Tatlong beses. Patlang*) 'Yong una, sa pader ng bahay. Manipis pa naman 'yon. Buti na lang walang natamaan sa loob. Lumusot daw talaga'yong bala. 'Yong pangalawa at pangatlo, kay Buboy. Sinangga raw niya 'yong mga bala. Ang sabi sa 'min ng pulis, nanlaban daw. Napilitan daw silang magpaputok. Pero hindi, sinangga ni Buboy ang mga bala. Kasi nga, may mga bata sa loob ng bahay.

*Patlang.*

No'ng kukunin ko na sana si Buboy, hininggan pa nila 'ko ng twenti-payb tawsand. Punerariya, autopsy ... Diyos ko, saan ako pupulot ng twenti-payb tawsand? Isang buwan bago ko siya nakuha. Sila naman 'yong nagpaputok ng baril. Sila naman ang pumatay sa anak ko. Dapat sila ang nagbayad. Dapat nga ako 'yong binigyan nila ng twenti-payb tawsand.

**STELLA:** Pagkatapos ilibing si Nel, nakitira na kami ni Jaja dito sa Nanay ko. Para makalayo. (*Patlang*) Pero kasi ... no'ng isang linggo, umuwi si Jaja tapos ang dami niyang sugat. Umiiyak kasi pinagkaishahan daw ng mga kaklase niya. Tinawag siyang anak ng adik, paulit-ulit. Anak ng adik. Nakakagalit talaga. E umalis nga kami ng Maynila kasi pinagtitsimisan nila si Nel. Kesyo adik naman daw talaga'yong asawa ko at binubugbog daw kaming mag-inia. Tapos ngayon, kung kailan nakalayo na kami, makikita ko 'yong anak ko, binu-bully? Sinugod ko talaga ang mga magulang. Ano ba naman yan, bakit di nila pagsabihan 'yong anak nila? (*Patlang*) Oo, nag-sorry. Pero pati ba naman dito, hahabulin kami ng tsismis.

**SOLEDAD:** E 'di eto, mag-isa na lang. Siyempre, kailangan ko pa rin kumayod para sa dalawa kong anak. Linggo-lingga, bibisitahin ko't dadalhan ko ng adobo. Baka multuhin ako ni Toneng kung makalimutan ko e. (*Bahagyang mataawa*) Napakatahimik kapag mag-isa ka na lang. Lalo na no'ng Pasko at bagong taon. Naki-noche buena na lang ako sa kapitbahay. No'ng bagong taon naman, pinanood ko ang mga paputok. Tapos bumili ako ng isang roman candle. Paborito 'yon ni Toneng e. No'ng bata pa siya, nangangaroling siya para makabili ng roman candle. Masaya naman, kahit papaano.

**ANALYN:** Dalawang linggo na no'n, di ko pa rin nakukuha ang bangkay niya. Tapos nagpakita siya sa 'kin. Hindi. Hindi ako nagmamatikmata no'n, totoo talaga ang nakita ko. Nando'n siya sa tabi ng mesa, nakaupo, walang sinasabi. Pero habang tumatagal, mas lalong nabubuo 'yong itsura niya, na parang pwede ko na siyang

mahawakan. Suot niya 'yong t-shirt niya no'ng gabing binaril siya tapos unti-unti nakukulayan ng dugo ang suot niya. Umiiyak siya. Pero hindi pinapahid 'yong luha niya. Hindi kumikibo. Walang sinasabi. Gabi-gabi siyang nagpapakita sa 'kin, hanggang sa nakuha ko ang bangkay niya. Pero hanggang sa huli, wala akong nasabi sa kaniya.

*Patlang. Makikinig ang tatlo, tila pinapakinggan ang parehong tanong mula sa taga-panayam.*

STELLA: Hindi.

ANALYN: Hindi.

SOLEDAD: Hindi. Kanino naman ako pupunta? Sino kakasuhan ko? Wala raw ebidensiya. Nakita lang daw 'yong bangkay niya sa kabilang barangay. Ano pang magagawa ko?

ANALYN: Kahit ano pang sabihin ko, pareho pa rin ang sasabihin nila. Nanlaban daw.

STELLA: Sabi nila, ligaw na bala lang daw. Ayaw nilang amining napakamalan nila si Nel.

*Patlang.*

ANALYN: Ipinagdarasal ko na lang siya. Sana tinanggap ng Diyos si Buboy. Namatay naman siyang sinusubukang iligtas ang iba. Sana sapat na 'yon. (*Mapapatigil, may kukuning papel mula sa bulsa*) Hihingi sana ako ng pabor, baka pwede ninyong mahanan ng paraan na makaabot 'to kay Digong. Baka kung mabasa niya 'to, matulungan niya ako. Baka mapakulong 'yong mga pulis na pumatay sa anak ko. Pasensiya na, akala ko kasi no'ng una mga reporter kayo. Pero nag-aaral naman kayo sa magandang skul, di ba? Baka may kakilala kayo. O kaya i-post ninyo sa Facebook para mag-viral? Bakasakali lang, wala nang makikinig sa 'kin. (*Iaabot ang papel*)

SOLEDAD: Wala naman akong magagawa. Habang nabubuhay, tuloy lang ang laban. Kailangan pa ako ng dalawa kong anak. Isasa-Diyos

ko na lang ang lahat ng sama ng loob ko. Tatal, wala namang maitutulong dito ang sama ng loob.

**STELLA:** Nag-promise ako kay Nel na bubuhayin ko ang anak namin. Kaya susubukan kong h'wag mabaón sa sama ng loob. Di ako papayag na mamatay siya nang gano'n-gano'n na lang. Gusto kong malaman niyang hindi ko siya kakalimutan.

*Makakarinig ng voice-over na binibigkas ang mga pangalan ng mga biktima ng EJK. Isa-isang aalis ng entablado ang mga tauhan.*

**VOICE-OVER:** Christopher Dawal. San Juan.

Alyas "Jojo". Caloocan.

Unidentified 4 month old baby. Cebu.

Irene Dacoba. Pasig.

Unidentified casualty. Zamboanga ...

*Patuloy ang pagbigkas ng mga pangalan ng mga biktima. Unti-unti itong hihina kasabay ng paglamlam ng ilaw sa entablado, hanggang sa maglaho ang lahat. Wakas.*

# AN ARCHIPELAGO OF DESIRE:

## Alfred Yuson's Islands of Words & Other Poems

(MANILA: UST PUBLISHING HOUSE, 2015)

Ma. Ailil B. Alvarez

Only in a poet's imagination can loneliness be ferried out into the sea, where it builds on a need to be abated and its desire finds solace in an archipelago of syllables architected to depict the spectral hues of human experience. These and more are promised by Alfred A. Yuson's poems in his 2015 collection, *Islands of Words & Other Poems* (Manila: UST Publishing House).

The title clues readers in on how the book is structured: the first part is composed of poems on a variety of topics, while a long narrative poem in the guise of a poem cycle occupies the second half of the book.

In Yuson's poems, ideas always find a comfortable fit in form. In "Contours, liquid" (p. 48), for instance, the lines are short, mimicking the very movement of fluid, of every slide and drop, as well as the quick pulsating rhythms of lovemaking.

His poems can, on the other hand, also look like they are lyrical renditions of a modernist, abstract painting because of the visual as well as acoustic appeal of his verses. In the opening poems aptly titled "Conversation 1" and "Conversation 2" (pp. 3-6), the stanzas on the page visually look like black and white boxes on a checkerboard, indicating the alternating and contrasting insights of a man and a woman. Moreover, the images he chooses, when juxtaposed, create tension in the enjambments. As in the first stanza of "Self-flagellation":

A poem of over a hundred  
years ago  
speaks to us  
from a future  
illumined by progress  
of streetlamps, the dogs  
of a century still raising  
one foreleg in the cause  
of correct direction. (p. 49)

But it is clear that the poet's primary interest is in wielding language as a weapon. This is true in "Broken, gilded words" (pp. 55-6) where his discovery of Japanese terms for things "both ordinary and strange," in "our world / or in theirs" (thereby creating a locus of externality in the treatment of the connection), such as *tsundoku*, "the mania / of acquiring books only / to leave them unread in piles / all over intimate areas," and *kintsugi*, the craft of "mending / a broken ceramic piece / by rejoining the shards / with no less than gold." He leaves the reader with this insight, sonorous as it is profound: "that any piece of art becomes / even better when flawed — / with any marring effect / as a spirit line for escape."

Master of alliteration, of sibilance, of assonance: lines such as the following from "Performance Artist" prove his prowess as a craftsman of language, as someone who knows how to play with the tools he is given:

Scissors shearing her lush hair  
or disembowelling a teddy bear.

Why, it's a performance lady  
getting a rise from viewers' comforts.  
She's in a zone between zigzag and zymurgy,  
afflicting the calm and collected  
stances of staid or curious watchers.  
Woe woe to their ways of semblance  
to lives conflicted as in the stop and go,  
cum distilled pauses, of the everyday. (p. 31)

In “Random kindness, acts of,” the associative power of imagery are used to the full when words loop and connect in couplets like links on a chain:

When the letter left her fervid hand  
the poinsettia started turning red.

How distance amplified the words  
of poignance, caused colors to weep

the way bright ships turned ghostly dim  
upon sailing farther into season’s horizon. (p. 53)

The poet delights in giving his images the unexpected twist. In “Prodigy” (pp. 41-2), a chess game is used as a metaphor for what seems to be the Anxiety of Influence, of overthrowing tradition and favoring the young. A parallel father-and-son dynamic is touched on in “Ink,” where the speaker himself cringes at the sight of his son’s first foray into tattooing, asking “Why couldn’t he just have vandalized / the neighbor’s walls, rather / than break the rhythm of his skin?” and leading him to conclude,

Time ruins happy places all the time.  
Change reigns each time our wives  
grunt and give birth to the next decades  
of wasted tradition (p. 43)

The other poems reveal his varied interests: food and cooking (which, in “Blood Moon and Beef Bourguignon,” were used as metaphors for a deteriorating relationship [p. 46]), sports (in “Being One,” he focuses on “the way Nadal grunts, almost / with venom” [p. 8]), politics (“Being a Hero” and “Ready to Reply in the Proper Forum,” “What Else But Such” [pp. 16-9, 57-8, 29-30]), tributes to his friends, and significant cultural events, like Pope Francis’ Philippine visit (in “Kinds of Happiness” [pp. 27-8]). Some of his poems offer a sliver of spirituality, such as “The Long Poem to Faith” (pp. 11-3). But in all of them is the trademark Yuson style of underplaying humor, sometimes couched in subtle erotic subtexts, as his preferred mode of language play.

As to the collection’s title poem, “Islands of Words,” this is Yuson turning to the mythical, ordaining his own brand of mythopoesis. It recalls a time of tribal imagination of folkloric proportions. It imagines the customs

and lifeways of a tribe that exists in the realm of myth: it articulates their fears, depicts their battles and explorations, sings their incantations, personifies the wood made into boats. Centered around the sea, the work is suggestive of life and of truth—so much so that when the people in the poem learn there is another name for it, it shattered everything they believed in, and so forced, they bid farewell to beauty.

The poet also varies verse length and stanza forms in this poem, to depict different personae. He also writes of songs and dances and rituals and priestesses—the exotic-sounding landscape is ripe with possibilities for tension, and conflict—which, as Tim Tomlinson wrote in his introduction, is the “engine of narrative” (p. ix). What is remarkable is how Yuson, in all things, touches on the myriad forms of exodus, of the pains of leaving and starting over, of differences in language as the lifeblood of a culture, of change and conversion, and conflicts between convention and innovation—the cycle could easily be taken as an allegory of a myriad situations that touch on domains both personal and political.

The persona delights the reader in poetic descriptions of action, speech, and character—a beautiful, fluid lyricism. It is as if the long poem is interested in telling a story as much as it is invested in becoming a poem. Rich in the employment of other sound devices in English, it is clear that every line bears the stamp of the poet, where he does precisely what he does well:

Hiss. Crackle, sparkle. We dance till the dry branches  
are consumed, and the glow intermittent on our faces  
and ankles dies out with the magic, till old and young  
together we are happy in exhaustion, our feet stomping  
with reduced fury on our sacred ground, till the chief  
pounds the gong with dreamweave cloth sheathing  
his wooden fist, till the priestess points to the sparks  
and the stars, and the children pray with her for marvels. (p. 67)

Tomlinson also quotes Merlie Alunan in saying that “poetry isn’t about words, poetry is about the silence after the explosion that the words lead to.” At the end of the poem cycle, that is indeed what the reader immerses him or herself in, thinking about “heroic acts / of bitterly, happily, slaying one another” (p. 107).

## THE CONTRIBUTORS

**Gémino H. Abad** is a University Professor emeritus of literature and creative writing, is a poet, fictionist, and literary critic and historian, with various honors and awards. In 2009, he received Italy's Premio Feronia ("Foreign author category") for his poetry, later published as a bi-lingual edn., *Dove le parole non si spezzano* (Roma: Edizioni Ensemble, 2015; a cura di Gëzim Hajdari, traduzio-ne di Andrea Gazzoni). *When Bridges Are Down, Mountains Too Far* (2020) is his eleventh poetry collection, and *Past Mountain Dreaming* (2010), his ninth of critical essays; he has two collections of short stories, *Orion's Belt* (1996) and *A Makeshift Sun* (2001). He is known also for his anthology series of Filipino poetry in English from 1905 to the 1990s: *Man of Earth* (co-ed., Edna Zapanta Manlapaz; 1989), *A Native Clearing* (1993), *A Habit of Shores* (1999), and its 2-vol. sequel, *The Achieve of, the Mastery* (co-ed., Mookie Katigbak-Lacuesta, 2018); and his six-volume anthology of Filipino short stories in English from 1956 to 2008: *Upon Our Own Ground* (2008), *Underground Spirit* (2010), and *Hoard of Thunder* (2012). He obtained his Ph.D. in English at the University of Chicago in 1970, and continues to teach at U.P. where he has served as Secretary of the University, Vice-President for Academic Affairs, and Director of the U.P. Creative Writing Center (now an Institute).

**Marren Araña Adan** was granted fellowships for writing fiction from UST CCWLS and DLSU-Iyas, writing children's story from Lampara, and writing criticism (urban design and cultural studies) from DLSU-Kritika. His fiction can be read in *Oyayi*, *Katastropiya*, *Vox Populi*, *Philipine Daily Inquirer*, *Balintuna*, *Aksyon*, *Inkwentro*, and *Basag*, essay in *Novice* and *Valenzuela Network*, poetry in *Liwayway*, and criticism in *Gaslight Online* and two issues of *Kult journal*. He co-edited *Abstract Jupiter* and *Ang Pulo*. His collaborative work *Ortigas Excursions* was granted Komura; Creators' grant.

**Virgilio S. Almario**, isang nangungunang makata, kritiko, editor, tagasalin, guro, at administrador pangkultura. ginawaran ng National Artist for Literature--ang pinakapremyadong parangal ng Republika ng Filipinas--noong 2003. Hinawakan niya ang matataas na posisyon sa pamahalaan bilang Direktor ng Sentro ng Wikang Filipino - UP Diliman, Dekano ng Kolehiyo ng Arte at Literatura sa UP Diliman, Tagapangulo ng Pambansang Komisyon para sa Kultura at Sining (NCCA), at Tagapangulo ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF).

**Ma. Ailil B. Alvarez** currently serves as Director of the UST Publishing House. She is also an Assistant Professor in the UST Faculty of Arts and Letters-Department of Literature, a Resident Fellow of the UST Center for Creative Writing and Literary Studies, and a Faculty Researcher at the UST Research Center for Culture, Arts and the Humanities. Her book of critical essays, *Slivers of the Sky: Catholic Literary Readings and Other Essays* (2016), was named a finalist in the 36th National Book Awards for the category Literary Criticism/Literary History in English.

Si **Stefani J. Alvarez** ay nagkamit ng National Book Award mula sa Manila Critics' Circle para sa Best Book of Non-Fiction Prose in Filipino para sa kaniyang unang librong *Ang Autobiografia ng Ibang Lady Gaga* (Visprint, 2015). Kinilala rin sa nasabing parangal para sa Best Book of Short Fiction ang kaniyang nobelang *Kagay-an, At Isang Pag-Ibig Sa Panahon ng All-Out War* (Psicom-Literati, 2018). Nalathala ang ilan sa kaniyang mga akda sa *Liwayway* at iba pang antolohiya gayundin, isinalin sa English, Chinese, at Bahasa para sa *Afterwork Readings* ng Para Site – Hong Kong. Tagapangulo siya ng Kataga - Online, isang sangay ng grupong Kataga - Samahan ng Mga Manunulat Sa Pilipinas at Honorary Member ng NAGMAC (Nagkahiusang Magsusulat sa Cagayan de Oro). Naging fellow siya sa iba't ibang creative writing workshops. Isa siyang OFW simula pa noong 2008 at kasalukuyang naninirahan sa Al-Khobar, Saudi Arabia.

**Mark Anthony Cayanan** obtained an MFA from the University of Wisconsin in Madison and is a PhD candidate at the University of Adelaide. They are the author of *Narcissus* (Ateneo, 2011) and *Except you enthrall me* (UP, 2013); their third poetry book, *Unanimal, Counterfeit, Scurrilous*, is forthcoming from Giramondo Publishing in 2021. New work has appeared or is forthcoming in, among others, *Crab Orchard Review*, *The Margins*, *Overland*, *The Spectacle*, and *Lana Turner*. A recipient of fellowships from Civitella Ranieri in Italy and Villa Sarkia in Finland, they teach at the Ateneo de Manila University.

**Joselito D. De Los Reyes** has a BSE Social Science degree from Philippine Normal University. He obtained his master's and doctorate degrees in Philippine Studies from De La Salle University, where his final research project received an Outstanding Dissertation Award. He is the author of *Paubaya* (UST, 2014), *Troya: 12 Kuwento* (Visprint, 2016), two National Book Award-winning collections of essays about social media: *Istatus Nation* (Visprint, 2014) and *Titser Pangkalawakan* (Visprint, 2015), and numerous literary translations including the timeless novel *Ang Metamorphosis* of Franz Kafka. His latest book, *Finding Teo: Tula/Talambuhay* (UST, 2018), won the 2018 National Book Awards for Nonfiction. He has won several awards and citations from the National Book Development Board, the National Commission for Culture and the Arts, the Dr. Pio Valenzuela Memorial Awards for Journalism and Literature, and the Dangal ng UST. He is the 2013 Makata ng Taon (Poet of the Year), an award given by the Commission on Filipino Language. He was a recipient of the 2020 Gawad Sulo-PNU Eminent Alumni Awards. He is a regular popular culture opinion contributor for *Abante* and *Rappler*. He is a member of LIRA, UMPIL, Museo Valenzuela Foundation, and Lucban Historical Society.

**Rodrigo Dela Peña, Jr.** is the author of *Aria and Trumpet Flourish* (Math Paper Press, Singapore) and the chapbooks *Requiem* and *Hymnal* (Vagabond Press, Australia). His poems have been published in *Tomas*, *Likhaan: The Journal of Contemporary Philippine Literature*, *Kritika Kultura*, *Banwa*, and other journals and anthologies. He has received prizes from the Carlos Palanca Memorial Awards for Literature, Kokoy F. Guevara Poetry Competition, Sixfold, and the British Council. He has been based in Singapore since 2011.

**Si Soc Delos Reyes** ay nagtapos ng BFA Creative Writing mula sa Pamantasang Ateneo de Manila. Naging bahagi siya ng Virgin Labfest Fellowship Program, Palihang LIRA, UST National Writers' Workshop, Henry Lee Irwin SJ Chair Creative Writing Workshop, at Ricky Lee Scriptwriting Workshop. Itinanghal ang kaniyang mga dula sa Ateneo Fine Arts Festival, Virgin Labfest ng CCP, at ng Teatro Kolchiyo ng Miriam. Kasapi siya ng Linangan sa Imahen, Retorika, at Anyo (LIRA) at alumnus ng Tanghalang Ateneo. Kasalukuyan siyang nagtuturo sa High School department ng The Raya School.

**Si Mina Deocareza** ay nagtapos ng kursong BA Creative Writing sa UP Diliman. Kasalukuyang siyang kumukuha ng MA Language and Literacy Education sa UP Open University. Naging writing fellow siya sa UST National Writers' Workshop (2019). Siya ang tumatayong Editorial Director ng Sinaya Cup.

**George Deoso** finished his bachelor's degree in Literature (magna cum laude) from the University of Santo Tomas, where he is currently taking up his MA in Creative Writing. He is the author of *Revolt and Other Horrors* (UST, 2020). For his works, Deoso received twelve Gawad USTetika awards. His essays, stories, and poems have appeared in *Dapitan*, *Liwayway Magazine*, *The Sunday Times Magazine*, *Philippine Panorama*, *Philippine Daily Inquirer*, and *Sustaining the Archipelago: An Anthology of Philippine*, among other publications. He was also a fellow for poetry in the national writers' workshops of UST, De La Salle University, and Silliman University.

**U Z. Eliserio** is an artist from Marilao. For his works, visit: [www.instagram.com/ueliserio](http://www.instagram.com/ueliserio).

**R. Benedito Ferrão** A writer and academic, he is currently an Assistant Professor of English and Asian & Pacific Islander American Studies at The College of William and Mary and a Fulbright-Nehru Academic and Professional Excellence Research Fellow at the Xavier Center of Historical Research, Goa. In 2017-18, he curated the art exhibition *Goa/Portugal/Mozambique: The Many Lives of Vamona Navelcar* (Fundação Oriente Gallery, Goa), and edited a book of the same title, published by Fundação Oriente

(2017), to accompany this retrospective of Navelcar's art. His scholarly writing appears in various international journals and edited books, including *Research in African Literatures* and *Places of Nature in Ecologies of Urbanism* (HKU Press 2017); his fiction and creative non-fiction can be read in *Riksha*, *The Good Men Project*, *Mizna*, *The João Roque Literary Journal*, and other publications.

Si **Ralph Fonte** ay manggagamot at manunulat mulang Kalakhang Maynila. Makailang ulit nang nagwagi sa mga patimpalak ang kaniyang mga tula. Mababasa naman sa mga lathalain gaya ng *Young STAR*, *Cha: An Asian Literary Journal*, *Voice&Verse Poetry Magazine*, at *Cordite Poetry Review* ang iba niyang mga akda. Nakapagtanghal na rin siya bilang makata sa iba't ibang entablado sa Timog-Silangang Asya.

**Ralph Semino Galán**, poet, literary and cultural critic, translator and editor, is the Assistant Director of the UST Center for Creative Writing and Literary Studies. He is an Associate Professor of Literature, the Humanities and Creative Writing in the UST Faculty of Arts and Letters and the UST Graduate School. He is the author of the following books: *The Southern Cross and Other Poems* (UBOD New Authors Series, NCCA, 2005), *Discernments: Literary Essays, Cultural Critiques and Book Reviews* (USTP, 2013), *From the Major Arcana [poems]* (USTPH, 2014), and *Sa mga Pagitan ng Buhay at Iba pang Pagtutulay [translations]* (USTPH, 2018).

**Eugene Gloria** is the author of four books of poems—*Sightseer in This Killing City* (Penguin-Random House, 2019), *My Favorite Warlord* (winner of the Anisfield-Wolf Book Award), *Hoodlum Birds*, and *Drivers at the Short-Time Motel* (a National Poetry Series selection and recipient of the Asian American Literary Award). In 2017, Gloria served as a Senior Fulbright Lecturer at the University of Santo Tomas in Manila. He is the John Rabb Emison Professor of Creative and Performing Arts and Professor of English at DePauw University.

**Popi Laudico** is an Architect by profession, an Iyengar Yoga teacher, and an avid Argentine Tango enthusiast. Her book, *Shaw Boulevard*, was published by UST Publishing House (2018). She was part of the anthologies *Turning Points* (Anvil), which was a finalist at the 31st National Book Awards, *Friend Zones* (Ateneo), and *Be Hands On* (Anvil). Her work has been published in *The Philippine Free Press* and *Inquirer Red Magazine*.

**Rolin Cadallo Obina** is a Collections Director in one of the leading financial companies in the country. He is a playwright and is an active member of The Writer's Bloc, an organization of playwrights based in Manila. He is an alumnus of Ricky Lee's Scriptwriting Workshop and Rody Vera's Playwriting Class. His plays *Ang Pag-uulyanin ni Olivia Mendoza* (2019) and *Mga Bata sa Selda 43* (2018) were staged at the Cultural Center of the Philippines (CCP) through the Virgin Labfest. He has won the Don Carlos Palanca Award for Literature (2018) for his full-length stageplay, *San Nicolas, Ang Sarsuwela*. He is currently pursuing a Master of Arts in Creative Writing at the Pontifical and Royal University of Santo Tomas in Manila.

**Jenny Ortuoste** has written about horseracing many times before. Her piece on the now-defunct Santa Ana Park won a first-place Carlos Palanca Memorial Award for the essay. As an industry insider of nearly 30 years' standing, she wrote a horseracing column, "The Hoarse Whisperer" for the *Manila Standard*, where she simultaneously wrote opinion, "Pop Goes The World.". Five of her fiction stories have garnered Nick Joaquin Literary awards and have been published in Philippines Graphic and other publications, while her creative nonfiction has appeared in UST's *Tomás* and the University of the Philippines-Diliman's *Likhaan*. Her short story collection, *Fictionary*, was published by UST (2016). Some pieces from her *Salitang Makulay* series of embroidered works were exhibited at the *Chromatext Rebooted* show at the Philippines' Cultural Center in 2016. Two of her artworks have graced the covers of books – one of a UST author, the other of a Fil-American poet in Northern California. She teaches creative writing at the UST Graduate School, where she is an assistant professor. She obtained BA and PhD Communication degrees from UP-Diliman, and an MBA from the Ateneo de Manila University.

**Si Chuckberry J. Pascual** ay nagtapos sa UP Diliman. Siya ang awtor ng *Kumpisal* (UST), *Pagpasok sa Eksena* (UP Press), *Ang Nawawala* (Visprint), *Ang Tagalabas sa Panitikan* (UST), at *Hindi Ito Romansa* (Sentro ng Wikang Filipino). Nagtuturo siya sa UST at nagsisilbing Resident Fellow ng CCWLS at Faculty Researcher ng RCCAH.

**Danton Remoto** studied at the Ateneo de Manila University, Rutgers University (Fulbright Scholar), University of Stirling (British Council Scholar), and the University of the Philippines. His poems have won awards from the Cultural Center of the Philippines Literary Awards and the Philippine Literary Arts Council. In 2015, the Writers Union of the Philippines gave him the Gawad Balagtas National Achievement Award for Poetry in English. He has published three books of poetry and seven books of prose. His last book, *Riverrun, A Novel*, was published by Penguin Random House South East Asia to critical acclaim. He has worked as a publishing director, head of communications at the United Nations Development Programme, and a radio-TV talk show host. His body of work is cited in *The Oxford Encyclopedia of Literature*, *The Princeton Encyclopedia of Poetics and Poetry*, and *The Routledge Encyclopedia of Postcolonial Literature*.

**Anna Felicia C. Sanchez** is the author of the fiction collection *How to Pacify a Distraught Infant: Stories* (UP), which was a finalist in the 2018 National Book Awards, and the chapbook *Frog Leap & Other Stories*, published under the first NCCA Ubod New Authors Series. As Anna Ishikawa, Sanchez wrote the chick lit novellas *Odd Girl Out* and *Glamour Games* (PSICOM), as well as *Where Your Dreams Come True* (Fox Books). A number of her stories have won prizes in the Amelia Lapena-Bonifacio, Free Press, and Palanca literary awards. Her nonfiction pieces about parenting and disability have seen light in the *LIKHAAN: The Journal of Contemporary Philippine Literature* and the anthology *Here and Now: Selected Poetics from the UP National Writers Workshop*. She finished her bachelor's and master's degrees in the Department of English and Comparative Literature of the University of the Philippines in Diliman, where she teaches literature and creative writing. She is currently an associate at the UP Institute of Creative Writing. Her second collection, *Pics or It Didn't Happen and Actual Stories* is due for publication by the UP Press.

**Joey A. Tabula** studied Medicine and Internal Medicine at the University of the Philippines. He was the editor of *From the Eyes of a Healer: An Anthology of Medical Anecdotes*, co-editor of *BULAWAN: Interviews with Filipino Medical Oncologists*, and co-author in *Painless Evidence-Based Medicine*. He is the vice president and publisher of Linangan sa Imahen, Retorika, at Anyo (LIRA), and a board member of Unyon ng mga Manunulat sa Pilipinas (UMPIL). He is currently writing his thesis for MFA in Creative Writing at the De La Salle University.

**John Iremil Teodoro** He is an Associate Professor and the Graduate Program Coordinator at the Literature Department in the College of Liberal Arts of De La Salle University. He is also the Associate for Regional Literature of La Salle's Bienvenido N. Santos Creative Writing Center. He holds a Master of Fine Arts in Creative Writing, and a Doctor of Philosophy in Literature from DLSU. He is a multi-awarded writer in Kinaray-a, Filipino, Hiligaynon, and English. He is the author of more than 12 books. His collection of short essays *Pagmumuni-muni at Pagtatalak ng Sirenang Nagpapanggap na Prinsesa* won the National Book Award from the Manila Critics Circle and the National Book Development Board. Teodoro is also a scholar of Hiligaynon Literature. He is presently the Secretary General of Unyon ng mga Manunulat sa Pilipinas (UMPIL or the Writers Union of the Philippines.)

**Ruth Clare G. Torres** She has a Master of Arts degree in Literature from the University of Santo Tomas, where she received the St. Antoninus Research Paper Presentation. Her work *Teaching Smaller and Smaller Circles as Detective Fiction* was also recently published in *Reading the Regions: Teaching Philippine Literature from Multi Perspectives* by the National Commission for Culture and The Arts. She teaches Spanish I and II to college students.

**Joel H. Vega** lives in Arnhem, The Netherlands, where he works as publications editor. His book *Drift* won the 2019 National Book Awards for Poetry in English and the Philippine Literary Arts Council for Best Poetry in English. His poems have appeared in various literary journals in the US, Philippines, The Netherlands, Germany, Austria, France, and the United Kingdom.

**Maria Amparo N. Warren** is a graduate of the University of the Philippines Diliman's Master of Arts in Creative Writing program. She is an alumna of the 12th IYAS Creative Writing Workshop, the 2nd IWP Alumni Writers' Workshop, the 13th Virgin Labfest Writing Fellowship Program, and the 1st Henry Lee Irwin SJ Chair's Creative Writing Workshop for Playwriting. Her prose has garnered prizes in UP's Amelia Lapeña-Bonifacio Literary Contest and the Nick Joaquin Literary Awards. She is a three-time winner of the Don Carlos Palanca Memorial Awards for Literature, for the categories of One-Act Play and Poetry Written for Children. She was published in *Likhaan: The Journal of Contemporary Philippine Literature, Voice & Verse Poetry Magazine, The Philippines Graphic*, and *Philippine Speculative Fiction Vol. 8*. She teaches creative writing part-time at Ateneo de Manila University.

# THE EDITORS

## Issue Editor

**Dawn Laurente Marfil**, CCWLS Resident Fellow, is the author of *Looking for Polaris: A Memoir of Losing and Finding* (UST, 2016), her first book. She was a fellow of the 3rd J. Elizalde Navarro National Workshop for Arts Criticism in 2011, the UST Creative Writing Workshop in 2012, and the 58th UP National Writers' Workshop in 2019.

## Managing Editor

**Paul Alcoseba Castillo**, CCWLS Resident Fellow, is the author of the poetry collections Pananangan (LIRA, 2016) and Walang Iisang Salita (UST, 2018), which won the National Book Award for Best Book of Filipino Poetry (2018). He won First Place for Poetry in Filipino in the 2018 Palanca Awards, and has also received honors from the Talaang Ginto: Makata ng Taon, and the Manining Midlat Poetry Awards.

**GÉMINO H. ABAD**  
**MARREN ADAN**  
**VIRGILIO S. ALMARIO**  
**MA. AILIL B. ALVAREZ**  
**STEFANI J. ALVAREZ**  
**MARK ANTHONY CAYANAN**  
**RODRIGO DELA PEÑA, JR.**  
**JOSELITO D. DE LOS REYES**  
**SOC DELOS REYES**  
**GEORGE DEOSO**  
**MINA DEOCAREZA**  
**U Z. ELISERIO**  
**R. BENEDITO FERRÃO**  
**RALPH FONTE**  
**RALPH SEMINO GALÁN**  
**EUGENE GLORIA**  
**POPI LAUDICO**  
**ROLIN CADALLO OBINA**  
**JENNY ORTUOSTE**  
**CHUCKBERRY J. PASCUAL**  
**DANTON REMOTO**  
**ANNA FELICIA C. SANCHEZ**  
**JOEY A. TABULA**  
**JOHN IREMIL TEODORO**  
**RUTH CLARE G. TORRES**  
**JOEL H. VEGA**  
**MARIA AMPARO WARREN**

# TOMÁS

The Journal of the UST Center  
for Creative Writing and Literary Studies